الدروس اليومية ـ فلبيني

# Mga Pang-araw-araw na Aralin



جمعية الدعوة بالزلفي

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي

هاتف: ٤٢٣٤٤٦٦ ٠١٦ ـ فاكس: ٤٢٣٤٤٧٧ ٠١٦

97

# Mga Pang-araw-araw na Aralin

## الدروس اليومية – اللغة الفلبينية

جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات في الزلفي
Tel: 966 164234466 - Fax: 966 164234477

**الدروس اليومية**
**ترجمه إلى اللغة الفلبينية**
**جمعية الدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالزلفي**
**الطبعة الثانية: ١٤٤٢/٨ هـ.**

**ح شعبة توعية الجاليات بالزلفي**

**فهرسة مكتبة الملك فهد الوطنية**

شعبة توعية الجاليات بالزلفي
الدروس اليومية/ شعبة توعية الجاليات بالزلفي – الزلفي، ١٤٢٨هـ

١٣٥ ص؛ ١٢ × ١٧ سم

ردمك: ٠-٢٠-٨٦٤-٩٩٦٠

(النص باللغة الفلبينية)

١. الإسلام – مبادئ عامة الوعظ والإرشاد أ. العنوان

ديوي ٢١١ ١٤٢٤/٣٦٤٩

**رقم الإيداع: ١٤٢٤/٣٦٤٩**
**ردمك: ٠-٢٠-٨٦٤-٩٩٦٠**

# Mga Nilalaman

1. Ang Tungkuling Pag-ingatan ang mga Oras at ang Hindi Pagpapabayang Masayang Ito ............................7
2. Ang Hatol Hinggil sa Paggamit ng mga Agimat .........8
3. Ang Pagbabawal sa Pagpunta sa Lahat ng Uri...........10
4. Ang Panggagaway at ang Babala Laban Dito............11
5. Ang Ruqyah ......................................................13
6. Ang Pagbabawal sa Panunumpa sa Iba kay Alláh .........14
7. Ang Paniniwala sa Masamang Pangitain ...................15
8. Ang Pananalig kay Alláh ........................................16
9. Ang mga Sandali ng Pagtugon ng Panalangin ...........17
10. Ang Tungkuling Dumalo sa Saláh sa Jamá'ah ..........18
11. Ang Kalamangan ng Saláh sa Jamá'ah .....................20
12. Ang Kainaman ng Paglalakad Tungo sa Masjid nang may Kapanatagan at Kahinahunan ....................21
13. Ang Kalamangan ng Maagang Pagpunta Saláh at ang Paghihintay Nito.................................................22
14. Ang Saláh ng Pagbati sa Masjid..............................23
15. Ang Kalamangan ng Unang Hanay...........................24
16. Ang Tungkuling Ituwid ang mga Hanay ng Saláh..........25
17. Ang Kainaman ng Saláh sa Fajr sa Jamá'ah ..............26
18. Ang Kainaman ng Saláh sa 'Asr ...............................28
19. Ang Kainaman ng Tahajjud o Taráwíh......................29
20. AngMgaKatangian ng Tahajjud at Taráwíh...............31
21. Ilang mga Alituntunin sa Saláh na Náfilah ................32
22. Ang Kainaman ng Araw ng Biyernes, ang mga Sunnah at ang mga Kaasalan Kaugnay Rito ..............34
23. Ang Kainaman ng Pagdalo ng Maaga sa Saláh sa Jumu'ah at ang Babala Laban sa Pagliban Dito...........35
24. Ilan sa mga Sunnah sa Araw ng Biyernes at mga Kaasalan Kaugnay Rito .............................................37
25. Ilan sa mga Alituntunin Kaugnay sa Saláh sa Dalawang 'Íd ..........................................................38
26. Saláh Para sa Eklipse ..............................................39
27. Ang Paghingi ng Ulan...............................................41

28. Ang Saláh Para sa Paghiling ng Ulan ........................43
29. Mga Alituntuning Kaugnay sa Ulan ..........................45
30. Ang Saláh al-Istikhárah...........................................46
31. Ang Kainaman ng Pag-aaruga sa Isang Ulila at ang Pagiging Kana-nais na Pakitunguhan Ito ng May Kabaitan.................................................49
32. Ang Babala sa Paglustay sa Yaman ng Ulila .............50
33. Ang Tao at Kasama ng Kanyang Iniibig....................51
34. Ang Kahatulan sa Paggawa ng Larawan at sa mga Larawan...................................................52
35. Ang Panaginip: Ang Kabutihan Nito at ang Babala Laban sa Pagsisinungaling Tungkol Dito ......53
36. Ang mga Alituntunin at ang mga Sunnah Hinggil sa Panaginip ...................................................54
37. Ang Pagtugon sa Paanyaya .......................................55
38. Ang mga Kaasalan sa Paghingi ng Pahintulot ...........56
39. Ang Tungkuling Mag-ingat sa mga Kaguluhang Ihinahasik ni Satanas sa mga Muslim .......................58
40. Ang Pagtatalusira at ang Babala Laban Doon................59
41. Ang Pandaraya at ang Babala Laban Dito .................60
42. Ang Pagbabawal na Magalit at ang Sinasabi at ang Ginagawa Kapag Nagalit..........................................61
43. Ang Pagdalaw sa mga Libingan.................................62
44. Ang Pagbabawal sa Pag-inom ng Alak......................64
45. Ang Pagbabanta Laban sa Pakikipagtalo, Pakikipangatuwiran at Pakikipagtungali....................65
46. Ang Kainaman ng Pagtatanim at Pagsasaka ..............67
47. Ilan sa mga Alituntunin ng Pagtitinda at Pagbili............68
48. Ang Pagbabawal sa Madalas na Pagtawa ..................69
49. Ang Pagsaway sa Sinungaling na Panunumpa...........70
50. Ang Pagdiin sa Pagbabawal sa Panunumpa sa Kabulaanan..........................................................71
51. Ang Babala Laban sa Pagsumpa (Cursing)................72
52. Mga Nasasaad Kaugnay sa Tula ...............................73
53. Ang mga Ipinagbabawal Sambitin ............................74

54. Ang Kabutihan ng Pakikibaka ....................................75
55. Ang Gantimpala ng Martir at Nakikibaka..................77
56. Ilang Saloobin ng mga Sahábí sa Pakikibaka ............79
57. Ang Kainaman ng Pagtugon sa Pangangailangan ng Mga Kapwa Muslim.............................................82
58. Ang Babala Laban sa mga Bid'ah at ang Tungkuling Sumunod sa Sugo (SAS) ....................83
59. Ang Kainaman ng Panalangin Para sa Sugo (SAS) .........85
60. Kabutihan ng Pagpapapalugit sa Nagigipit................86
61. Ang Ribá at ang Babala Laban Dito ..........................88
62. Ang Kabutihan ng Pagbigkas ng Qur'án ...................89
63. Ang Súrah al-Baqarah at ang Súrah Ál 'Imrán ............90
64. Ang Kabutihan ng Kawanggawa at Paggugol sa Landas ni Alláh..............................................92
65. Ang Kabutihan ng Kawanggawa ...............................93
66. Ang Kabutihan ng Pagkakawanggawa (2).................95
67. Ang Mainam sa Kawanggawa ..................................95
68. Ang Kainaman ng Paglilihim ng Kawanggawa...........96
69. Ang Pagpapahintulot sa Hayagang Pagbibigay ng Kawanggawa Kung Makabubuti Iyon ..................97
70. Pagbabawal sa Panghihingi at Pagpapahintulot sa Pagtanggap nang Hindi Humihingi at Dahil sa Kagandahang-loob .....................................................99
71. Ilang mga Katagang Ipinagbabawal.........................100
72. Ang Paggunita sa Kamatayan at ang Pagbabawal na Magmithi Niyon ................................................101
73. Ilang mga Alituntunin Kaugnay sa Paghihingalo.........102
74. Ang Batayan sa Pagtanggap sa mga Matuwid na Gawa ay Alinsunod sa Pananampalataya na Pinanghahawakan sa Huling Sandali ng Buhay .......103
75. Ilan sa mga Alituntunin sa Saláh al-Janázah(1) .........104
76. Ilan sa mga Alituntunin sa Saláh al-Janázah(2) .........106
77. Ang Sinasabi sa Saláh Para sa Patay........................106
78. Ilan sa mga Alituntunin Kaugnay sa Bangkay.........108
79. Ilan sa mga Alituntunin sa Paglilibing sa Patay .........109

80. Ang Pag-uudyok Na Tiisin ang Kasawian at ang Sinasabi sa Sandaling Sumapit Ito..............................110
81. Ang Tagubilin at ang mga Alituntunin Dito ............111
82. Ilan sa mga Alituntunin sa Pagpapamana ................113
83. Ang Pagpapahintulot na Iyakan ang Patay Kung Hindi Dahil sa Labis na Paghihinanakit at Pagkainis ..113
84. Ang Gantimpala sa Katatagan ng Pagtanggap sa Kamatayan ng mga Anak..........................................115
85. Ang Kabutihan ng Pagdarasal Para sa Patay, ang Pagdalo sa Libing at Ilan sa mga Alituntunin Dito ......116
86. Ang Magaganap sa Patay sa Libingan Nito .............117
87. Ang Atas na Patagin ang Libingan...........................119
88. Ang Kalamangan ng al-Masjid al-Harám at ng Masjid ng Sugo ni Alláh (SAS) sa Madínah .....119
89. Ilan sa mga Alituntunin Kaugnay sa Makkah ..........120
90. Ang Pagbabawal na Pilitin ang Babae na Mag-asawa ng Hindi Nito Naiibigan .......................121
91. Ang Atas na Magkaisa at ang Pagsaway sa Pagkakahati-hati ..................................................122
92. Ang Atas na Pangalagaan ang Katungkulan at Gampanan Ito ......................................................124
93. Ang Kabutihan ng Pag-aanyaya Para kay Alláh ..........125
94. Ang Pagsaway sa Labis na Pagpapapuri ......................127
95. Ang Pagbabawal sa Pag-awit ...................................128
96. Ang Kalamangan ng Sampung Araw ng Buwan ng Dhulhijjah at Ilang mga Alituntunin Dito................129
97. Ang Saláh sa ‘Íd (1) .................................................130
98. Ang Saláh sa ‘Íd (2) .................................................131
99. Ang mga Alay na Hayop..........................................131
100. Ang Kadakilaan ni Alláh at ang Lawak ng Kaharian Niya ..................................................133

# الدروس اليومية

# Mga Pang-araw-araw na Aralin

## 1. Ang Tungkuling Pag-ingatan ang mga Oras at ang Hindi Pagpapabayang Masayang Ito

Ayon sa sinabi ni Ibn 'Abbás (RA),[1] nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS):[2] ***"May dalawang biyayang nakulangan sa dalawang ito ang marami sa mga tao: ang kalusugan at ang oras na walang gawain."*** Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni 'Á'ishah: "Ang Sugo ni Alláh (SAS) noon, kapag sumapit ang sampu [sa mga huling araw ng Ramadán] ay nagdarasal siya sa gabi, ginigising niya, ang mag-anak niya, lalo siyang nagsisigasig [sa pagsamba] at umiiwas siya sa pakikipagtalik." Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay Ibn Mas'úd (RA), ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): ***"Hindi aalis ang dalawang paa ng anak ni Adan sa araw ng Pagkabuhay sa harap ng Panginoon niya hanggang sa tanungin siya hinggil sa limang bagay: hinggil sa buhay niya kung sa ano niya inubos ito, hinggil sa kabataan niya kung sa ano niya ginamit ito, hinggil***

---

[1] (RA): ***Radiyalláhu 'Anhu*** para sa lalaki, ***Radiyalláhu 'Anhá*** para sa babae, ***Radiyalláhu 'Anhum*** para sa marami; ang ibig sabihin nito ay: Kalugdan siya (o sila) ni Alláh. Ito ay panalanging binabanggit sa tuwing nababanggit ang pangalan o taguri ng kasamahan o asawa ni Propeta Muhammad (SAS).

[2] (SAS): **S**allalláhu **'A**layhi wa **S**allam: Basbasan at batiin siya ni Alláh. Sinasabi ito kapag binanggit ang pangalan o ang taguri ni Propeta Muhammad (SAS) o kapag tinutukoy siya.

***sa yaman niya kung saan niya kinita ito at kung sa ano niya ginugol ito, at kung ano ang ginawa niya sa nalaman niya."*** Iniulat ni at-Tirmidhí

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***"Ang sinumang nangangamba ay lumilisan nang maaaga sa gabi; at ang sinumang lumilisan nang maaga sa gabi ay nakararating sa bahay. Tunay ngang ang paninda ni Alláh ay mahal! Tunay ngang ang paninda ni Alláh ay ang Paraiso."*** Iniulat ni Imám at-Tirmidhí.

## Ang mga Mga Aral

1. Tungkuling samantalahin ang paggamit sa mga oras sa anumang mapakikinabangan,
2. Na ang anak ni Adan at pananagutin hinggil sa paggamit niya ng kanyang mga oras,
3. Ang pagiging marami ng mga nagpapabaya sa mga oras nila, nagsasayang sa mga ito at ang mga nadayo rito.

## 2. Ang Hatol Hinggil sa Paggamit ng mga Agimat

Sinabi ni Alláh (39:38): **"Sabihin mo: Sabihin ninyo sa akin ang mga dinadalanginan ninyo bukod pa kay Alláh; kung nagnais sa akin si Alláh ng isang pinsala, sila ba ay makapag-aalis sa pinsala mula sa Kanya; o kung nagnais sa akin si Alláh ng isang awa, sila ba ay makapipigil sa awa niya? Sabihin mo: Sapat na sa akin si Alláh; sa Kanya nananalig ang mga nananalig."**

Ayon sa sinabi ni 'Uqbah Ibn 'Ámir (RA), nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***"Ang sinumang gumamit ng agimat ay hindi bibigyang katuparan ni Alláh ang layunin niya."***

Iniulat ni Imám Ahmad Ibn Hanbal. Sa isa namang sanaysay: ***"Ang sinumang gumamit ng agimat ay nakagawa na ng shirk."***

Ayon sa sinabi ni 'Abdulláh Ibn 'Akím, nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***"Ang sinumang gumamit ng isang bagay [bilang agimat] ipagkakatiwala siya rito."*** Iniulat ni Imám at-Tirmidhí

Ayon sa sinabi ni 'Abdulláh Ibn Mas'úd (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Tunay na ang mga ruqyah, mga agimat at panggayuma ay Shirk.***" Iniulat nina Ahmad Ibn Hanbal at Abú Dáwúd.

## Mga Aral:

1. Ang sinumang gumamit ng agimat sa paniniwalang ito mismo ay nakapagdudulot ng kapinsalaan o kapakinabangan ay nakagawa ng malaking shirk dahil sa paniniwala niya na ang kapinsalaan at kapakinabangan ay nagmumula sa iba pa kay Alláh. Subalit kung naniwala siyang ito ay nagsisilbing dahilan lamang, iyon ay maliit na shirk.
2. Hindi ipinahihintulot na gumamit ng mga agimat kahit pa man ang mga ito ay mula sa Qur'an dahil ang mga Sahábí[3] ay hindi gumawa niyon at dahil iyon ay nagsisilbing daan sa paggamit ng iba pang agimat [na hindi mula sa Qur'an] at sa maling paggamit ng Qur'an.
3. Kabilang na roon, halimbawa, ang pagsabit ng tasbíh o ang paglalagay ng Qur'an bilang proteksiyon.

[3] Kasamahan ng Propeta. Siya ay ang sinumang taong nakakita at naniwala kay Propeta Muhammad (SAS) at namatay na Muslim. Ang sinabi o ginawa niya ay magagamit na batayan sa *Sharí'ah*. Ang pangmaramiha nito ay *Sahábah*.

## 3. Ang Pagbabawal sa Pagpunta sa Lahat ng Uri ng mga Manghuhula

Sinabi ni Alláh (27:65): **"Sabihin mo: Hindi nalalaman ng sinumang nasa mga langit at lupa ang Nakalingid, maliban kay Alláh,"**

Ayon sa ilang mga maybahay ng Propeta (SAS), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Ang sinumang magpunta sa manghuhula at magtanong dito hinggil sa isang bagay, hindi tatanggapin ang dasal niya sa loob ng apatnapung araw."***[4] Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah, nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***"Ang sinumang nagpunta sa manghuhula at naniwala rito sa sinasabi nito, o nakipagtalik sa maybahay may buwanang dalaw o nakipagtalik sa maybahay niya sa puwit nito, ay iwinaksi na niya ang ang ibinaba kay Muhammad."*** Iniulat ni Abú Dáwúd.

Ayon sa sinabi ni 'Á'ishah: "Tinanong ang Sugo ni Alláh (SAS) ng ilang mga tao tungkol sa mga manghuhula kaya nagsabi siya: ***Wala sila sa katotohan.*** Kaya nagsabi sila: Tunay na sila ay nagsasabi sa amin minsan ng isang bagay at nagiging totoo naman? Kaya nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***'Ang salitang iyon na mula sa katotohanan ay panakaw na kinukuha ng jinni at ibinubulong nito iyon sa tainga ng kampon nito. Hinahaluan ng mga ito (mga jinni) iyon ng isandaang kasinungalingan.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

---

[4] Subalit obligado pa rin siyang magdasal.

## Mga Aral:

1. Ipinagbabawal ang pagpunta sa lahat ng uri ng mga manghuhula dahil sila ay nag-aangking nagtataglay raw sila ng kaalaman hinggil sa Nakalingid at kabatiran hinggil sa kung ano ang nangyari o mangyayari.
2. Ang manghuhula ay maaaring magsabi ng totoo sa isang pahayag ngunit hinahaluan niya naman ito ng maraming kasinungalingan.
3. Kabilang sa panghuhula ang tinatawag na Panghihimalad (*Palmistry*), pagbasa ng bolang kristal, at *Horoscope*.

## 4. Ang Panggagaway at ang Babala Laban Dito

Sinabi ni Alláh (2:102): **"Sinunod nila ang binigkas ng mga demonyo noong panahon ng paghahari ni Solomon. Hindi tumalikod sa pananampalataya si Solomon; bagkus ang mga demonyo ay tumalikod sa pananampalataya: itinuturo nila sa mga tao ang panggagaway at ang ibinaba sa dalawang anghel sa Babilonia, sina Hárút at Márút. Ngunit hindi nagtuturo ang dalawang ito sa isa man hangga't hindi sinasabi ng dalawang ito: Kami ay tukso lamang kaya huwag kang tumalikod sa pananampalataya. Natututuhan nila mula sa dalawa ang nagpapahihiwalay sa lalaki sa maybahay niya; ngunit hindi sila nakapipinsala ng isa man sa pamamagitan nito kung hindi dahil sa pahintulot ni Alláh. Natututuhan nila ang nakapipinsala sa kanila at hindi nagdudulot ng pakinabang sa kanila. Talagang nalaman na nila na talagang ang sinumang bumili nito ay mawawalan siya sa Kabilang-buhay ng**

**bahagi. Talagang kaaba-aba ang bagay na ipinagbili nila rito ang mga sarili nila, kung nalalaman lamang nila.”**

Sinabi pa Niya (20:69): **“Hindi magtatagumpay ang manggagaway saan man siya pumunta.”**

Ayon kay Abú Hurayrah, ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***“Pangilagan ninyo ang pitong makapagpapahamak na kasalanan.”*** Nagsabi sila: “O Sugo ni Alláh, at ano po ang mga ito?” Sinabi niya: ***“Ang pagtatambal kay Alláh, ang panggagaway, ang pagpatay sa buhay na ipinagbawal ni Alláh [na patayin] maliban kung nasa katwiran, ang pakikinabang sa ribá,***[5] ***ang paglustay sa ari-arian ng ulila, ang pagtalikod [sa pakikipaglaban] sa araw ng digmaan, at ang paninirang-puri sa mga babaeng mararangal na mananampalataya na inosente.”*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ipinagbabawal ang panggagaway at ito ay kabilang sa mga makapagpapahamak na kasalanan.
2. Ito ay kabilang sa mga sumasalungat sa kaganapan ng ka-Islaman batay sa sinabi ni Alláh: **“Kami ay tukso lamang, kaya huwag kang tumalikod sa pananampalataya.”** at dahil hindi ito naisasagawa kung hindi sa pamamagitan ng pagsamba sa Demonyo.
3. Ang pagbabawal sa pagpunta sa mga manggagaway o pakikipag-ugnayan sa kanila sa kanila.

---

[5] Ang paggamit o ang pagtanggap ng patubo sa pautang.

## 5. Ang Ruqyah[6]

Ayon sa sinabi ni ‘Abdulláh Ibn Mas‘úd (RA): “Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Tunay na ang mga ruqyah, mga agimat at panggayuma ay Shirk.***” Iniulat nina Imám A<u>h</u>mad Ibn <u>H</u>anbal at Imám Abú Dáwúd.

Ayon kay ‘Á’ishah (RA): “Ang Propeta (SAS) ay nagpahintulot sa mga ruqyah sa bawat [nakagat ng hayop na] may kamandag.”

Ayon kay ‘Á’ishah (RA): “Ang Propeta (SAS) noon ay umiihip sa sarili niya, noong panahon ng sakit na ikinamatay, [matapos bumigkas] ng mga mu‘awwidhah niya. Noong nahirapan na siya ay ako na ang umiihip sa kanya [matapos umusal] ng mga ito, at ipinanghahaplos ko ng sariling kamay niya dahil sa biyayang taglay ng mga ito.” Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay ‘Á’ishah (RA): “Ang Propeta noon ay bumibigkas ng mu‘awwidhah sa ilan sa mga mag-anak niya. Hinaplos niya ng kanang kamay niya [ang may-sakit] at nagsasabi: ***‘O Alláh, Panginoon ng mga tao; alisin Mo po ang sakit; pagalingin Mo po, Ikaw ang Tagapagpagaling, walang kagalingan kundi ang pagpapagaling Mo, [na nagdudulot] ng kagalingang hindi nagtitira ng sakit.***” Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ipinahihintulot ang ng ruqyah sa pamamagitan ng Qur’an at mga panalanging ipinahihintulot.

---

[6] Ito ay panalangin na idinadalangin sa may karamdama gaya ng lagnat, epilepsi at iba pang mga karamdaman. Tinatawag din ito na ‘azímah (orasyon o bulong).

2. Ipinagbabawal ang ruqyah sa pamamagitan ng mga salita na hindi mula sa Qur’an o mga panalanging ipinahihintulot.
3. Kung ang ruqyah ay naglalaman ng pananalanging sa iba pa kay Alláh, iyon ay malaking shirk.
4. Ipinahihintulot sa tao na bumigkas ng mga mu‘awwidhah para sa sarili niya at hindi kinakailangang ang ibang tao ang gumawa niyon.

## 6. Ang Pagbabawal sa Panunumpa sa Iba kay Alláh

Ayon kay Ibn ‘Umar (RA), ayon sinabi ng Propeta (SAS): ***“Tunay na si Alláh ay nagbabawal sa inyo na manumpa kayo sa [ngalan ng] mga magulang ninyo. Ang sinumang manunumpa ay manumpa kay Alláh o manahimik.”*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim

Ayon kay Buraydah (SAS), ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***“Ang sinumang manumpa sa katapatan [niya] ay hindi kabilang sa atin.”***

Ayon kay Ibn ‘Umar (RA), may narinig siyng isang lalaking nagsabi: “Hindi, sumpa man sa Ka‘bah.” kaya nagsabi siya: “Huwag kang manumpa sa iba ba kay Alláh sapagkat tunay na narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Ang sinumang manumpa sa iba pa kay Alláh ay lumabag sa pananampalataya o gumawa ng shirk.***” Iniulat ni Imám at-Tirmidhí.

## Mga Aral

1. Ipinagbabawal ang panunumpa sa iba pa kay Alláh dahil ito ay kabilang sa maliit na shirk na kabilang naman sa mga malaking kasalanan.

2. Ipinagbabawal n manumpa sa Propeta (SAS), sa Ka‘bah, sa karangalan, sa buhay at sa iba pang mga nilikha ni Alláh.
3. Hindi ipinahihintulot ang panunumpa kung hindi kay Alláh o sa mga pangalan Niya at sa mga katangian Niya.

## 7. Ang Paniniwala sa Masamang Pangitain

Ayon sa sinabi ni Anas (SAS), nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***"Walang pagkahawa*[7] *at walang masamang pangitain. Ikinatutuwa ko ang mabuting pananaw, ang magandang salita."*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay Ibn Mas‘úd (RA), ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***"Ang paniniwala sa masamang pangitain ay shirk."*** Iniulat ito ni Imám Abú Dáwud.

## Mga Aral

1. Ipinagbabawal ang pagkakaroon ng masamang pangitain at iyon ay ang paghinto sa pagkilos dahil sa pagkadama ng

---

[7] Ang mga Arabe noong kapanahunan ni Propeta Muhammad (SAS), at pati na ang marami sa mga tao sa ngayon, ay may maling pagkaunawa sa pagkahawa, na ito raw ay **nakukuha sa pakikihalubilo sa may-sakit**. Ang ibig-sabihin ng Propeta (SAS) rito ay hindi mismo ang pakikihalubilo ang sanhi ng pagkasalin ng sakit kundi ang kalooban ni Alláh. Kung loloobin ni Alláh ay hindi magkakasakit ang tao. Pinatunayan ng makabagong medisina na ang dahilan ng pagkakahawa ay (1) ang pagkasalin ng mga mikrobyo, mga bakterya at mga virus ng isang uri ng sakit at (2) ang kahinaan ng immunidad (kakayahan ng katawan na labanan ang sakit). Maaaring makuha ang mikrobyo, bakterya at virus sa hangin, sa tubig at kagat ng insekto, at hindi lamang sa pakikihalubilo. Ang taong may malakas na immunidad ay hindi tatablan ng sakit kahit makihalubilo pa siya; ang mahina ang immunidad ay madaling magkasakit kahit hindi makihalubilo sa may-sakit. Wala pang tao na nahawa sa AIDS at Hepatitis dahil lamang sa pakikihalubilo, gayong nakahahawa ang mga sakit na ito. Ang Tagapagsalin.

masamang pangitain kapag nakakita, halimbawa, ng pusang itim at iba pa.
2. Ito ay kabilang sa shirk kung nagsisilbing dahilan upang tumigil sa pagkilos dahil sa paniniwalang may naidudulot na kapinsalaan at kapakinabangan ang iba pa kay Alláh.
3. Minamabuti ang pagkakaroon ng mabuting pananaw dahil ito ay tanda ng mabuting saloobin kay Alláh.

## 8. Ang Pananalig kay Alláh

Sinabi ni Alláh (65:3): **"Ang sinumang manalig kay Alláh, Siya ay sapat na sa kanya. Tunay na gaganapin ni Alláh ang Kanyang ninanais."** Sinabi pa Niya (64:13): **"at kay Alláh manalig ang mga Sumasampalataya."**

Ayon kay Ibn 'Abbás (RA): "Ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Itinambad sa akin ang mga sambayanan, at nakakita ako ng propeta na may kasamang isang pangkat, ng propeta na may kasamang isang tao at dalawang tao, at propeta na walang kasamang isa. Nang may iniharap sa akin na isang malaking pulutong ng tao ay nag-akala akong sila ay sambayanan ko, kaya may nagsabi sa akin: Ito si Moises at ang sambayanan niya. Tumingi ako at nakakita ako ng isang malaking pulutong ng tao, at may nagsabi sa akin: Ito ang sambayanan mo, at kasama nila ang pitumpong libong papasok sa Paraiso nang walang pagtutuos at pagdurusa.*** Pagkatapos ay tumindig siya at pumasaok sa bahay niya. Nagtalakayan ang mga tao tungkol sa mga ito. Nagsabi ang iba sa kanila: Marahil sila ang mga ipinanganak sa Islam at hindi nagtambal ng anuman kay Alláh. Bumanggit pa sila ng ibang bagay. Lumabas ang Sugo

ni Alláh (SAS) at ipinabatid niya iyon sa kanila. Nagsabi siya: ***Sila ang mga hindi humiling na pagsagawaan ng ruqyah, mga hindi nagpapahero, mga hindi naniniwala sa masamang pangitain, at sa Panginoon nila ay nananalig.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang kahalagahan ng pananalig kay Alláh at na ito ay ilan sa mga napakadakilang pagsamba.
2. Ang pagsasagawa ng pananalig kay Alláh ay isang dahilan sa pagpasok sa Paraiso nang walang pagtutuos.

## 9. Ang mga Sandali ng Pagtugon ng Panalangin

Ayon kay Abú Hurayrah, ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***"Ang pinakamalapit na kalagayan ng tao sa Panginoon niya ay habang siya ay nakapatirapa; kaya damihan ninyo ang panalangin [habang nakapatirapa]."*** Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Anas (RA), nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***"Ang panalangin sa pagitan ng adhán at iqámah ay hindi tatanggihan."*** Iniulat ni Imám at-Tirmidhí.

Ayon sa sinabi ni Sahl Ibn Sa'd, nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***"May dalawang hindi tinatanggihan — o madalang tanggihan — ang pananalangin sa sandali ng panawagan [sa saláh] at sandali ng digmaan habang may naglalaban ang isa't isa."*** Iniulat ni Imám Abú Dáwúd

Ayon kay Abú Hurayrah, ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***"Bumababa ang Panginoon nating Mapagbiyaya at Kataas-taasan tuwing gabi sa pinakamababang langit***

***habang may natitira pa sa huling ikatlong bahagi ng gabi at nagsasabi: Ang sinumang manalangin sa Akin ay diringgin Ko siya; ang sinumang humingi sa Akin ay bibigyan Ko siya; at ang sinumang humingi ng tawad sa Akin ay patatawarin Ko siya."*** Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon kay Jabír (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Tunay na sa gabi ay may isang sandali na kapag natatapatan ito ng isang taong Muslim na humihiling kay Alláh ng isang mabuti sa bagay na kaugnay sa Mundo at Kabilang-buhay ay ibibigay Niya ito doon, at iyon ay tuwing gabi.***"' Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Mayroong mga sandali na maaasahang ang pagtugon sa panalangin ay higit na madalas kaysa ibang oras.
2. Hinihimok na samantalahin ang mga sandaling ito at magsigasig sa madalas na pagdalangin sa mga sandaling ito.
3. Kabilang sa mga sandaling ito ang sumusunod: habang nakapatirapa, sa pagitan ng adhán at iqámah, sa huling bahagi ng gabi, at kapag nakatagpo ang kaaway sa digmaan.

## 10. Ang Tungkuling Dumalo sa Saláh sa Jamá'ah

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Tunay na ang pinakamabigat na saláh para sa mga Munáfiq ay ang saláh sa 'ishá' at ang saláh sa fajr. Kung nalalaman lamang nila ang taglay [na gantimpala] sa dalawang ito ay talagang dadaluhan nila ang dalawang ito, kahit pa man pagapang. [Minsan ay] talagang nagbalak na akong mag-utos na isagawa ang saláh at isasagawa na ang iqámah. Pagkatapos ay mag-***

***uutos ako sa isang lalaki upang mamuno sa saláh sa mga tao. Pagkatapos ay lilisan ako na may kasama akong mga lalaki na may dalang mga bigkis ng panggatong, patungo sa mga taong hindi dumadalo sa saláh at sisilaban ko sila sa mga bahay nila sa apoy."*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "May dumating na isang lalaking bulag at nagsabi ito: O Sugo ni Alláh, wala akong taga-akay na aakay sa akin patungo sa masjid. Hiniling nito sa Sugo ni Alláh (SAS) na payagan ito na magdasal sa bahay nito. Pinayagan naman niya ito. Subalit nang nakatalikod na ito ay tinawag niya ito at nagsabi siya rito: ***Naririnig mo ba ang panawagan sa saláh?*** Nagsabi ito: Opo. Kaya nagsabi siya: ***Kaya naman tugunin mo.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi 'Abdulláh Ibn Mas'úd (RA), nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***"Ang sinumang masisiyahang makatagpo niya si Alláh bukas bilang isang Muslim ay pangalagaan niya mga saláh na ito yamang nananawagan sa mga ito, sapagkat tunay na si Alláh ay nagsabatas sa Propeta ninyo ng mga kalakaran ng patnubay. Kung kayo ay nagdasal sa mga bahay ninyo gaya ng pagdarasal ng nagpapaiwan na ito sa bahay nito, talagang napabayaan na ninyo ang sunnah ng Propeta ninyo. Kung napabayaan ninyo ang sunnah ng Propeta ninyo, talagang naligaw na kayo. Walang nagpapaiwan sa saláh kundi isang Munáfiq na kilala sa pagka-Munáfiq. Talagang noon nga ay may isang lalaki na inihahatid na inaalalayan sa pagitan ng***

***dalawang lalaki upang makatayo sa hanay."*** Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Tungkulin ng mga lalaki na isagawa ang saláh sa jamá'ah.
2. Ang pagpapaiwan sa saláh sa jamá'ah ay kabilang sa mga tanda ng mga taong nagtataglay ng nifaq.

## 11. Ang Kalamangan ng Saláh sa Jamá'ah

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***"Ang saláh ng lalaki sa jamá'ah ay pinag-iibayo ng dalawampu't limang ulit [ang gantimpala] kaysa sa saláh niya sa bahay niya at sa tindahan niya. Iyan ay dahil kapag nagsagawa siya ng wudú' at hinusayan niya ang wudú, pagkatapos ay lumabas siya patungo sa masjid at walang nagpalabas sa kanya kundi ang saláh, wala siyang hinakbang na hakbang na hindi siya tataasan ni Alláh ng antas sa pamamagitan niyon at aalisan siya Niya sa pamamagitan niyon ng masamang nagawa. Kapag nagdasal siya, hindi titigil ang mga anghel na nanalangin ng pagpapala para sa kanya sa sandaling siya ay nasa pinagdarasalan niya: O Alláh, pagpalain Mo po siya. Patuloy ang bawat isa sa inyo na nasa isang saláh habang hinihintay niya ang saláh."*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Dardá' (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Walang tatlong lalaki na nasa isang nayon ni nasa ilang na hindi isinasagawa ang saláh sa kanila nang hindi sila nadadaig ng Demonyo.***

***Kaya manatili kayo sa jamá'ah dahil nakakain lamang ng lobo mula sa mga tupang napapalayo.*** " Iniulat ni Imám Abú Dáwúd.

Ayon kay 'Abdulláh Ibn 'Umar (RA), ang Sugo ni Alláh ay nagsabi: ***"Ang saláh sa jamá'ah ay nakalalamang ng dalawamput pitong antas sa saláh ng nag-iisa."*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Malaki ang kalamangan ng saláh sa jamá'ah.
2. Higit na mainam ito kaysa saláh ng isang lalaking ginawa niya nang mag-isa.
3. Ang pagliban sa saláh sa jamá'ah ay isang dahilan ng paghahari ng mga demonyo sa tao.

## 12. Ang Kainaman ng Paglalakad Tungo sa Masjid nang may Kapanatagan at Kahinahunan

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): ***"Kapag narinig ninyo ang iqámah ay lumakad kayo, panatilihin ninyo ang kapanatagn at ang kahinahunan, at huwag kayong magmadali. Kaya ang anumang naabutan ninyo ay dasalin ninyo at ang anumang nalaktawan ninyo ay lubusin ninyo."*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Qatadáh (RA): "Samantalang kami ay nagdarasal kasama ng Sugo ni Alláh (SAS) ay nakarinig siya ng pagkakaingay kaya nagsabi siya: ***Ano ang nangyayri sa inyo?*** Sinabi nila: Nagmamadali po kami sa pagpunta sa saláh. Sinabi niya: ***Huwag ninyong gawin [iyan]. Kapag***

***pumunta kayo sa saláh ay panatiliin ninyo ang kapanatagan; kaya ang anumang maabutan ninyo ay dasalin ninyo at ang anumang nakalampas sa inyo ay lubusin ninyo.***" Iniulat ni Imám Muslim.

## Ang mga Aral

1. Ang pag-uutos na maglakad patungo sa saláh nang may kapanatagan at kahinahunan.
2  Ang pagbabawal sa pagmamadali sa paglalakad kahit pa para maabutan ang rukú‘.

## 13. Ang Kalamangan ng Maagang Pagpunta Saláh at ang Paghihintay Nito

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***"Ang saláh ng lalaki sa jamá'ah ay pinag-iibayo ng dalawampu't limang ulit [ang gantimpala] kaysa sa saláh niya sa bahay niya at sa tindahan niya. Iyan ay dahil kapag nagsagawa siya ng wudú' at hinusayan niya ang wudú, pagkatapos ay lumabas siya patungo sa masjid at walang nagpalabas sa kanya kundi ang saláh, wala siyang hinakbang na hakbang na hindi siya tataasan ni Alláh ng antas sa pamamagitan niyon at aalisan siya Niya sa pamamagitan niyon ng masamang nagawa. Kapag nagdasal siya, hindi titigil ang mga anghel na nanalangin ng pagpapala para sa kanya sa sandaling siya ay nasa pinagdarasalan niya: O Alláh, pagpalain Mo po siya. Patuloy ang bawat isa sa inyo na nasa isang saláh habang hinihintay niya ang saláh."*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***"Kung nalalaman lamang ng mga tao ang [gantimpala] sa [pagsasagawa ng] panawagan [para sa saláh] at ang [pagtayo sa] unang hanay at pagkatapos ay hindi sila makakatatagpo [ng puwang] kung hindi sila magpapalabunutan para rito, talagang nagpalabunutan na sana sila. Kung nalalaman lamang nila ang [gantimpala] sa pagdalo nang maaga, talagang nag-unahan na sana sila roon; kung nalalaman lamang nila ang [gantimpala] sa pagsasagawa ng 'ishá' at fajr, talagang dinaluhan na sana nila ito kahit pa man pagapang."*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Iman Muslim.

## Mga Aral

1. Nakalalamang ang maagang pagpunta sa saláh.
2. Mayroong malaking gantimpala sa paghihintay ng saláh sa [masjid].

## 14. Ang Saláh ng Pagbati sa Masjid

Ayon kay Qatadáh (RA), ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***"Kapag pumasok ang sinuman sa inyo sa masjid ay magdasal siya ng dalawang rak'ah bago umupo."*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Jábir Ibn 'Abdúllah (RA): ***"Dumating si Sulayk al-Ghatafaní araw ng Biyernes samantalang ang sugo ay nangangaral. Naupo siya kaya nagsabi ito sa kanya: 'O Sulayk, tumayo ka at magdasal ng dalawang rak'ah at pagaanin mo ang pagsasagawa sa dalawang ito. Pagkatapos ay nagsabi siya: 'Kapag dumating ang sinuman sa inyo sa araw ng Biyernes samantalang ang***

***imám ay nangangaral, magdasal ng dalawang rak'ah at pagaanin ang pagsasagawa sa dalawang ito."*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Kanais-nais ang pagsasagawa ng saláh na dalawang rak'ah kapag pumasok sa masjid ang sinumang nagnanais na umupo rito.
2. Kanais-nais ang pagsasagawa nito kahit pa man habang ang imám ay nangangaral sa araw ng Biyernes.

## 15. Ang Kalamangan ng Unang Hanay

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***"Kung nalalaman lamang ng mga tao ang [biyaya] sa [pag-uulit ng] panawagan at unang hanay, at pagkatapos ay hindi sila nakatagpo [ng puwang] kung hindi sila magpapalabunutan, ay talagang nagpalabunutan na sana sila. Kung nalalaman lamang nila ang taglay [na gantimpala] sa pagsasagawa ng dhuhr, talagang nag-unahan na sana sila rito; at kung nalalaman lamang nila ang [gantimpala] sa pagsasagawa ng 'ishá' at ng fajr, talagang pinuntahan na sana nila ang dalawang ito kahit pa man pagapang."*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay Abú Sa'íd al-Khudrí (RA), nakakita ang Sugo ni Alláh (SAS) sa kanyang mga Sahábí na pagpapahuli [sa hanay] kaya nagsabi siya sa kanila: ***"Pumauna kayo at tularan ninyo ako at tutularan kayo ng mga darating pagkatapos ninyo. Hindi titigil ang mga tao na nagpapahuli hanggang sa ihuli sila ni Alláh."*** Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Malaki ang kalamangan ng pagpuwesto sa unahan ng saláh at ng unang hanay.
2. Ang pinakamainam sa mga hanay ng kalalakihan ay ang unang hanay at ang pinakadi-mainam ay ang huling hanay.
3. Binabalaan ang pagpapatuloy sa pagpapahuli sa unang hanay.

## 16. Ang Tungkuling Ituwid ang mga Hanay ng Saláh

Ayon sa sinabi ni Jábir Ibn Samurah (RA), nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***“Hindi ba kayo magsisihanay kung papanong nagsisihanay ang mga anghel sa harap ng Panginoon nila?”*** Nagsabi kami: “Papaano po namang nagsisihanay ang mga anghel sa harap ng Panginoon nila?” Sinabi niya: ***“Linulubos nila ang mga unang hanay at nagsisiksikan sila sa hanay.”*** Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Mas‘úd (RA): “Ang Sugo ni Alláh (SAS) noon ay humuhipo sa mga balikat namin sa saláh at nagsasabi: ***Magsituwid kayo at huwag kayong magsalungatan dahil magsasalungatan din ang mga puso ninyo; sumunod sa akin mula sa inyo ang mga may pang-unawa at mga pag-iisip, pagkatapos ay ang mga sumusunod sa kanila, pagkatapos ay ang mga sumusunod sa mga ito.***” Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Anas (RA): ***“Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ‘Ituwid ninyo ang mga hanay ninyo dahil tunay na ang pagtuwid ng hanay ay bahagi ng kalubusan ng saláh.”*** Itnala ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni an-Nu‘mán Ibn Bashír: "Itinutuwid noon ng Sugo ni Alláh ang mga hanay namin at para bang nagtutuwid siya sa pamamagitan nito ng palaso hanggang sa nakita niya kaming natutunan na namin ito mula sa kanya. Pagkatapos niyon ay lumabas siya isang araw at nang tumayo siya [sa saláh] hanggang sa halos magsagawa siya ng takbír ay may nakita siyang isang lalaking nakausli ang dibdib nito sa hanay kaya nagsabi siya: ***Mga lingkod ni Alláh kailangang ituwid ninyo ang inyong mga hanay kung hindi ay talagang maglalagay si Alláh ng hidwaan sa pagitan ninyo.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon kay Anas (RA) ang Propeta ay nagsabi: ***"Lubusin ninyo ang mga hanay ninyo dahil tunay na nakikita ko kayo mula sa aking likuran."*** Ang bawat isa sa amin ay nagdidikit ng balikat niya sa balikat ng katabi niya at ng paa niya sa paa nito. Iniulat ni Imám al-Bukhárí

## Mga Aral

1. Tungkuling tuwirin ang hanay sa saláh batay sa utos ng Sugo (SAS) kaugnay doon at sa babala niya laban sa di-pagtutuwid ng hanay.
2. Ang hindi pagtutuwiod ng hanay ay isang dahilan ng pagsasalungatan ng mga puso ng mga nagdarasal.
3. Ang pagtuwid ng hanay ay bahagi ng kaganapan ng saláh.

## 17. Ang Kainaman ng Saláh sa Fajr sa Jamá‘ah

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Nakalalamang ang saláh sa jamá‘ah sa saláh ng isa sa inyo [na isinagawa]***

***nang mag-isa ng dalawampu't limang ulit. Nagtatagpo sa inyo ang mga anghel ng gabi at ang mga anghel ng maghapon sa saláh sa fajr.***" Pagkatapos ay nagsabi pa si Abú Hurayrah (RA): "Bigkasin ninyo [sa saláh], kung nais ninyo (17:78):[8] *inna qur'ánal fajri kána mashúdan.*" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Tunay na ang pinakamabigat na saláh para sa mga Munáfiq ay ang saláh sa 'ishá' at ang saláh sa fajr. Kung nalalaman lamang nila ang taglay [na gantimpala] sa dalawang ito ay talagang dadaluhan nila ang dalawang ito, kahit pa man pagapang. [Minsan ay] talagang nagbalak na akong mag-utos na isagawa ang saláh at isasagawa na ang iqámah. Pagkatapos ay mag-uutos ako sa isang lalaki upang mamuno sa saláh sa mga tao. Pagkatapos ay lilisan ako na may kasama akong mga lalaki na may dalang mga bigkis ng panggatong, patungo sa mga taong hindi dumadalo sa saláh at sisilaban ko sila sa mga bahay nila sa apoy."*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni 'Uthmán (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Ang sinumang magdasal ng 'ishá' sa jamá'ah ay para nang nagdasal ng kalahating gabi. Ang sinumang magdasal sa fajr sa jamá'ah ay para nang nagdasal sa buong gabi.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Jundab Ibn 'Abdulláh (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang sinumang magdasal sa fajr***

---

[8] "tunay na ang pagbigkas ng Qur'an sa madaling-araw ay laging sinasaksihan."

***sa jamá'ah, siya ay nasa pangangalaga ni Alláh. Hindi nga hihiling sa inyo si Alláh kaugnay sa pangangalaga Niya ng anuman, dahil ang sinumang hihiling sa Kanya ng anuman mula sa pangangalaga Niya, makakamit niya ito. Pagkatapos ay itatapon Niya siya na nakadapa sa Impiyerno.***" Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang kainaman ng saláh sa fajr, at na ito ay isang saláh na sinasaksihan ng mga anghel.
2. Ito ay mabigat para sa mga Munáfiq.
3. Ang sinumang magdasal nito sa jamá'ah, siya ay nasa pangangalaga ni Alláh.

## 18. Ang Kainaman ng Saláh sa 'Asr

Sinabi ni Alláh (2:238): **"Pangalagaan ninyo ang pagsasagawa ng mga dasal lalo na ang kalagitnaang saláh, at magsitayo kayo *sa dasal* na mga masunurin kay Alláh."**

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***May sunod-sunod na dumarating sa inyo na mga anghel sa gabi at mga anghel sa maghapon. Nagtitipon sila sa saláh sa fajr at saláh sa 'asr. Pagkatapos ay umaakyat ang mga magdamag na nanatili sa piling ninyo at tatanungin sila ng Panginoon nila, kahit Siya ay higit na nakaaalam kaysa sa kanila: Papaanong iniwan ninyo ang mga lingkod Ko? Magsasabi sila: Iniwan namin sila habang sila ay nagdarasal at dinatnan namin sila habang sila ay nagdarasal.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Jarír Ibn ‘Abdulláh (RA): “Kami noon, isang araw, ay nakaupo sa tabi ng Propeta (SAS). Tumingin siya sa buwan nang gabi ng kabilugan ng buwan at nagsabi siya: ***Tunay na makikita ninyo ang Panginoon ninyo kung paaanong nakikita ninyo ang buwan na ito. Hindi kayo mapipinsala sa pagtingin sa Kanya. Kaya kung makakaya ninyo na hindi kayo mapanaigan sa saláh bago sumikat ang araw at bago lumubog ito ay gawin ninyo.*** Pagkatapos ay bumigkas siya (50:39): **Kaya tiisin mo ang sinasabi nila at magluwalhati ka kasabay ng papuri sa Panginoon mo bago sumikat ang araw at bago lumubog.**” Iniulat nina Imám al-Bukahri at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Músá al-Ash‘arí (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang nagdarasal sa fajr at ‘asr ay papasok sa Paraiso.***” Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Buraydah (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang sinumang nagwawaksi sa saláh sa ‘asr mawawalan ng kabuluhan ang [mabuting] gawa niya.***” Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

## Mga Aral

1. Ang kainaman ng saláh sa ‘asr.
2. Ang pagpapanatili ng pagsasagawa nito ay isang dahilan ng pagpasok sa Paraiso.
3. Ang matinding banta laban sa nagwawaksi nito.

## 19. Ang Kainaman ng Tahajjud o Tarávíh

Sinabi ni Alláh (32:16): **“Nilalayuan ng mga tagiliran nila ang mga higaan upang manalangin sa Panginoon**

**nila dahil sa takot at pagmimithi, at mula sa itinustos Namin sa kanila ay gumugugol sila.”**

Sinabi pa Niya (51:17-18): **“Sila ay nangatutulog nang kaunti sa gabi. At sa mga huling bahagi ng gabi, sila ay nagsisihingi ng patawad.”**

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang pinakamainam na pag-aayuno pagkatapos ng Ramadan ay ang [pag-aayuno sa] buwan ni Alláh, ang Muharram, at ang pinakamainam na saláh pagkatapos ng [saláh na] farídah ay ang saláh sa gabi.***” Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Sa‘íd al-Khudrí (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Kapag ginising ng tao ang asawa niya at pagkatapos ay sabay silang nagdasal ng dalawang rak‘ah, itatala silang dalawa na kabilang sa mga lalaki at mga babaeng gumugunita kay Alláh nang madalas.***” Iniulat ni Imám Abú Dáwúd.

Ayon kay Abú Hurayrah, ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***“Nagbubuhol ang Demonyo sa likod ng ulo ng bawat isa sa inyo, kapag ito ay natutulog, ng tatlong buhol. Umuusal siya sa kinalalagyan ng bawat buhol [ng ganito]: Sumaiyo ay isang mahabang gabi, kaya matulog ka. Kapag nagising ito at naalaala nito si Alláh ay nakakalag ang isang buhol. Kapag nagsagawa ito ng wudú’ ay nakakalag ang isa pang buhol. Kapag nagdasal ito ay nakakalag ang [huling] buhol, kaya naman dinadatnan siya ng umaga na masigla at mabuti ang lagay ng kalooban, at kung hindi dadatnan siya ng umaga na masama ang lagay ng***

***kalooban at matamlay.”*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay Jábir (RA): “Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Tunay na sa gabi ay may isang sandali na kapag natapat dito na humihiling ang isang taong Muslim ng mabuting bagay sa Mundo at Kabilang-buhay ay tiyak na ibibigay Niya ito doon. Iyan ay tuwing gabi.***” Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang kainaman ng pagdarasal sa gabi.
2. Ito ay isang dahilan ng pagkakaroon ng maluwag na dibdib at mabuting kalooban.

## 20. Ang Mga Katangian ng Tahajjud at Taráwí<u>h</u>

Ayon sa sinabi ni ‘Á’ishah (RA): “Ang Sugo ni Alláh (SAS) ay hindi nagpapalabis sa Ramadan man o sa ibang [buwan] ng higit sa labing-isang rak‘ah. Nagdadasal siya ng apat [na rak‘ah] at huwag mo nang itanong pa ang ganda nito at ang haba nito. Pagkatapos ay nagdadasal siya ng apat [na rak‘ah] at huwag mo nang itanong pa ang ganda nito at ang haba nito. Pagkatapos ay nagdadasal siya ng tatlong [rak‘ah].” Sinabi pa ni ‘Á’ishah (RA): “Nagsabi ako: ‘O Sugo ni Alláh, natutulog ka pa ba muna bago magsagawa ng witr?’ Nagsabi ito: ***O ‘Áishah, tunay na ang mga mata ko ay natutulog ngunit hindi natutulog ang puso ko.***” Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay ‘Abdulláh Ibn ‘Amr (RA), ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi sa kanya: ***“Ang pinakakaibig-ibig na***

***dasal kay Alláh ay ang dasal ni David, sumakanya ang pagbati [ni Alláh] at ang pinakakaibig-ibig na pag-aayuno kay Alláh ay ang pag-aayuno ni David; natutulog, isang katlo siya ng kalahating gabi, nagdadasal siya ng isang ikatlong bahagi nito, at natutulog uli siya sa ikaanim na bahagi nito. Nag-aayuno siya sa isang araw at tumitigil siya sa pag-aayuno sa [kasunod na] araw."*** Iniulat ni al-Bukhárí.

Ayon kay Ibn 'Umar, may isang lalaki na nagtanong sa Sugo ni Alláh (SAS) tungkol sa saláh sa gabi kaya nagsabi ang Sugo (SAS): ***"Ang saláh sa gabi ay dalawa-dalawa ngunit kapag natakot ang sinuman sa inyo [na malampasan] ang madalang-araw, magdadasal siya ng isang rak'ah: gagawin niyang witr ang naidasal na niya."*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni 'Áishah (RA): "Ang Sugo noon, kapag nagdasal sa gabi, ay pinasisimulan niya ang saláh niya sa pamamagitan ng dalawang maikling rak'ah." Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang saláh sa gabi ay binubuo ng tigdadalawang rak'ah.
2. Ang sunnah [sa saláh sa gabi] ay labing-isang rak'ah.
3. Ang kainaman ng saláh sa huling ikatlong bahagi ng gabi.

## 21. Ilang mga Alituntunin sa Saláh na Náfililah Habang Lulan ng Sasakyan:

Ayon kay Sálim Ibn 'Abdulláh: "Ang Sugo ni Alláh (SAS) noon ay nagdarasal sakay ng kamelyo, na nakaharap

sa alin mang dakong haharap siya, at nagsasagawa rin siya ng witr sakay nito, gayunpaman hindi siya nagdarasal ng farídah sakay nito.” Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni ‘Ámir Ibn Rabí‘ah (RA): “Nakita ko ang Sugo ni Alláh (SAS) habang siya ay sakay ng kamelyo habang nagdarasal. Ipinahihiwatig niya sa pamamagitan ng [galaw ng] ulo ang alin mang dakong haharapin niya. Hindi ginagawa iyon ng Sugo ni Alláh sa mga saláh na farídah.” Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

**Ang Pagpapahintulot sa Pagdarasal na Nakaupo Habang Lulan ng Sasakyan:**

Ayon sa sinabi ni ‘Abdulláh Ibnu Shaqíq: “Tinanong ko si ‘Á’ishah (RA) hinggil sa saláh ng Sugo ni Alláh, hinggil sa kusang-loob na saláh niya kaya nagsabi ito: Siya noon ay nagdarasal ng apat na rak‘ah sa bahay ko bago sumapit ang dhuhr; pagkatapos ay lumalabas siya at namumuno sa mga tao sa saláh; pagkatapos ay pumapasok [sa bahay] at nagdarasal ng dalawang rak‘ah. Namumuno siya noon sa mga tao sa saláh sa maghrib; pagkatapos ay papasok [sa bahay] at magdarasal ng dalawang rak‘ah. Namumuno rin siya sa mga tao sa saláh sa ‘ishá’ at papasok sa bahay ko at magdarasal ng dalawang rak‘ah. Nagradasal siya noon sa gabi ng siyam na rak‘ah, kabilang sa mga ito ang witr. Nagdarasal siya noon nang mahaba sa gabi na nakatayo at nang mahaba sa gabi na nakaupo. Siya noon, kapag bumigkas [ng Qur’an] habang siya ay nakatayo, ay yumuyukod at nagpapatirapa mula nang siya ay nakatayo. Kapag naman bumigkas siya [ng Qur’an], habang siya ay nakaupo, ay

yumuyukod at nagpapatirapa mula nang siya ay nakaupo. Siya noon, kapag sumapit ang madaling-araw, ay nagdarasal ng dalawang rak'ah." Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon kay 'Abdulláh Ibn 'Amr, ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***"Ang saláh ng tao samantalang nakaupo ay kalahati ng saláh."*** Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ipinahihintulot na magdasal ng saláh na náfilah habang nakaupo sa sasakyan saan man humarap ito.
2. Ipinahihintulot na magdasal ng saláh na náfilah habang nakatayo.
3. Ang saláh ng nakaupo ay katumbas ng kalahati ng saláh ng nakatayo.

## 22. Ang Kainaman ng Araw ng Biyernes, ang mga Sunnah at ang mga Kaasalan Kaugnay Rito

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***"Ang pinakamainam na araw na sinikatan ng Araw ay ang araw ng Biyernes: sa araw na ito nilikha si Adan, sa araw na ito ipinasok siya sa Paraiso, at sa araw na ito pinalabas doon."*** Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***"Ang sinumang magsagawa ng wudú' at hinusayan niya ang pagsasagawa ng wudú', pagkatapos ay pumunta siya sa saláh sa Jumu'ah at nakikinig at nanahimik, patatawarin siya sa pagpakasala sa pagitan ng [Jumu'ah na] ito at ng [kasunod na] Jumu'ah at karagdagang tatlong araw. Ang sinumang humipo ng mga***

***bato ay nakagawa na ng walang kabuluhan.”*** Iniulat ito ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA), nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***“Ang limang saláh [na farídah] at ang jumu‘ah hanggang sa [kasunod na] Jumu‘ah at ang Ramadán hanggang sa [kasunod na] Ramadán ay mga pang-alis-sala sa pagitan ng mga ito kapag iniwasan ang mga malalaking kasalanan.”*** Iniulat ito ni Imám Muslim.

Ayon kay Abú Hurayrah, ang Sugo ni Alláh (SAS) ay bumanggit tungkol sa araw ng Biyernes; sinabi niya: ***“Dito ay may oras na kapag natatapat doon ang isang taong Muslim samantalang siya ay nakatayo habang nagdarasal na humihiling kay Alláh ng isang bagay ay ibibigay nga Niya iyon sa kanya. Ipinahiwatig niya sa pamamagitan ng kamay niya na ito ay maiksing sandali.”*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang araw ng Biyernes ay ang pinakamainam sa mga araw sa buong linggo.
2. Ang kainaman ng araw ng Biyernes at ito isang dahilan ng kapatawaran ng mga kasalanan.
3. Sa araw na ito ay may oras na kapag natapat doon ang Muslim na nananalangin kay Alláh ay tutugunin Nito siya.

## 23. Ang Kainaman ng Pagdalo ng Maaga sa Saláh sa Jumu‘ah at ang Babala Laban sa Pagliban Dito

Sinabi ni Alláh (62:9): **“O mga sumampalataya, kapag nanawagan na para sa pagdarasal ng araw ng**

**Biyernes ay magdali-dali kayo sa paggunita kay Alláh at iwan ninyo ang pagtitinda. Iyon ay mabuti sa inyo, kung nalalaman lamang ninyo.”**

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***“Ang sinumang maligo sa araw ng Biyernes ng paligong para sa janábah at pagkatapos ay nagpunta [sa masjid] ay para na ring nag-alay ng isang inahing kamelyo; at ang sinumang magpunta sa ikalawang yugto ay para na ring nag-alay ng isang inahing baka, at ang sinumang magpunta sa ikatlong yugto ay para na ring nag-alay ng isang lalaking tupa na may sungay na; at ang sinumang magpunta sa ikaapat na yugto ay para na ring nag-alay ng isang inahing manok; at ang sinumang magpunta sa ikalimang yugto ay para na ring nag-alay ng isang itlog. Kapag nagsimula na ang imám ay dumadalo ang mga anghel upang makinig ng dhikr.”*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay Ibn ‘Umar, narinig niya ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***“Talagang kailangang tigilin ng mga tao ang pagpapabaya nila sa mga jumu‘ah o kung hindi ay talagang ipipinid Niya ang mga puso nila, pagkatapos sila ay magiging mga pabaya.”*** Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ipinag-uutos na magsikap na dumalo sa saláh sa jumu‘ah kapag narinig ang panawagan (adhan) para rito.
2. Ang kalamangan ng maagang pagdalo sa saláh sa jumu‘ah.
3. Ang babala laban sa pagpapabaya sa pagdalo sa saláh sa jumu‘ah at na ito isang dahilan ng pagkapinid ng puso.

## 24. Ilan sa mga Sunnah sa Araw ng Biyernes at mga Kaasalan Kaugnay Rito

Ayon kay Abú Sa'íd al-Khudrí, ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Ang sinumang bumigkas ng [buong] Surah al-Kahf sa araw ng Biyernes, tatanglawan siya ng liwanag sa pagitan ng dalawang Biyernes."*** Iniulat nina Imám al-Hakim at Imám al-Bayhaqi

Ayon sa sinabi ni 'Abdulláh Ibn Busr (RA): "Minsan isang araw ng Biyernes, may isang lalaking dumating [sa masjid] na humahakbang sa pagitan ng mga balikat ng mga tao samantalang ang Propeta (SAS) ay nangangaral, kaya nagsabi ang Propeta (SAS): ***Maupo ka dahil nakaabala ka at nahuli kang dumating.***" Iniulat ni Imám Abú Dáwúd at Imám an-Nasá'í

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Kapag nagsabi ka sa kasama mo sa araw ng Biyernes: 'Tumahimik ka,' samantalang ang imám ay nangangaral, nakapagsalita ka ng walang kabuluhan."*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay Aws Ibn Aws (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Tunay na kabilang sa pinakamainam sa mga araw ninyo ay ang araw ng Biyernes, kaya damihan ninyo ang pananalangin ng pagpapala sa akin sa araw na iyon sapagkat ang panalangin ninyo ng pagpapala sa akin ay ilalahad sa akin.*** Nagsabi sila: O Sugo ni Alláh, paanong ilalahad ang aming panalangin ng pagpapala sa iyon kapag nabulok ka na? Sinabi niya: ***Tunay na si Alláh nagbawal sa lupa [na pabulukin] ang mga katawan ng mga Propeta.***" Iniulat ni Imám Dawud.

## Mga Aral

1. Minamabuti ang maagang pagdalo sa saláh sa jumu‘ah.
2. Tungkuling manahimik sa sandali ng khutbah (pangangaral sa araw ng Biyernes).
3. Minamabuti ang pagbigkas sa buong Súrah ng al-Kahf sa araw ng Biyernes.
4. Minamabuti ang maraming pagdalangin ng pagpapala para sa Sugo ni Alláh (SAS) sa araw ng Biyernes.

## 25. Ilan sa mga Alituntunin Kaugnay sa Saláh sa Dalawang ‘Íd

Ayon sa sinabi ni Anas (RA): “Ang Sugo ni Alláh (SAS) ay hindi pumupunta [sa pinagdadausan ng saláh para] sa ‘Ídulfitr hangga’t hindi siya nakakain ng ilang datiles.” Sa isang pagsasalaysay ni Anas (RA): “Kumakain siya ng mga [datiles na] ito na [ang bilang ay] gansal.”[9] Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni Buraydah (RA): “Ang Sugo ni Alláh (SAS) noon ay hindi lumalabas para sa araw ng ‘Ídulfitr hanggang hindi nakakakain at hindi naman siya kumakain sa araw ng ‘Ídul’adhá hangga’t hindi siya nakapagdarasal [ng saláh para sa ‘Ídul’adhá].” Iniulat Imám at-Tirmidhí

Ayon sa sinabi ni Ibn ‘Umar: “Ang Sugo ni Alláh (SAS), sina Abú Bakr at ‘Umar noon ay nagdarasal ng [saláh] ng dalawang ‘Íd bago [simulan] ang khutbah.” Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

---

[9] Ang bilang na gansal o *odd number* sa Inglis ay ang bilang na hindi mahahati nang buo sa dalawa gaya ng isa, tatlo, lima at iba pa.

Ayon sa sinabi ni Jábir Ibn Sumrah (RA): “Nagdasal ako kasama ng Sugo ni Alláh (SAS) ng [saláh sa] dalawang ‘Íd nang kung hindi isang ulit ni dalawang ulit nang walang adhán ni iqámah.” Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Sa‘íd al-Khudrí (RA): “Sa araw ng ‘Ídulfitr at ‘Ídul’adha ay pumupunta noon ang Propeta (SAS) sa dasalan at ang unang bagay na sinisimulan niya ay ang pagdarasal, pagkatapos ay umaalis siya [kinatatayuan] at tumatayo sa harap ng mga tao — samantalang ang mga tao ay nananatili sa mga hanay nila — at pinangangaralan niya sila at pinaaalalahanan niya sila.” Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Sunnah na hindi pupunta ang isang Muslim sa pagdarausan ng saláh ng ‘Ídulfitr hanggat hindi kumakain ng ilang datiles.
2. Sunnah naman na hindi muna kakain hanggang hindi naisasagawa ang saláh para sa ‘Ídul’ad'há.
3. Hindi itinatagubilin sa saláh sa ‘Íd ang pagsasagawa ng adhán at iqámah.

## 26. Saláh Para sa Eklipse

Ayon sa sinabi ni Abú Bakrah (RA): “Nakaupo kami noon sa tabi ng Sugo ni Alláh (SAS) nang maglaho ang araw. Tumayo ang Propeta (SAS) na hinihila-hila niya ang balabal niya hanggang sa makapasok siya sa masjid. Pumasok din kami at pinamunuan niya kami sa dasal na dalawang rak‘ah hanggang sa lumitaw ang araw. Pagkatapos ay nagsabi siya: ***Tunay na ang Araw at ang Buwan ay hindi naglalaho***

***dahil sa pagkamatay ng sinuman kapag nakita ninyo ang paglaho ay magdasal kayo at manalangin kayo hanggang sa mahawi sa inyong [paningin ang paglaho]*** " Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni 'Á'ishah (RA): "Naglaho minsan ang araw noong panahon ng Sugo ni Alláh (SAS), kaya namuno siya sa mga tao sa isang dasal. Tumayo siya at tinagalan niya ang pagkakatayo. Pagkatapos ay yumukod siya at tinagalan niya ang pagkakayukod; pagkatapos ay tumayo muli at tinagalan niya ang pagkakatayo, ngunit maikli kaysa sa unang pagkakatayo. Pagkatapos ay yumukod muli siya at tinagalan niya ang pagkakayukod, ngunit maikli kaysa sa unang pagkakayukod. Pagkatapos ay nagpatirapa siya [matapos tumayo] at tinagalan niya ang pagkakapatirapa. Pagkatapos ay ginawa niya sa ikalawang rak'ah ang tulad ng ginawa niya sa unang [rak'ah] at saka niya tinapos [ang saláh] nang nakalitaw na ang Araw. Pagkatapos ay nangaral siya sa mga tao. Nagpuri siya at nagbunyi kay Alláh at pagkatapos ay nagsabi: ***Tunay na ang Araw at ang Buwan ay dalawang tanda sa mga tanda ni Alláh; hindi naglalaho ang mga ito dahil sa pagkamatay ng sinuman sa inyo ni dahil o sa pagkabuhay (pagkasilang) nito. Kapag nakita ninyo iyan ay gunitain ninyo si Alláh, dakilain ninyo,***[10] ***magdasal kayo, at magkawang-gawa kayo.*** Pagkatapos ay nagsabi pa siya: ***O mga tagasunod ni Muhammad, sumpa man kay Alláh, walang isang higit na mapanibughuin pa kaysa kay Alláh [kaya bawal] na mangalunya ang lalaking***

[10] Sa pamamagitan ng pagsabi ng Alláhu akbar.

***lingkod niya o mangalunya ang babaeng lingkod niya. O mga tagasunod ni Muhammad, sumpa man kay Alláh, kung nalalaman lamang ninyo ang nalalaman ko, talaga namang tatawa kayo nang madalang at talaga namang iiyak kayo nang madalas.***" Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni ‘Abdulláh Ibn ‘Amr (RA): "Nang naglaho ang Araw noong kapanahunan ng Sugo ni Alláh ay nanawagan [ng ganito]: *Assalátu Jámi‘ah*."[11] Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

## Mga Aral

1. Kanais-nais na magsagawa ng salátul kasúf (saláh para sa eklipse) kapag nagkaroon ng eklipse sa araw man o sa gabi.
2. Ipinanawagan ito sa pamamagitan ng pagsabi ng ganito: *Assalatu Jami‘ah*.
3. Ang saláh na ito ay binubuo ng dalawang mahahabang rak‘ah na sa bawat rak‘ah ay mayroong dalawang *rukú‘* .
4. Kanais-nais na magbigay ng pangaral ang Imám sa mga tao pagkatapos ng saláh.

## 27. Ang Paghingi ng Ulan

**Ang paghingi ng ulan sa khutbah sa araw ng Biyernes:**

Ayon kay Anas Ibn Malik (RA): "Na may isang lalaki pumasok, isang araw ng Biyernes, sa pintong nakaharap sa pulpito, samantalang ang Sugo ni Alláh ay nakatayong nangangaral. Humarap siya sa Sugo ni Alláh (SAS), na nakatayo at nagsabi: O Sugo ni Alláh, namamatay na ang

[11] Ang saláh ay isasagawa sa jamá‘ah.

mga hayupan at naputol na ang mga daan, kaya manalangin ka para sa amin na paulanan Niya kami.” Nagsabi si Anas: “Kaya iniangat ng Sugo ni Alláh (SAS) ang kanyang mga kamay at nagsabi: ***O Alláh, magpaulan Ka po; o Alláh, magpaulan Ka po.***” Nagsabi pa si Anas: “Wala, sumpa man kay Alláh, wala kaming nakikita sa langit na anumang ulap ni alapaap ni anupaman, gayong wala namang namamagitan sa amin at ng [bundok] Sala‘ na gusali ni bahay.” Nagsabi uli siya: “At may lumitaw sa likod nito (bundok Sala‘) na isang ulap na tulad ng isang kalasag. At nang pumagitna na ito sa langit, kumalat ito at pagkatapos ay umulan.” Sinabi niya: “Sumpa man kay Alláh, hindi namin nakita ang araw sa loob ng ng isang linggo. Pagkaraan ay may pumasok na isang lalaki sa pintong iyon noong sumunod na Biyernes samantalang ang Sugo ni Alláh ay nakatayong nangangaral. Nakatayo itong humarap kanya at nagsabi: O Sugo ni Alláh namatay na ang mga hayupan at naputol na ang mga daan, kaya manalangin ka para sa amin na pigilin Niya ito (ulan).” Nagsabi si Anas: “Kaya iniangat ng Sugo ni Alláh (SAS) ang mga kamay niya at nagsabi: ***O Alláh, sa palibot namin at hindi sa amin; O Alláh sa mga talampas, mga bundok, mga gubat, mga burol, mga lambak, at mga tinutubuan ng mga punong-kahoy.*** Sinabi niya: Kaya naman tumigil na. Lumabas kami na naglalakad sa ilalim ng Araw. Nagsabi si Sharík: Tinanong ko si Anas: Siya rin ba ang unang lalaki? Nagsabi siya: Hindi ko alam.” Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

## Mga Aral

1. Nabanggit sa Hadith na ito ang isang tanda sa mga tanda ng pagkapropeta ni Propeta Muhammad (SAS).
2. Ipinahihintulot ang pagdalangin ng paghiling ng ulan sa sandali ng khutbah sa araw ng Biyernes.
3. Ipinahihintulot ang paghiling kay Alláh na patigilin ang ulan kapag nakasasama na ito sa mga tao.

## 28. Ang Saláh Para sa Paghiling ng Ulan

Ayon sa sinabi ni ‘Abdulláh Ibn Zayd (RA): “Nakita ko ang Propeta (SAS) na humihiling ng ulan. Humarap siya sa Qiblah na nananalangin at binaliktad niya ang balabal niya, pagkatapos ay nagdasal ng dalawang rak‘ah.” Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni ‘Á’ishah (RA): “Idinaing ng mga tao sa Sugo ni Alláh (SAS) ang mga kawalan ng ulan. Kaya nag-utos siya [na kumuha] ng plataporma at ilagay ito para sa kanya sa dasalan. At nagtakda siya ng isang araw na dadaluhan ng mga tao.” Sinabi pa ni ‘A’isha (RA): “Lumabas ang Sugo ni Alláh (SAS) nang lumitaw ang gilid ng Araw. Naupo siya sa plataporma at nagdakila at nagpuri siya kay Alláh, ang Makapangyarihan at Kapita-pitagan. Pagkatapos ay nagsabi siya: ***Ang lahat ng papuri ay ukol kay Alláh, ang Panginoon ng mga nilalang, ang Pinakanaaawa, ang Maawain, ang Nag-aari ng Araw ng Pagganti. Walang diyos kundi si Alláh; ginagawa Niya ang anumang naisin. O Alláh, Ikaw si Alláh; walang Diyos kundi Ikaw. Ikaw ang Mayaman samantalang kami ang mga maralita; magpababa Ka sa amin ng ulan at gawin Mo ang ibaba Mo para sa amin na lakas at panawid sa pansamantala.***

Pagkatapos ay inangat niya ang mga kamay niya at patuloy niya sa pag-angat hanggang sa lumitaw ang kaputian ng kili-kili niya. Pagkatapos ay ihinarap niya ang likod niya sa mga tao at binaliktad niya ang balabal niya habang inaangat niya ang mga kamay niya. Pagkatapos ay humarap siya sa mga tao at bumaba [sa plataporma] at nagdasal ng dalawang rak‘ah. Gumawa si Alláh ng ulap at kumulog at kumidlat. Pagkatapos ay umulan ayon sa kapahintulutan ni Alláh. Hindi pa siya nakarating sa kanyang masjid ay dumuloy na ang baha. Nang nakita niya ang pagmamadali nila papunta sa silungan ay tumawa siya hanggang sa lumitaw ang mga bagang niya at nagsabi: ***Sumasaksi ako na si Alláh ay may kakayahan sa lahat ng bagay at na ako ay Lingkod ni Alláh at Sugo Niya.***” Iniulat ni Imám Abú Dáwúd.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): “Lumabas ang Sugo ni Alláh isang araw upang humiling ng ulan, kaya pinamunuan niya kami sa s̲aláh na dalawang rak‘ah nang walang adhan ni iqamah. Pagkatapos ay nangaral siya sa amin, nanalangin kay Alláh at ibinaling niya ang mukha niya sa qiblah nang nakataas ang mga kamay. Pagkatapos ay binaliktad niya ang balabal niya: inilagay niya ang kanan sa kaliwa at ang kaliwa sa kanan.” Iniulat ni Imám Ibn Majah.

Ayon kay Ibnu ‘Abbás (RA): “Ang Sugo ni Alláh (SAS) ay lumabas na nakasuot pambahay, na nagpapakumbaba, na nagsusumamo [kay Alláh].”

## Mga Aral

1. Kanais-nais magsagawa ng s̲alátul istisqá na dalawang rak‘ah kalakip ng khutbah.
2. Kanais-nais na baliktarin ang balabal matapos humiling ng ulan.

3. Ipinahihintulot ang pagbibigay ng khutbah bago isagawa ang salatul istisqa o pagkatapos nito.
4. Kanais-nais na lumabas [ng bahay] nang may pagpapa kumbaba at pagpapakaaba kay Alláh.

## 29. Mga Alituntuning Kaugnay sa Ulan

### Ang Pagbabawal na Magsabing Inulan Tayo Dahil sa Ganito't Gayon at ang Sinasabi Kapag Nakita ng Ulan

Ayon sa sinabi ni Zayd Ibn Khalid al-Juhani (RA): "Nagdasal sa amin ang Sugo ni Alláh (SAS) ng dasal sa fajr sa Hudaybiyah nang ang nagdaang gabi ay umulan. Nang nakatapos na ang Propeta (SAS) [sa pagsasagawa ng saláh] ay humarap siya sa mga tao at nagsabi: ***Nalalaman ba ninyo ang sinabi ng Panginoon ninyo?*** Nagsabi sila: Si Alláh at ang Sugo Niya ay higit na nakaaalam. Nagsabi Siya: ***Kinaumagahan, ang ilan sa mga lingkod Ko ay sumasampalataya sa Akin at tumatangging sumampalataya. Kaya ang sinumang nagsabing: 'Inulan kami dahil sa kagandahang-loob ni Alláh at sa awa Niya', iyon ay isang sumasampalataya sa Akin at isang tumatangging sumampalataya sa tala; ang sinumang nagsabing: 'Inulan kami dahil sa talang ito at iyan' iyon ay tumatangging sumampalataya sa Akin at sumasampalataya sa tala.***" Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon kay 'Á'ishah (RA): "Ang Sugo ni Alláh (SAS) noon, kapag nakakita ng ulan ay nagsasabing: ***O Alláh, maging buhos ng ulan na kapaki-pakinabang nawa.***" Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

### Walang Nakaaalam Kung Kailan Darating ang Ulan Kundi si Alláh

Ayon sa sinabi ni Ibn ‘Umar, nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***“Ang susi ng nakalingid ay lima, walang nakaaalam niyon kundi si Alláh: walang isang nakaaalam kung ano ang mangyayari sa kinabukasan, walang isang nakaaalam kung ano ang magiging nasa mga sinapupunan, hindi nalalaman ng isang tao kung ano makakamit niya bukas, hindi nababatid ng isang tao kung sa aling lupain siya mamamatay, walang isang nakababatid kung kailan darating ang ulan.”*** Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

## Mga Aral

1. Ipinagbabawal na magsabing: “Inulan tayo dahil sa ganito at ganiyang bagay,” sa halip ang dapat sabihin ay: “Inulan tayo dahil sa kagandahang-loob ni Alláh at awa Niya.”
2. Kanais-nais na magsabi ng ***sayyiban nafi‘a*** (Maging buhos ng ulan na kapaki-pakinabang nawa.) kapag nakakita ng ulan.
3. Ang pagbuhos ng ulan ay ilan sa mga bagay na nakalingid na walang nakaaalam nang may katumpakan at katiyakan kundi si Alláh.

## 30. Ang S̲aláh al-Istikhárah[12]

Ayon sa sinabi ni Jábir (RA): “Ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagtuturo noon sa amin ng ***istikhárah*** kaugnay sa lahat ng bagay gaya ng pagtuturo niya sa amin ng mga súrah ng Qur’an. Sinasabi niya: ***Kapag nagpasya ang sinuman sa inyo na gawin ang isang bagay ay magsagawa siya ng dalawang rak‘ah na s̲aláh na hindi faríd̲ah at pagkatapos ay magsabi siya ng ganito:***

[12] Ang saláh na isinasagawa para humingi kay Alláh ng patnubay sa pagpapasya.

**Alláhumma inní astakhíruka bi‘ilmika,**
**wa astaqdiruka biqudratik,**
**wa as’aluka min fadlikal ‘adhími,**
**fa’innaka taqdiru wa lá aqdir,**
**wa ta‘lamu wa lá a‘lamu,**
**wa anta ‘allámul ghuyúb.**
**Alláhumma in kunta ta‘lamu**
**anna hádhal amra[13] khayrun lí**
**fí díní wa ma‘áshí wa ‘áqibati amrí,**
—maaari rin niyang sabihin: **‘ájili amrí wa ájilih**—
**faqdirhu lí wa yassirhu lí,**
**thumma bárik lí fíhi.**
**wa in kunta ta‘lamu anna hádhal amra sharrun lí**
**fí díní wa ma‘áshí wa ‘áqibati amrí,**
—maaari rin niyang sabihin: **‘ájili amrí wa ájilih**—
**fasrifhu ‘anní wasrifní ‘anhu,**
**waqdir lil khayra haythu kána,**
**thumma ardiní bih.**
***O Alláh, sumasangguni ako sa Iyo sa pamamagitan ng kaalaman Mo.***
***Humihiling ako sa Iyo ng kakayahan sa pamamagitan ng kakayahan Mo.***
***Humihingi ako mula sa dakilang kagandahang-loob Mo,***
***sapagkat tunay na Ikaw ay nakakakakaya at hindi ako nakakakakaya,***
***at nakaaalam Ka at hindi ako nakaaalam,***

[13] Banggitin niya rito ang pagpapasyang gagawin niya.

***at Ikaw ay ang pinakanakaaalam sa mga nakalingid.***
***O Alláh, kung nalalamn Mo na ang bagay na ito ay mabuti para sa akin:***
***sa relihiyon ko, pamumuhay ko at kahihinatnan ng balak ko***
—O maaari rin niyang sabihin: ***sa kasalukuyan ko at hinaharap ko—***
***itakda Mo na mangyari ito sa akin at pagaanin Mo ito para sa akin,***
***pagkatapos ay biyayaan Mo ako rito.***
***Kung nalalaman Mo na ang bagay na ito ay masama para sa akin:***
***sa relihiyon ko, pamumuhay ko at kahihinatnan ng balak ko***
—O maaari rin niyang sabihin: ***sa kasalukuyan ko at hinaharap ko—***
***ilayo Mo ito sa akin at ilayo Mo ako rito,***
***at itakda Mo na mangyari sa akin ang mabuti saanman ito, pagkatapos ay palugudin Mo ako dito.***

Nagsabi siya (SAS) na banggitin nito ang kailangan nito. Iniulat ito ni Imám al-Bukhárí.

Mga Aral

1. Kanais-nais na magsagawa ng saláh para sa istikhárah kapag ninanais ng isang Muslim na magsagawa ng isang gawaing hindi niya malinaw ang kahihinatnan nito.
2. Saklaw nito ang lahat ng gawain at isinasagawa ito bago magpasyang kumilos.

## 31. Ang Kainaman ng Pag-aaruga sa Isang Ulila at ang Pagiging Kana-nais na Pakitunguhan Ito ng May Kabaitan

Sinabi ni Alláh (93:9): **"Kaya naman ang ulila ay huwag mong siilin"**

Sinabi pa Niya (76:8): **"Nagpapakain sila–dahil sa pag-ibig sa Kanya–sa isang dukha, isang ulila at isang bihag."**

Ayon sa sinabi ni Sahl Ibn Sa'd (SAS): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ako at ang nag-aaruga ng ulila ay magiging ganito sa Paraiso.*** Ipinahiwatig niya iyon sa pamamagitan ng hintuturo at hinlalato na ibinuka niya." Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang nag-aaruga ng ulila, kamag-anak man niya o hindi niya kaanu-ano, ako at siya ay gaya nitong dalawa sa Paraiso.*** Ang tinutukoy niya ay ang hintuturo at ang hinlalato." Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang kainaman ng pag-aaruga sa ulila at ang paghihikayat na gawin iyon.
2. Na iyon ay isang dahilan sa pagpasok sa Paraiso at pag-angat ng antas doon.
3. Na saklaw nito ang lahat ng ulila, kahit pa man ito ay isang kamag-anak.

## 32. Ang Babala sa Paglustay sa Yaman ng Ulila

Sinabi ni Alláh (4:10): **"Tunay na ang mga lumulustay sa mga ari-arian ng mga ulila nang labag sa katarungan makatarungan ay nagpapasok lamang sa mga tiyan nila ng apoy. Papasok sila sa Apoy na naglalagablab."**

Ayon kay Abú Hurayrah, ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Pangilagan ninyo ang pitong makapagpapahamak na kasalanan."*** Nagsabi sila: "O Sugo ni Alláh, at ano po ang mga ito?" Sinabi niya: ***"Ang pagtatambal kay Alláh, ang panggagaway, ang pagpatay sa buhay na ipinagbawal ni Alláh [na patayin] maliban kung nasa katwiran, ang pakikinabang sa ribá,***[14] ***ang paglustay sa ari-arian ng ulila, ang pagtalikod [sa pakikipaglaban] sa araw ng digmaan, at ang paninirang-puri sa mga babaeng marangal na mananampalataya na inosente."*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Khuwaylid Ibn 'Umar al-Khuza'i (RA): "Ang Propeta (SAS) ay nagsabi: 'O Alláh, tunay na ituturing kong nagkakasala [ang lumalabag] sa dalawang mahihina: ang ulila at ang babae."

## Mga Aral

1. Ang babala laban sa pagkain sa ari-arian ng ulila nang wala sa katuwiran.
2. Na ito ay kabilang sa mga malalaking nakapapahamak na kasalanan.

[14] Ang paggamit o pagtanggap ng patubo sa pautang.

## 33. Ang Tao at Kasama ng Kanyang Iniibig

Ayon kay Anas Ibn Málik (RA): "May isang Arabeng disyerto na nagsabi sa Sugo ni Alláh: Kailan ang Araw ng paghuhukom? Nagsabi rito ang Sugo ni Alláh: ***Ano ang inihanda mo para roon?*** Nagsabi ito: 'Ang pag-ibig kay Alláh at sa Sugo Niya.' Nagsabi siya: ***Ang tao ay kasama ng kanyang iniibig.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni 'Abdulláh Ibn Mas'úd (RA): "May isang lalaking nagpunta sa Sugo ni Alláh (SAS) at nagsabi: O Sugo ni Alláh, paano po ang tingin mo sa isang taong nagmamahal sa mga tao subalit hindi pa siya umabot sa gaya ng ginagawa nila?' Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang tao ay kasama ng iniibig niya.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon kay Abú Hurayrah: "Ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***Ang mga kaluluwa ay mga hukbong ipinangkat, kaya ang nagkasang-ayunan sa mga ito ay nagbubuklod at ang mga nagkasalungatan ay nagkakaiba.***" Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang kainaman ng pagmamahal sa mga taong matutuwid, at na ito ay isand dahila ng pagiging mga kasama nila sa Paraiso, kahit man kaunti ang nagawang mabuti.
2. Ang panganib na dulot ng pag-ibig sa mga tumatangging sumampalataya at mga suwail.
3. Na ang sinumang umibig sa isang pangkat ng mga tao, siya ay mapabibilang sa kanila sa Araw ng Pagkabuhay.

## 34. Ang Kahatulan sa Paggawa ng Larawan at sa mga Larawan

Ayon sa sinabi ni Abú Talhah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Hindi pumapasok ang mga anghel sa bahay na sa loob nito ay may aso ni larawan.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni 'Abdulláh Ibn Mas'úd (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Tunay ang mga taong may pinakamatinding pagdurusa mula kay Alláh sa Araw ng Pagkabuhay na muli ay ang mga gumagawa ng larawan.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay 'Á'ishah (RA), siya ay bumili ng almuhadon[15] na may mga larawan. Nang makita ito ng Sugo ni Alláh (SAS) ay tumayo ito sa pinto at hindi pumasok. Nalaman niya sa mukha niyon ang pagksuklam. Nagsabi ito: "Sinabi ko: O Sugo ni Alláh, nagsisisi ako kay Alláh at sa Sugo Niya; anong pagkakasala ang nagawa ko? Nagsabi siya: ***Ano ang katuturan ng almohadon na tio?*** Nagsabi ito: Binili ko ito upang upuan mo ito at upang ipang-unan mo ito. Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Tunay na ang mga may gawa ng mga larawang ito ay pagdurusahin sa araw ng pagkabuhay at sasabihin sa kanila: 'Buhayin ninyo ang anumang nilikha ninyo.'*** Sinabi pa niya: ***Tunay na ang bahay ng ang loob nito ay may mga larawan ay hindi pinapasok ng mga anghel.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

---

[15] Maliit na unan na inupuan o sinasandigan.

## Mga Aral

1. Ang pagbabawal ng paggawa ng larawan at na ito ay kabilang sa mga malaking kasalanan.
2. Na ang mga anghel ay hindi pumapasok sa bahay na ang loob nito ay may larawan.
3. Na ang mga gumagawa ng mga larawan ay ang mga taong magkakamit ng pinakamatinding pagdurusa sa Araw ng Pagkabuhay.

## 35. Ang Panaginip: Ang Kabutihan Nito at ang Babala Laban sa Pagsisinungaling Tungkol Dito

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Wala nang natira sa pagkapropeta maliban pa sa mga tagapaghatid ng nakalulugod na balita.*** Nagsabi sila: ***At ano po naman ang mga tagapaghatid ng nakalulugod na balita?*** Nagsabi siya: ***Ang mabuting panaginip.***"

Ayon sa sinabi ni Abú Qatádah (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Ang mabuting panaginip ay mula kay Alláh at ang masamang panaginip ay mula kay Satanas. Kapag nanaginip ang sinuman sa inyo ng bagay na kinasusuklaman niya ay dumura siya sa kaliwa niya nang tatlong ulit at magpakupkop kay Alláh laban sa masamang dulot nito at hindi na siya mapipinsala nito.***" Iniulat nina Imám al-Bukahri at Imám Muslim.

Ayon kay Ibn 'Abbás, ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Ang sinumang magpanggap na nanaginip ng isang panaginip na hindi niyan naman nakita ay aatasang***

***pagbuhulin niya ang dalawang butil ng barley at hindi niya magagawa [iyon]."*** Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

## Mga Aral

1. Malaki ang kahalagahan ng mabuting panaginip yamang ito ay kabilang sa mga tagapagparating ng nakalulugod na balita at isang bahagi ng pagkapropeta.
2. Ang mabuting panaginip ay mula kay Alláh samantalang ang masamang panaginip ay mula kay Satanas.
3. Matindi ang parusa sa nagsisinungaling sa pagsasalaysay ng panaginip niya.

## 36. Ang mga Alituntunin at ang mga Sunnah Hinggil sa Panaginip

Ayon sa sinabi ni Abú Qatádah (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Ang mabuting panaginip ay mula kay Alláh at ang masamang panaginip ay mula kay Satanas. Kapag nanaginip ang sinuman sa inyo ng bagay na kinasusuklaman niya ay dumura siya sa kaliwa niya nang tatlong ulit at magpakupkop kay Alláh laban sa masamang dulot nito at hindi na siya mapipinsala nito.***" Iniulat nina Imám al-Bukahri at Imám Muslim. Dinagdagan naman ng ganito sa isa pang sanaysay: ***"Ibahin niya ang tagiliran niyang dati niyang hinihigaan."***

Ayon kay Abú Sa'id al-Khudrí (RA), narinig niya ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***"Kapag nakakita ang sinuman sa inyo ng panaginip na naiibigan niya, ito ay nagmula lamang kay Alláh; magpuri siya kay Alláh dahil dito at ipagsabi niya ito. Kapag nakakita naman ng hindi***

***ganoon na kinasusuklaman niya, iyon ay nagmula lamang kay Satanas; magpakupkop siya kay Alláh laban sa masama na dulot nito at huwag niyang banggitin ito sa kaninuman, at ito ay hindi makapinsala sa kanya."*** Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni Jábir (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nangangaral na nagsabi: ***Huwag ngang ipagsabi ng sinuman sa inyo ang tungkol sa paglalaro sa kanya ni Satanas sa kanyang panaginip.***"

## Mga Aral

1. Kapag nakakita ang isang Muslim sa panaginip niya ng hindi niya naibigan ay dumura siya (nang walang kasamang laway) sa kaliwa niya nang tatlong ulit at magpakupkop siya kay Alláh (magsabi ng ***a'údhu billáhi minash shayṯánir rajím***) laban masamang dulot nito at humiga siya sa ibang tagiliran niya.
2. Kapag nakakita ang isang Muslim ng panaginip na hindi niya naibigan ay huwag niyang ipagsabi iyon sa kaninuman nang hindi iyon makapinsala sa kanya.
3. Kailangang hindi ipamalita ng isang Muslim ang nakita niyang magulong panaginip na walang iba kundi paglalarao sa kanya ni Satanas.

## 37. Ang Pagtugon sa Paanyaya

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***"Ang tungkulin ng isang Muslim sa kapwa Muslim ay lima: ang pagtugon sa pagbati [nito], ang pagdalaw sa may-sakit, ang pagdalo sa libing [nito], ang***

***pagpapaunlak sa paanyaya [nito] at ang pagsabi ng*** **yar<u>h</u>amukalláh** ***(kaawaan ka ni Alláh) sa bumahin."***

Ayon sa sinabi ni Ibn 'Umar: "Nagsabi ang Sugo ni Allllah (SAS): ***Kapag inanyayahan ang sinuman sa inyo sa piging ay daluhan niya iyon.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Jábir (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Kapag inanyayahan ang sinuman sa inyo sa pagkain ay tumugon; maaari siyang kumain at maaari ring hindi niya galawin.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Sugo (SAS) ay nagsabi: ***"Kaaba-abang pagkain ang pagkain sa piging na inanyayahan doon ang mga mayaman at isinantabi ang mga dukha. Ang sinumang hindi pumunta sa paanyaya ay sumuway kay Alláh at sa Kanyang Sugo."*** Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ipinag-uutos na tugunin ang paanyaya sa piging.
2. Ang pagtugon sa paanyaya ay ilan sa tungkulin ng isang Muslim sa kapuwa niya Muslim.
3. Ang pagpapaunlak sa paanyaya ay hindi nag-oobligang kumain ng pagkain.

## 38. Ang mga Kaasalan sa Paghingi ng Pahintulot

Sinabi ni Alláh (24:27): **"O mga sumampalataya, huwag kayong pumasok sa mga bahay na hindi ninyo bahay hanggang hindi kayo humihingi ng pahintulot at bumabati sa nakatira roon."**

Sinabi pa Niya (24:59): **"Kapag sumapit na ang mga bata sa inyo sa kasapatang gulang ay humingi rin sila ng**

**paalam gaya ng paghingi ng paalam ng mga matanda sa kanila."**

Ayon sa sinabi ni Jábir (SAS): "Pumunta ako sa Propeta dahil sa utang ng aking ama. Kinatok ko ang pinto at nagsabi siya: ***Sino iyan?*** Sinabi ko naman: Ako! Nagsabi naman siya: ***Ako! Ako!*** Para siyang nainis doon [sa sinabi ko]." Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Sahl Ibn Sa'd (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ginagawa lamang ang paghingi ng paalam dahil sa makikita [na hindi dapat makita.]***" Iniulat nina Imám al-Bukrari at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Kaldah Ibn al-Hanbal: "Pumunta ako sa Propeta (SAS) at pumasok ako sa kinaroroonan niya at hindi ako bumati sa kanya kaya nagsabi ang Propeta (SAS): ***Bumalik ka at magsabi ng: Assálamu 'Alaykum at saka ka pumasok.***" Iniulat nina Imám Abú Dáwúd at Imám at-Tirmidhí.

Ayon sa sinabi ni Abú Músá al-Ash'arí (RA): "Nagsabi sa akin ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Kapag humingi ng pahintulot ang sinuman sa inyo nang tatlong ulit at hindi siya pinahintulutan ay umuwi na siya.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ipinag-uutos na magpaalam bago pumasok sa ibang bahay.
2. Sunnah na kapag tinanong ang humihingi ng pahintulot kung sino siya ay ang sabihin niya ang pangalan niya at huwag siyang magsabing: Ako.

3. Ang paghingi ng pahintulot ay hanggang tatlong ulit lamang; kapag pinahintulutan siya ay pumasok siya at kung hindi naman ay umuwi.

**39. Ang Tungkuling Mag-ingat sa mga Kaguluhang Ihinahasik ni Satanas sa mga Muslim**

Sinabi ni Alláh (17:53): **"Sabihin mo sa mga lingkod Ko na sabihin nila ang lalong mabuti. Tunay na ang Demonyo ay naghahasik ng pagkamuhi sa pagitan nila."**

Ayon sa sinabi ni Jábir (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh na nagsasabi: ***Tunay na ang Demonyo ay nawalan na ng pag-asa na sasambahin pa siya ng mga nagdarasal sa Tangway***[16] ***ng Arabia, subalit patuloy pa rin siya sa pagnunulsol sa kanila.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Jábir (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Tunay na ang trono ni Satanas ay nasa ibabaw ng dagat. Isinusugo niya ang mga kampon niya upang maghasik ng kaguluhan sa mga tao. Ang pinakadakila sa mga ito para sa kanya ay ang pinakamalaki sa kanila sa paggawa ng kaguluhan.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni 'Abdulláh Ibn Mas'úd (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Wala sa inyo ni isa man na hindi tinalagaan ng kasa-kasamang jinn.*** Nagsabi sila: Ikaw rin ba, o Sugo ni Alláh? Nagsabi siya: ***At pati ako rin; kaya nga lamang tinulangan ako ni Alláh laban dito kaya yumakap ito sa Islam kaya wala itong inuudyok sa akin kung hindi mabuti.***" Iniulat ni Imám Muslim.

---

[16] Isang kalupaang halos napaliligiran ng tubig ngunit nakadugtong sa isang malaking kalupaan, gaya ng Kabikolan at Italia.

## Mga Aral

1. Ang pagbibigay diin sa pagkamuhi ni Satanas sa mga Mananampalataya.
2. Kailangang mag-ingat sa mga kaguluhang nagaganap sa pagitan ng mga tao at magsikap na sugpuin ang mga ito dahil ang mga ito ay kabilang sa mga gawain ni Satanas.

## 40. Ang Pagtatalusira[17] at ang Babala Laban Doon

Sinabi ni Alláh (5:1): **"O mga sumampalataya, tuparin ninyo ang mga kasunduan."**

Sinabi Niya (17:34): **"Tuparin ninyo ang kasunduan; tunay na ang kasunduan ay laging pinananagutan."**

Ayon kay 'Abdulláh Ibn 'Amr (RA): "Ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***May apat [na katangian] na ang sino mang nasa kanya ang mga ito ay magiging ganap na mapagkunwari; at ang sinumang nasa kanya ang isang katangian sa mga ito ay magiging nasa kanya ang isang katangian ng pagkamapagkunwari maliban kung iiwan niya ito: kapag pinagkatiwalaan siya ay nagtataksil siya; kapag nagsalita siya ay nagsisinungaling siya; kapag nangako siya ay nagtatalusira siya; at kapag nakipagtalo siya ay nagsasalita siya nang marahas.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Ibn Mas'úd (RA): "Nagsabi ang Propeta (SAS): ***Ang bawat nagtatalusira ay may watawat sa araw ng Pagkabuhay na muli, at sasabihin: Ito ang***

[17] Sumisira sa pangako.

***pagtatalusira ni Polano.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

## Ang mga Aral

1. Ang pagbabawal sa pagtatalusira at ang babala laban dito.
2. Na ito ay kabilang sa mga katangian ng mga Munáfiq (Mapagpanggap) .
3. Ang pagbubunyag sa nagtatalusira sa araw ng pagkabuhay dahil sa kasagwaan ng kanyang ginawa.

## 41. Ang Pandaraya at ang Babala Laban Dito

Ayon kay Abú Hurayrah (RA): "Ang Sugo ni Alláh (SAS) ay napadaan sa isang tumpok ng makakain. Ipinasok niyo rito ang kamay niya at nabasa ang mga daliri niya. Kaya nagsabi siya: ***Ano ito, may-ari ng pagkain?*** Nagsabi iyon: Nabasa ito ng ulan, Sugo ni Alláh. Nagsabi siya: ***At bakit hindi mo ito inilagay sa ibabaw ng makakain upang makita ito ng mga tao. Ang sinumang nandaraya sa atin ay hindi kabilang sa atin.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang sinumang humahawak ng sandata laban sa atin ay hindi kabilang sa atin; at ang sinumang nandaraya sa atin ay hindi kabilang sa atin.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon kay Tamím Ibn Aws ad-Dárí (RA): "Ang Propeta ay nagsabi: ***Ang Relihiyon ay ang katapatan.*** Sinabi namin: Kaninu, Sugo ni Alláh? Sinabi niya: ***Kay Alláh, sa Aklat Niya, sa Sugo Niya, sa mga pinuno ng mga Muslim, at sa kabuuan nila.***" Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang pagbabawal ng pandadaya at na ito ay kabilang sa mga malaking kasalanan.
2. Ang tungkuling maging tapat sa mga kapwa Muslim at maghangad ng kabutihan para sa kanila.

## 42. Ang Pagbabawal na Magalit at ang Sinasabi at ang Ginagawa Kapag Nagalit

Ayon kay Abú Hurayrah (RA): "May lalaking nagsabi sa Propeta (SAS): Tagubilinan mo po ako. Nagsabi siya: ***Huwag kang magalit.*** At inulit-ulit nito [ang hiling na] iyon, [at sa tuwina ay] nagsasabi siya: ***Huwag kang magalit.***" Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): 'Ang malakas ay hindi sa pananaig ng lakas, datapuwat ang malakas ay ang nakapagpipigil ng sarili niya sa sandali ng galit." Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay Abú Dharr (RA): "Ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: 'Kapag nagalit ang sinuman sa inyo habang siya ay nakatayo ay maupo siya. At kung umalis ang galit sa kanya [ay sapat na iyon], at kung hindi pa ay mahiga siya." Iniulat ni Imám Abú Dáwúd.

Ayon sa sinabi ni Sulayman Ibn Surad (RA): "May naglaitan na dalawang lalaki sa harap ng Propeta (SAS) samantalang kami ay nakaupo sa tabi niya. Ang isa sa kanila ay nanglalait sa kasama nito, na galit na galit na namumula ang mukha nito. Kaya nagsabi ang Propeta (SAS): ***Tunay***

***na ako ay talagang may nalalamang salita na kung sasabihin lamang niya iyon ay talagang aalis sa kanya ang ikinagagalit niya: A'údhu billáhi minash shaytánir rajím.***[18]" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

## Ang mga Aral:

1. Ang tagubilin ng Sugo ni Alláh (SAS) na iwasan ang galit at ang pagpupuri niya sa nagpipigil ng sarili niya sa sandali ng galit.
2. Ang patnubay sa nagagalit samantalang siya ay nakatayo ay maupo siya; sapat na iyon kung naalis na sa kanya ang galit niya at kung hindi naman ay mahiga siya.
3. Ang patnubay ng Sugo (SAS) na ang sinumang nagagalit ay magpakupkop kay Alláh sa pamamagitan ng pagsabi ng: **A'údhu billáhi minash shaytánir rajím.**

## 43. Ang Pagdalaw sa mga Libingan

Ayon sa sinabi ni Sulaymán Ibn Buraydah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ako noon ay nagbawal sa inyo sa pagdalaw sa mga libingan ngunit ngayon ay dalawin na ninyo ang mga ito.***" Iniulat ni Imám Muslim. Nagdagdag si Imám at-Tirmidhí sa kanyang tala ng ganito: ***"Sapagkat ang mga ito ay nagpapaalaala sa inyo hniggil sa Kabilang-buhay."***

Ayon pa rin sa sinabi ni Sulaiman Ibn Buraydah (RA): "Ang Propeta (SAS) ay nagtuturo noon sa kanila, kapag nagsadya sila sa mga libingan, na magsabi ang bawat isa sa

[18] Nagpapakupkop ako kay Alláh laban sa Demonyo na isinumpa.

kanila: ***Assalámu 'alaykum ahlad diyári minal mu'minína wal muslimína, wa inná in shá'Alláhu bikum lá**h**iqún, as'alulláha laná wa lakumul 'áfiyah.***[19]" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Marthad (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Huwag kayong magdasal sa harap ng mga libingan at huwag ninyong upuan ang mga iyon.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang maupo ang isa sa inyo sa baga kaya sinusunog na nito ang damit niya at aabot na ito sa balat niya ay mainam para sa kanya kaysa sa maupo siya sa puntod.***" Iniulat ni Imám Muslim.

## Ang mga Aral

1. Kanais-nais na dalawain ang mga libingan sapagkat ang mga ito ay nagpapaalaala sa Kabilang-buhay.
2. Kanais-nais ang bumati kapag papasok sa libingan ng pagbating itinuro ng Sugo (SAS).
3. Ipinagbabawal ang magsagawa ng saláh na nakaharap sa mga puntod sapagkat ito ay nagsisilbing daan patungo sa pagsamba sa mga ito.
4. Ipinagbabawal ang pag-upo sa ibabaw ng mga puntod.

---

[19] Ang kapayapaan ay sumainyo, mga mamayan ng lungsod, na kabilang sa mga Mananampalataya at mga Muslim. Tunay na kung loloobin ni Alláh, sa inyo ay susunod na kami. Hinihiling ko kay Alláh para sa amin at para sa inyo ang kabutihan.

## 44. Ang Pagbabawal sa Pag-inom ng Alak

Sinabi ni Alláh (5:90): **"O mga sumampalataya, ang alak, ang sugal, ang *pag-aalay sa* mga altar at ang *pagsangguni sa* mga palaso ay karumalan lamang na kabilang sa gawain ni Satanas, kaya iwasan ninyo ang mga ito nang harinawa'y magtagumpay kayo."**

Ayon sa sinabi ni Ibn 'Umar (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang bawat nakalalasing ay alak at ang bawat alak ay haram. Ang sinumang uminom ng alak sa Mundo at namatay habang siya ay nagpakasugapa na sa alak at hindi nagsisi, hindi na niya maiinom ito sa Kabilang-buhay.*** " Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Jábir (RA): "Nagsabika ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang bawat nakalalasing ay haram. Tunay na may pangako si Alláh na talaga namang ang sinumang uminom ng nakalalasing ay papainumin Niya ng ṯínatul khabál.*** Nagsabi sila: O Sugo ni Alláh, at ano po naman ang ***ṯínatul khabál***? Sinabi niya: *Pawis ng mga mananahan sa Apoy o katas ng mga mananahan sa Apoy.*" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon kay Tariq Ibn Suwayd (RA): "Tinanong nito ang Propeta tungkol sa alak. Ipinagbawal niya iyon. Kaya sinabi nito: Ginagawa ko lamang ito bilang gamot. Nagsabi siya: ***Tunay na iyon ay hindi gamot, datapuwa't iyon ay sakit.*** " Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni 'Abdulláh Ibn 'Umar: "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang sinumang uminon ng alak sa Mundo, hindi tatanggapin ni Alláh sa kanya ang anumang***

***saláh sa loob ng apatnapung araw. Kung magsisisi siya, tatanggapin ni Alláh ang pagsisisi niya. Kung manumbalik siya [sa pag-inom], hindi tatanggapin ni Alláh sa kanya ang anumang saláh sa loob ng apatnapung araw. Kung magsisisi na naman siya, tatanggapin na naman ni Alláh ang pagsisisi niya. Kung manumbalik na naman siya [sa pag-inom], hindi na naman tatanggapin ni Alláh sa kanya ang anumang saláh sa loob ng apatnapung araw. Kung magsisisi na naman siya, tatanggapin na naman ni Alláh ang pagsisisi niya. Kung manumbalik na naman siya [sa pag-inom] sa ikaapat [na pagkakataon], hindi na naman tatanggapin ni Alláh sa kanya ang anumang saláh sa loob ng apatnapung araw. Kung magsisisi na naman siya, hindi na tatanggapin ni Alláh ang pagsisisiniya at paiinumin Nito siya ng buhat sa ilog ng Khabal.***” Iniulat ni Imám at-Tirmidhí.

Ang mga Aral

1. Ang pagbabawal sa pag-inom ng alak.
2. Ang matinding banta laban sa pag-inom nito.
3. Na ito ay sakit at hindi gamot.

## 45. Ang Pagbabanta Laban sa Pakikipagtalo, Pakikipangatuwiran at Pakikipagtungali

Ayon sa sinabi ni Abú Umámah (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Walang naligaw na mga tao matapos magkaroon ng patnubay na nasa kanila kung hindi sila binigyan ng mapagtatalunan.*** Pagkatapos ay bumigkas siya [ng talata ng Qur’án (43:58)]: **Hindi sila naghahalimbawa**

**nito para sa iyo kundi bilang pakikipagtalo.**” Iniulat ni Imám at-Tirmidhí.

Ayon sa sinabi ni ‘Á’ishah (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Tunay na ang kasuklam-suklam sa mga tao para kay Alláh ay ang napakapalaaway sa katunggali.***” Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Umámah (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ako ay gumagarantiya ng isang bahay sa kanugnog ng Paraiso para sa sinumang umayaw sa pakikipangatuwiran kahit pa man siya ay nasa totoo, ng isang bahay sa gitna ng Paraiso para sa sinumang umayaw sa pagsisinungaling kahit pa siya ay nagbibiro lamang, at isang bahay sa kataas-taasan ng Parasio para sa sino mang maganda ang kaasalan niya.***” Iniulat ni Abú Dáwúd.

Ayon kay Jábir (RA): “Ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***Tunay na ang pinakainiibig ko sa inyo at ang pinakamalapit sa inyo mula sa akin sa upuan sa araw ng pagkabuhay ay ang mga napakaganda sa inyo sa mga kaasalan; at ang kasuklam-suklam sa inyo para sa akin at napakalayo sa inyo sa akin sa araw ng Pagkabuhay ay ang mga madaldal, ang mga mapangalandakan, at ang mga mapagmayabang.*** Nagsabi sila: O Sugo ni Alláh, nalaman na namin [kung ano] ang mga madaldal at ang mga mapangalandakan ngunit ano ang mga mapagmayabang? Sinabi niya: ***Ang mga mapagmalaki.***” Iniulat ni at-Tirmidhí.

## Mga Aral

1. Ang paghihikayat na ayawan ang pakikipagtalo maliban na lamang kung makabubuti at sa paraang pinakamaganda.
2. Ang pagbabala sa matinding pakikipagtungali.
3. Na ang paglaganap ng pagtatalo ay tanda ng pagkaligaw.

4. Ang pagsuklam ng Sugo (SAS) sa mga madaldal at mga mapagmayabang sa mga tao kapag nagsasalita, ang pagiging malayo nila sa kanya sa araw ng Pagkabuhay na muli.

## 46. Ang Kainaman ng Pagtatanim at Pagsasaka

Ayon kay Jábir (RA): "Ang Sugo ni Alláh ay dumalaw kay Umm Mubashshir al-Ansaríyah sa pataniman nito ng datiles at nagsabi rito: ***Sino ang nagtanim ng mga punong datiles na ito: Muslim ba o Káfir?*** Nagsabi nito: Manapa'y Muslim. Nagsabi siya: ***Walang itinatanim ang isang taong Muslim na pananim at wala siyang sinasakang sakahan at pagkatapos ay nakakain mula rito ang isang tao o ang isang hayop o anupaman nang hindi iyon nagsisilbing kawanggawa na mula sa kanya.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Jábir (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang isang Muslim na nagtanim ng isang pananim, ang anumang kinain mula roon ay kawanggawa mula sa kanya, ang anumang ninakaw buhat doon ay kawanggawa mula sa kanya, ang anumang kinain ng hayop buhat doon ay kawanggawa mula sa kanya, ang anumang kainin ng ibon buhat doon ay kawanggawa mula sa kanya, at walang ibabawas doon ang sinuman nang hindi iyon nagiging kawanggawa mula sa kanya.***" Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang kabutihan ng pagtatanim at pagsasaka.
2. Na ang anumang kinain ng mga hayop at tao mula sa pananim at sinaka ay magiging kawanggawa mula sa kanya.

## 47. Ilan sa mga Alituntunin ng Pagtitinda at Pagbili

Ayon kay Abú Hurayrah (RA): "Ang Sugo ni Alláh (SAS) ay napadaan sa isang tumpok ng makakain. Ipinasok niyo rito ang kamay niya at nabasa ang mga daliri niya. Kaya nagsabi siya: ***Ano ito, may-ari ng pagkain?*** Nagsabi iyon: Nabasa ito ng ulan, Sugo ni Alláh. Nagsabi siya: ***At bakit hindi mo ito inilagay sa ibabaw ng makakain upang makita ito ng mga tao. Ang sinumang nandaraya sa atin ay hindi kabilang sa atin.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon kay Hákim Ibn Hizám (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi***: "Ang bumibili't nagbibili ay may kalayaang iurong ang bilihan hangga't hindi pa sila naghihiwalay. Kung kapwa sila nagsabi ng totoo at nagpahayag, kapwa sila bibiyayaan sa pagbibilihan nila; at kung kapwa sila nagsinungaling at naglihim sa katotohanan, mapapawi ang biyaya ng pagbibilihan nila."*** Iniulat ni Imám Muslim.

**Ang Pagbabawal sa Panunumpa sa Pagbibilihan:**

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh na nagsasabi: ***Ang panunumapa ay panghalina upang mabili ang paninda ngunit pampawi ng biyaya.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon kay Abú Qatádah, narinig niya ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***"Mag-ingat kayo sa madalas na panunumpa dahil ito ay humahalina upang mabili at pagkatapos ay pumapawi [ng biyaya].***"

## Mga Aral

1. Ang pagbabawal sa pandaraya sa pagtitinda at pagbili at na ito ay kabilang sa mga malalaking kasalanan.
2. Ang pagtitibay na malaya ang nagtitinda at bumibili na isauli ang paninda hangga't hindi sila nagkakahiwalay.
3. Ang panunumpa sa panunumpa sa pagtitinda at na ito ay pumapawi sa biyaya ng pangangalakal.

## 48. Ang Pagbabawal sa Madalas na Pagtawa

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Huwag ninyong dalasan ang pagtawa dahil ang madalas na pagtawa ay pumapatay sa puso.***" Iniulat ni Imám Ahmad.

Ayon sa sinabi ni 'Á'ishah (RA): "Hindi ko nakita ang Propeta na labis-labis na tumatawa para makita ko sa kanya ang titilaukan niya; ngumingiti lamang siya noon." Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni Abú Dharr: "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang pagngiti mo sa harap ng kapatid mo ay isang kawanggawa mula sa iyo; ang pagtatagubilin mo sa kabutihan at ang pagsaway mo sa masama ay isang kawanggawa; ang paggabay mo sa isang tao na nasa lupain ng pagkaligaw ay isang kawanggawa mula sa iyo; ang pag-akay mo sa tao na mahina ang paningin ay isang kawanggawa mula sa iyo; ang pag-aalis mo ng mga tinik at mga bato sa daanan ay isang kawanggawa mula sa iyo; ang pagbubuhos mo mula sa timba sa timba ng kapatid mo ay isang kawanggawa mula sa iyo.***" Iniulat ni Imám at-Tirmidhí.

## Mga Aral

1. Ang pagsaway sa madalas na pagtawa.
2. Na ito ay isang dahilan ng pagkamatay ng puso.
3. Na ito ay hindi bahagi ng patnubay ng Propeta (SAS).

## 49. Ang Pagsaway sa Sinungaling na Panunumpa

Ayon kay ‘Abdulláh Ibn Mas‘úd: “Ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Ang sinumang gumawa ng sinungaling na panunumpa upang mangamkam sa pamamagitan nito ng ari-arian ng isang taong Muslim, makatatagpo niya si Alláh na galit na galit sa kanya.*** Pagkatapos ay ibinaba ni Alláh ang pagpapatotoo nito (3:77): **Tunay na ang mga nagpapalit ng taimtim na pangako kay Alláh at ng mga sinumpaan nila sa kaunting halaga ay ang mga iyon ang walang bahagi sa Kabilang-buhay; hindi sila kakausapin ni Alláh, hindi Niya sila titingnan sa Araw ng Pagkabuhay, hindi Niya sila lilinisin sa kasalan at magkakamit sila ng masakit na pagdurusa.**” Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay Abú Umámah (RA): “Ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***Ang sinumang mangamkam ng karapatan ng isang taong Muslim sa pamamagitan ng [sinungaling na] panunumpa niya ay ipapataw ni Alláh sa kanya ang Impiyerno at ipagkakait Nito sa kanya ang Paraiso.*** May isang lalaking nagsabi: Kahit pa man isang maliit na bagay, o Sugo ni Alláh? Nagsabi siya: ***Kahit pa man isang patpat na mula sa [punong] Arak.***” Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon kay ‘Abdulláh Ibn ‘Umar (RA): “Ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Ang mga malalaking kasalanan ay ang pagtatambal kay Alláh, ang pagsuway sa mga magulang,***

***ang pagpatay ng tao, at ang panunumapang ghamús.***[20] Iniulat ni Imám al-Bukhárí. Sa isang sanaysay naman may isang Badawi na pumunta sa Propeta ni Alláh (SAS) at nagsabi: "O Sugo ni Alláh, ano po ang mga malalaking kasalanan? Nagsabi siya: ***Ang pagtatambal kay Alláh.*** Nagsabi ito: Pagkatapos ay ano pa po? Nagsabi siya: ***Ang mapanlinlang na panunumpa?*** Nagsabi naman ako: Ano naman ang mapanlinlang na panunumpa? Nagsabi siya: ***Ang panunumpang ghamús?*** Nagsabi siya: ***Ang nangangamkan ng ari-arian ng isang taong Muslim.***

## Ang mga Aral

1. Ang mariing pagbabawal sa pangangamkam ng ari-arian ng Muslim sa pamamagitan ng sinungaling na panunumpa.
2. Ang katindihan ng parusa sa sinumang gumawa niyon at na ang panunumpa ay magluloblob sa kanya sa Impiyerno.
3. Ang tungkuling mag-ingat laban dito.

## 50. Ang Pagdiin sa Pagbabawal sa Panunumpa sa Kabulaanan

Sinabi ni Alláh (22:30): **"iwaksi ninyo ang pagsasabi ng kabulaanan."**

Sinabi pa Niya (17:36): **"Huwag mong sundan ang bagay na wala kang kaalaman. Tunay na ang pandinig, ang paningin at ang puso, lahat ng iyon ay pananagutin."**

---

[20] Ang panunumpang ghamus ay ang mapanlinlang na panunumpa na maglulublob sa kasalanan at pagkatapos ay sa Impiyerno sa isang taong gumagawa ng naturang panunumapa.

Ayon sa sinabi ni Abú Bakrah (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ibig ba ninyong ipabatid ko sa inyo ang pinakamalaki sa mga malalaking kasalanan?*** Nagsabi kami: Opo, Sugo ni Alláh. Nagsabi siya: ***Ang pagtatambal kay Alláh at ang pagsuway sa mga magulang.*** Nakasandig siya at pagkatapos ay naupo siya at nagsabi: ***Mag-ingat sa pagsabi ng kabulaanan at pagsaksi sa kabulaanan; mag-ingat sa pagsabi ng kabulaanan at pagsaksi sa kabulaanan!*** Hindi siya tumigil sa pagsabi niyon hanggang sa nasabi ko na hindi siya mananahimik.” Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

## Ang mga Aral

1. Ang pagdidiin sa pagbabawal sa pagsaksi sa kabulaanan.
2. Ito ay kabilang sa napakalaking mga kasalanan yamang nagtataglay ito ng pagsisinungaling at pagwawalang-bahala sa mga karapatan ng mga Muslim.

## 51. Ang Babala Laban sa Pagsumpa (Cursing)

Ayon sa sinabi ni Thábit Ibn ad-Dahhák (RA): “Sinabi ng Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang pagsumpa sa mananampalataya ay gaya ng pagpatay sa kanya.***” Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay Abú Hurayrah (RA): “Ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***Hindi nararapat para sa isang matapat na siya ay maging isang mapanumpa.***” Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Dardá’ (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang mga mapanumpa ay hindi magiging mga tagapamagitan ni mga saksi sa araw ng pagkabuhayi.***” Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Ibn Mas‘úd (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang sumasampalataya ay hindi mapanirang-puri ni mapanumpa ni mahalay ni mapanlait.***” Iniulat nina Imám at-Tirmidhí.

Ayon sa sinabi ni Abú Dardá’ (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Tunay na ang tao, kapag nanumpa ng isang bagay, aakyat ang sumpa sa langit at mapipinid ang mga pinto ng langit upang hadlangan iyon. Pagkatapos ay babagsak iyon sa lupa at mapipinid naman ang mga pinto nito. Pagkatapos ay dadako iyon sa kanan at kaliwa. Kapag hindi iyon nakatagpo ng mapupuntahan ay babalik ito sa isinumpa kung ito naman ay karapat-dapat doon at kung hindi naman ay babalik iyon sa nagsabi niyon.***” Iniulat ni Abú Dáwúd.

## Mga Aral

1. Ang babala sa pag-uukol ng sumpa sa mga Muslim.
2. Ang sumpa kapag hindi karapat-dapat sa pinag-ukulan nito ay babalik sa nagsabi nito.
3. Ang pagsumpa ay hindi kabilang sa mga katangian ng mga Sumasampalataya at mga Matutuwid.

## 52. Mga Nasasaad Kaugnay sa Tula

Sinabi ni Alláh (26:224-227): **“Ang mga manunula, sinusundan sila ng mga lumilihis. Hindi mo ba nakita na sila sa bawat paksa ay tumatalakay at na sila ay nagsasabi ng hindi nila ginagawa, maliban sa mga sumampalataya at mga gumawa ng mga matuwid at mga gumunita kay Alláh nang madalas at nanaig matapos na labagin sila sa katarungan.”**

Ayon sa sinabi ni Ubayy Ibn Ka‘b (RA): “Ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Tunay na mula sa tula ay may [ilang] karunungan.***” Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon kay al-Barra’ Ibn ‘Azib (RA): “Ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi noong araw ng Quraydhah kay Hassan: ***Tuyain mo nang patula ang mga Mushrik dahil tunay na si [Anghel] Gabriel ay kasama mo.***” Iniulat nina Imám al-Bukhárí ay Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (RA): ***Na mapuno ang tiyan ng tao ng nana hanggang sa lamunin siya nito ay mainam pa para sa kanya kaysa sa mapuno ito ng tula.***” Iniulat nina Imám al-Bukari at Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Na may mga tulang mabuti at mayroon ding masagwa na masama pa.
2. Ang babala laban sa madalas na pagsasaulo ng tula kaya ang katawan ay wala nang lamang anumang paggunita kay Alláh at mga talata ng Qur’an.

## 53. Ang mga Ipinagbabawal Sambitin

### Ang Pagbabawal na Tawaging Káfir ang Muslim

Ayon sa sinabi ni Ibn ‘Umar (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Kapag tinawag ng isang tao na Káfir ang kapwa niya, nagindapat nga sa [katawagang] ito ang isa sa kanilang dalawa; kaya kung iyon nga ay tulad ng sinabi niya [walang masama sa kanya] at kung hindi naman ay babalik [ang katawagang] ito sa kanya.***” Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay Abú Dharr (RA): "Narinig niya ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Ang sinumang magtaguri sa isang tao ng Kufr o magsabi: 'Kaaway ni Alláh,' gayong hindi naman ito ganoon, magbabalik iyon sa kanya.***" Iniulat nina Imám al-Bukari at Imám Muslim.

Ayon kay Abú Mulayh, ayon sa isang lalaking nagsabi: "Ako ay minsang angkas ng Propeta (SAS) nang matisod ang kamelyo niya kaya nagsabi ako: Masawi si Satanas! Kaya nagsabi siya: ***Huwag kang magsabing 'Masawi si Satanas' dahil lalaki siya hanggang sa maging tulad ng bahay at magsasabi pa siya: 'Sa pamamagitan ng lakas ko ay naibuwal ko siya.' Sa halip ay magsabi ka ng Bismilláh dahil tunay na kapag sinabi mo iyon ay manliliit siya hanggang sa maging tulad ng langaw.***" Iniulat ni Imám Ahmad.

## Mga Aral

1. Ang pagbabawal na tawaging Kafir ang isang Muslim.
2. Ang pagbabawal na tawaging kaaway ni Alláh ang isang Muslim.
3. Ang pagtaguri sa pamamagitan ng dalawang nabanggit na ito ay babalik sa nagsabi nito sa taong hindi karapat-dapat sa katawagang ito.
4. Ang pagbabawal na magsabi ng: *Masawi si Satanas* at ang payong magsabi ng *Bismilláh* sa halip niyon.

## 54. Ang Kabutihan ng Pakikibaka

Sinabi ni Alláh (61:10-11): **"O mga sumampalataya, magtuturo ba Ako sa inyo ng isang palitan na magliligtas**

**sa inyo sa isang masakit na pagdurusa? Sumampalataya kayo *lagi* kay Alláh at sa Sugo Niya, at makibaka kayo sa landas ni Alláh sa pamamagitan ng mga yaman ninyo at sa pamamagitan ng mga sarili ninyo. Iyan ay mabuti para sa inyo, kung inyong nalalaman."**

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Tinanong ang Sugo ni Alláh SAS): Aling gawain ang mainam? Nagsabi siya: ***Pananampalataya kay Alláh at sa Kanyang Sugo.*** Sinabi pa: Pagkatapos ay alin pa po? Nagsabi siya: ***Ang Pakikibaka sa Landas ni Alláh.*** Sinabi pa: Pagkatapos ay alin pa po? Nagsabi siya: ***Hajj na pinagpala.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay Anas (RA): "Ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***Talaga namang ang isang umagang [ginugol] sa Pakikiba sa Landas ni Alláh o isang gabi ay higit na mainam kaysa sa mundo at anumang nasa ibabaw nito.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni 'Abdurrahmán Ibn Jubayr (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Hindi naalikabukan ang dalawang paa ng isang lingkod [ni Alláh] sa Landas ni Alláh para lamang salingin ito ng Impiyerno.***"[21] Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah: "May nagsabi: O Sugo ni Alláh, ano po ang makatutumbas sa Pakikibaka sa Landas ni Alláh? Nagsabi siya: ***Hindi ninyo makakaya iyon.*** Inulit nila sa kanya nang makalawa ulit o makatatlo. Sa

---

[21] Kapag humayo ang isang tao dahil sa pakikibaka alang-alang kay Alláh ay hindi siya masasaling ng Impiyerno.

tuwina niyon ay sinasabi niya: ***Hindi ninyo makakaya iyon.*** Pagkatapos ay nagsabi siya: ***Ang halimbawa ng Nakikibaka sa Landas ni Alláh ay katulad ng isang nag-aayuno, na nagdarasal [nang tuloy-tuloy,] na sumusunod sa mga kapahayagan ni Alláh, na hindi nanghihina [ang sigla] sa pagdarasal at pag-aayuno hanggang sa dumating ang Nakikibaka sa Landas ni Alláh.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang kadakilaan ng Pakikibaka sa Landas ni Alláh.
2. Ang Pakikibaka ay kabilang sa mga mainam na gawain.
3. Ito ay isang dahilan sa kaligtasan sa Impiyerno.

## 55. Ang Gantimpala ng Martir at Nakikibaka

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Gumarantiya si Alláh sa sinumang humahayo sa landasin Niya. [Sinabi Niya:]*** **Kung walang nagpahayo sa kanya kundi ang pakikibaka sa Landas Ko, ang pananamapalataya sa Akin, at paniniwala sa mga sugo Ko, siya ay ginagarantiyahan Ko na papapasukin Ko siya sa Paraiso o pauuwiin Ko siya sa bahay na nilabasan niya dala ang natamo niyang gantimpala o nasamsam sa digmaan.**[22] ***Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ni Muhammad ay nasa kamay Niya, walang***

[22] Ang Salita ni Alláh ay dalawang uri: ang Salita Niya na nasasaad sa Qur'an at ang Salita Niya na hindi nabanggit sa Qur'an ngunit sinabi ng Propeta Muhammad (SAS) o binanggit nito sa Hadíth na sinabi Niya. Ang una ay tinatawag na áyah at ang ikalawa ay tinatawag na Hadíth Qudsí o Banal na Hadíth. Ang Tagapagsalin.

***anumang sugat na ikinasugat sa Landas ni Alláh na hindi pupunta sa araw ng Pagkabuhay gaya ng anyo nito noong araw na nasugatan: ang kulay nito ay kulay ng dugo at ang amoy nito ay amoy ng Musk. Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ni Muhammad ay nasa kamay Niya, kung hindi nga lamang mahirap para sa mga Muslim, hindi sana ako nagpaiwan sa hulihan ng isang pulutong na nakikipaglaban sa Landas kailanman. Subalit wala akong tinataglay na yaman upang mabigyan sila ng sasakyan at wala rin silang yaman [na magagamit sa pakikibaka]. Mahirap para sa kanila na magpaiwan sila sa halip na ako. Sumpa man sa Kanya na ang kaluluwa ni Muhammad ay nasa kamay Niya, talagang ninais kong makipaglaban ako sa Landas ni Alláh at mapatay muli ako at pagkatapos ay makipaglaban muli akong mapatay at pagkatapos ay makikipaglaban muli ako at mapatay muli ako***.” Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang nararamdaman ng Martir na hapdi ng kamatayan ay gaya lamang ng nararamdaman ng sinuman sa inyo na hapdi ng kurot.***” Iniulat ni Imám at-Tirmidhí.

Ayon kay Anas (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***“Walang sinumang papasok sa Paraisno na magnanais pang bumalik sa Mundo kahit pa man ang bawat bagay sa Mundo ay sa kanya na, maliban sa Martir: nagmimithi siya na bumalik sa Mundo upang mapatay nang sampung ulit alang-alang sa makikita niyang pagpaparangal.”*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay ‘Abdulláh Ibn ‘Amr (RA): “Ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***Patatawarin ni Alláh ang martir sa lahat ng bagay maliban sa pagkakautang.***” Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang kadakilaan ng kalagayan ng Pakikibaka at na ito ay kabilang sa mga napakalaking mga dahilan ng pagpasok sa Paraiso.
2. Ang kadakilaan ng gantimpala ng isangMartir at ang pamapalubag-loob sa hapdi ng kamatayan niya.
3. Ang pag-aalay ng buhay alang-alang sa Islam ay ilan sa napakalaking mga dahilan ng pagpapawi ng mga kasalanan.

## 56. Ilang Saloobin ng mga Sahábí sa Pakikibaka

Ayon sa sinabi ni Anas (RA): “Nagtuloy ang Sugo ni Alláh (SAS) kasama ang mga kasamahan niya hanggang sa naunahan nila ang mga Mushrik sa Badr. Nang dumating na rin ang mga Mushrik ay nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Walang sinuman mula sa inyo na susulong patungo sa anumang bagay hangga’t hindi ako ang nasa una niya.*** Lumapit ang mga Mushrik kaya nagsabi siya: ***Tumindig na kayo patungo sa Paraiso na ang lawak nito ay [singlawak ng pagitan ng] mga langit at lupa.*** Nagsabi si ‘Umayr Ibn al-Himam: O Sugo ni Alláh, Paraiso na ang lawak nito ay [singlawak ng pagitan ng] mga langit at lupa? Nagsabi siya: ***Oo.*** Nagsabi naman ito: Magaling! Magaling! Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ano ang nagtulak sa iyo sa pagsabi mo ng Magaling Magaling?*** Nagsabi ito: Wala naman,

Sugo ni Alláh, kundi ang paghahangad na ako ay maging kabilang sa mga mananahan doon. Kaya nagsabi siya: ***Kung gayon, tunay na ikaw kabilang sa mga mananahan doon.*** At inilabas nito ang mga datiles mula sa talanga[23] nito at nagsimulang kumain ng mga iyon. Pagkatapos ay nakipaglaban ito sa kanila hangang sa mapatay." Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Anas (RA): "Lumiban ang amain ko na si Anas Ibn an-Nadr (RA) sa labanan sa Badr kaya nagsabi siya: O Sugo ni Alláh, lumiban po ako sa unang labanang nakipaglaban ka sa mga Mushrik. Talaga namang kung si Alláh ay magpapadalo sa akin sa pakikipaglaban sa mga Mushrik, talaga ngang makikita ni Alláh ang gagawin ko. Noong araw na ng [labanan sa] Uhud at nagsitakbuhan ang mga Muslim ay nagsabi siya: O Alláh, tunay na ako po ay humihingi ng paumanhin sa Iyo sa anumang ginawa ng mga ito—ang tinutukoy niya ang kanyang mga kasama—at nagpapaubaya sa Iyo sa anumang ginawan ng mga ito—ang tinutukoy niya ay ang mga Mushrik. Pagkatapos ay sumulong siya at nakaharap si Sa'd Ibn Mu'ádh. Nagsabi siya rito: O Sa'd Ibn Mu'ádh, ang Paraiso, sumpa man sa Panginoon ni an-Nadr! Tunay na akin nang naaamoy ang halimuyak niyon sa paanan ng [bundok ng] 'Uhud. Nagsabi si Sa'd: Hindi ko kaya, O Sugo ni Alláh, ang ginawa niya (Anas Ibn an-Nadr)." Nagsabi pa si Anas: "Natagpuan namin sa kanya ang higit sa walumpong taga ng tabak o tusok ng sibat o tama ng palaso. Natagpuan namin siyang napatay at

---

[23] Sisidlan ng mga palaso

ginutay-gutay kaya walang nakakilala sa kanya ni isa man kundi ang babaeng kapatid niya sa pamamagitan ng daliri niya. Itinuturing namin o ipinagpapalagay namin na ibinaba patungkol sa kanya, at sa mga gaya niya, ang áyah na ito (33:32): **Sa mga mananampalataya ay mayroong may mga kalalakihang tinotoo ang ipinangako nila kay Alláh** hanggang sa katapusan ng áyah.” Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon kay Shaddád Ibn al-Hád (RA): “Mayroong isang lalaking kabilang sa mga Arabeng-disyerto ang dumating sa Propeta (SAS). Sumampalataya ito sa kanya at sumunod sa kanya. Pagkatapos ay nagsabi ito: Lilikas ako sa piling mo. Tinagubilinan ng Propeta ang ilan sa mga Kasamahan niya kaugnay rito. Nang magkaroon ng labanan ay may nasamsam ang Propeta (SAS) kaya binahagi niya iyon at binahagian niya rin ito. Ipinahawak niya sa mga kasamahan niya ang ibinahagi niya para rito, na nagpapastol noon ng mga kamelyo nila. Nang dumating ito ay ibinigay nila rito iyon. Ngunit nagsabi ito: Ano ito? Nagsabi sila: Bahaging ibinahagi para sa iyo ng Propeta. Kinuha nito iyon at dinala sa Propeta (SAS) at nagsabi ito: Ano po ito? Nagsabi siya: Ibinahagi ko para sa iyo. Nagsabi ito: Hindi dahil dito kaya ako sumunod sa iyo, datapuwat sumunod ako sa iyo upang tamaan ako rito–itinuro nito ang lalamunan nito–ng palaso at mamatay ako at papasok ako sa Paraiso. Kaya nagsabi siya: ***Kung totohanin mo si Alláh, totohanin Niya iyon sa iyo.*** Nanatili sila ng mga ilang panahon at pagkatapos ay yumao sila sa pakikipaglaban sa mga kaaway. Pagkatapos ay binubuhat itong dinala sa Propeta; tinamaan ito ng palaso

sa bahaging itinuro nito. Nagsabi ang Propeta: ***Siya, siya ba?*** Nagsabi sila: 'Opo.' Nagsabi siya: ***Tinotoo nito si Alláh kaya tinotoo Niya iyon dito.***" Iniulat ni Imám an-Nasá'í.

**Mga Aral.**

1. Ang lakas ng pananampalataya ng mga Sahábí (RA) at ang pagkaibig nilang magpakamartir sa landas ni Alláh.
2. Ang katapangan nila at ang bilis ng pagkukusa nila na gumawa ng mabuti.

## 57. Ang Kainaman ng Pagtugon sa Pangangailangan ng Mga Kapwa Muslim

Ayon kay Ibn 'Umar (RA), ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***"Ang Muslim ay kapatid ng [kapwa] Muslim: hindi niya ginagawan ito ng kawalang-katarungan at hindi niya iniiwan ito sa alanganin. Ang sinumang tumutugon sa pangangailangan ng kapatid niya, si Alláh ay laging tutugon sa pangangailangan niya; ang sinumang magpawi sa isang Muslim ng isang kapighatian, magpapawi si Alláh ng isang kapighatian buhat sa mga kapighatian sa araw ng Pagkabuhay na muli; ang sinumang magtakip sa isang Muslim, pagtatakpan siya ni Alláh sa araw ng Pagkabuhay na muli."*** Iniulat nina Imám al Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): ***"Ang sinumang mag-alis sa isang sumasampalataya ng isang pighati, mag-aalis si Alláh sa kanya ng isang pighati mula sa mga pighati sa araw ng pagkabuhay; ang sinumang magpaginhawa sa isang nahihirapan, pagiginhawahin***

***siya ni Alláh sa Mundo at Kabilang-buhay; ang sinumang magtakip sa isang Muslim, pagtatakpan siya ni Alláh sa araw ng pagkabuhay. Si Alláh ay handa sa pagtulong sa tao hangga't ang tao ay handa sa pagtulong sa kapwa niya. Kapag may nagtitipon na mga tao sa isang bahay mula sa mga bahay ni Alláh, na binibigkas nila roon ang Aklat ni Alláh at nagsisipag-aralan, bumababa sa kanila ang kapanatagan, binabalot sila ng awa, pinaliligiran sila ng mga anghel at binabanggit sila ni Alláh sa sinumang nasa piling Niya. Ang sinumang pinabagal siya ng gawa niya, hindi siya pabibilisin ng kaangkanan niya."*** Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang kainaman ng pagsusumikap para tugunin ang mga pangangailangan ng mga Muslim, lalo na ang mga mahirap sa kanila dahil sa tindi ng pangangailangan nila.
2. Ang sinumang tumulong sa kapwa niya Muslim, si Alláh ay laging handang tumulong sa kanya sa sandali ng kanyang pangangailangan.

## 58. Ang Babala Laban sa mga Bid'ah at ang Tungkuling Sumunod sa Sugo (SAS)

Sinabi ni Alláh (3:31): **"Sabihin mo: Kung kayo ay umiibig kay Alláh ay sundin ninyo ako, iibigin kayo ni Alláh at magpapatawad Siya sa inyo sa mga pagkakasala ninyo."**

Sinabi pa Niya (4:65): **"Kaya hindi nga, sumpa man sa Panginoon mo, hindi sila sumasampalataya maliban kung pinahahatol ka nila sa anumang pinagkahidwaan sa**

**pagitan sa kanila, pagkatapos ay hindi sila nakatatagpo sa mga sarili nila ng isang pagtutol sa anumang ihinusga mo at nagpapasakop sila nang *tunay na* pagpapasakop.”**

Ayon sa sinabi ni ‘Á’ishah (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang sinumang magpasok sa paniniwala nating ito ng bagay na hindi naman bahagi nito, iyon ay tatanggihan.***” Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim. Sa isa namang sanaysay: ***“Ang sinumang gumawa ng isang gawaing hindi nakabatay ito sa paniniwala natin, ito ay tatanggihan.”*** Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni al-‘Irbád Ibn Sáriyah (RA): “Nangaral sa amin ang Sugo ni Alláh (SAS) ng isang masidhing pangaral, na natakot ang mga puso namin dahil doon at lumuha ang mga mata dahil doon, kaya nagsabi kami: O Sugo ni Alláh, iyan ay parang pangaral ng pamamaalam kaya tagubilinan Mo po kami. Nagsabi siya: ***Itinatagubilin ko sa inyo ang pangingilag na magkasala kay Alláh, ang pagdinig at ang pagtalima kahit pa man pamunuan kayo ng isang alipin na Ethiopiano. Tunay na ang sinumang mabubuhay [nang matagal] sa inyo ay makakikita ng maraming salungatan kaya naman bumatay kayo sa sunnah ko at sa sunnah ng mga khalífah na matutuwid na napatnubayan. Sakmalin ninyo ito ng mga bagang. Mag-ingat kayo sa mga gawa-gawang bagay dahil ang bawat bid‘ah ay pagkaligaw.***” Iniulat nina Imám Abú Dáwúd at Imám at-Tirmidhí.

Ayon sa sinabi ni Jábir (RA): “Ang Sugo ni Alláh (SAS) noon, kapag nangusap, ay nagsasabi: ***Tunay na ang pinakamainam na salita ay ang Aklat ni Alláh at ang pinakamainam na patnubay ay ang patnubay ni Muhammad at ang pinakamasamang mga bagay-bagay [sa paniniwala]***

***ay ang mga gawa-gawa sa mga ito, at ang bawat bid'ah ay pagkaligaw.***" Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang pagbabawal sa paggawa ng bid ah sa relihiyon. Iyon ay sa pamamagitan ng pag-uukol kay Alláh ng pagsambang hindi isinabatas ng Sugo ni Alláh.
2. Na ito ay kabialng sa mga malalaking kasalanan at ang gawang ito ay ibabalik sa gumawa nito.
3. Ang tungkuling mag-ingat laban sa lahat ng uri ng mga bid'ah at na ang mga ito ay masama at nauuwi sa pagkaligaw.
4. Na ang daan sa pagtamo sa pag-ibig at kapatawaran ni Alláh ay ang pagsunod sa Sugo (SAS).

## 59. Ang Kainaman ng Panalangin Para sa Sugo (SAS)

Sinabi ni Alláh (33:56): **"Tunay na si Alláh at ang mga anghel Niya ay nagpapala sa Propeta. O mga sumampalataya manalangin kayo para sa kanya at batiin ninyo siya ng pagbati."**

Ayon kay 'Abdulláh narinig niya ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***"Ang sinumang dumalangin para sa akin ng isang panalangin ng pagpapala, pagpapalain siya ni Alláh sa pamamagitan niyon nang makasmpu."*** Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Aws Ibn Aws (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Tunay na ang pinakamainam sa mga araw ninyo ay ang araw ng Biyernes, kaya dalasan ninyo ang pagdalangin para sa akin sa [araw na] ito dahil ang panalangin ninyo ay inilalahad sa akin.*** Nagsabi sila: O Sugo ni Alláh, paanong ilalahad ang panalangin namin

para sa iyo kapagka nalansag ka na? Nagsabi siya: ***Tunay na si Alláh ay nagbawal sa lupa na [bulukin] ang mga katawan ng mga propeta.***" Iniulat ni Imám Abú Dáwúd.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (RA): ***Huwag ninyong gawing ang puntod ko na dausan ng 'íd. Manalangin kayo para sa akin dahil ang panalangin ninyo para sa akin ay nakararating sa akin saanman kayo naroon.***" Iniulat ni Imám Abú Dáwúd.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Walang isa mang bumabati sa akin nang hindi ibinabalik ni Alláh sa akin ang kaluluwa ko upang tugunin ko rin siya ng pagbati.***" Iniulat ni Imám Abú Dáwúd.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Kaaba-aba ang isang taong binanggit ako sa kanya ngunit hindi siya dumalangin para sa akin.***" Iniulat ni Imám at-Tirmidhí.

## Mga Aral

1. Kanais-nais ang pagdalangin para sa Sugo (SAS).
2. Kanais-nais ang madalas na panalanging iyon lalo na sa araw ng Biyernes.
3. Ang gantimpala sa sinumang nanalangin para sa Sugo ni Alláh (SAS).

## 60. Kabutihan ng Pagpapapalugit sa Nagigipit

Ayon sa sinabi ni Hudhayfah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Kinuha ng mga anghel ang kaluluwa ng isang taong [nabuhay] noong wala pa kayo. Nagsabi sila: 'May nagawa ka bang kahit anong mabuti?' Nagsabi siya: 'Wala.' Nagsabi sila: 'Alalahanin mo mo.' Nagsabi siya:***

***'Ako ay nagpapautang noon sa mga tao at inuutusan ko ang mga utusan ko na palugitan nila ang nagigipit at palampasin nila ang [pagkukulang ng] nakaluluwag.'"*** Nagsabi siya: ***"Nagsabi si Alláh, ang Makapangyarihan at ang Kapita-pitagan:* Palampasin ninyo [ang kasalanan] niya.*"*** Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon kay Abú Hurayrah (RA) ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***"May isang tao noon na nagpapautang sa mga tao. Sinasabi niya sa utusan niya: 'Kapag may pumunta sa iyo na isang nagigipit, palampasin mo [ang kakulangan] niya; harinawa'y palampasin ni Alláh [ang kakulangan] natin. Nang nakatagpo niya si Alláh ay pinalampas Nito [ang pagkukulang] niya."*** Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon kay Abú Qatádah siningil niya ang nagkautang sa kanya ngunit nagtago ito at pagkatapos ay natagpuan niya ito at nagsabi ito: "Tunay na ako ay gipit." Kaya nagsabi siya: "Sumpa man kay Alláh?" Nagsabi ito: "Sumpa man kay Alláh." Nagsabi: "Tunay ngang narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***"Ang sinumang nalulugod na iligtas siya ni Alláh mula sa mga kapighatian sa araw ng Pagkabuhay ay magpalugit sa nagigipit o patawarin siya [sa pagkakautang]."*** Iniulat ni Imám Muslim.

Mga Aral

1. Ang pagiging kanais-nais ng pagpapalugit sa nagigipit o pagpapalampas sa pagkakautang niya.
2. Na ito ay isang dahilan sa pagkaligtas sa mga pighati sa Araw ng Pagkabuhay.
3. Na ito ay isang dahilan para sa pagpapaumanhin ni Alláh sa tao.

## 61. Ang Ribá at ang Babala Laban Dito

Sinabi ni Alláh (2:275-276): **"Ang mga nakikinabang sa ribá ay hindi babangon kundi gaya ng pagbangon ng ibinubuwal ng Demonyo dahil sa pagkabaliw. Iyan ay dahil sila ay nagsabi na ang pagbibili ay gaya lamang ng ribá. Ipinahintulot ni Alláh ang pagbibili at ipinagbawal Niya ang ribá. Kaya ang sinumang dinatnan ng isang pangaral mula sa Panginoon niya ay tumigil na at sa kanya na ang nagdaan at ang pagpapatawad sa kanya ay nasa kay Alláh na. Ang sinumang manumbalik, ang mga iyon ang mga mananahan sa Apoy; sila ay doon mananatili. Aalisan ni Alláh ng pagpapala ang ribá at palalaguin Niya ang *pinagkunan ng* mga kawanggawa. Si Alláh ay hindi umiibig sa bawat palatangging sumampalataya na makasalanan."**

Sinabi pa Niya (2:278-279): **"O mga sumampalataya, mangilag kayong magkasala kay Alláh at iwan ninyo ang anumang natira mula sa ribá kung kayo ay mga Mananampalataya. Ngunit kung hindi ninyo gagawin, tanggapin ninyo ang pahayag ng digmaan mula kay Alláh at sa Sugo Niya."**

Ayon kay Abú Hurayrah, ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Pangilagan ninyo ang pitong makapagpapahamak na kasalanan."*** Nagsabi sila: "O Sugo ni Alláh, at ano po ang mga ito?" Sinabi niya: ***"Ang pagtatambal kay Alláh, ang panggagaway, ang pagpatay sa buhay na ipinagbawal ni Alláh [na patayin] maliban kung nasa katwiran, ang pakikinabang sa ribá,[24] ang paglustay sa ari-arian ng ulila,***

---

[24] Ang paggamit o pagtanggap ng patubo sa pautang.

***ang pagtalikod [sa pakikipaglaban] sa araw ng digmaan, at ang paninirang-puri sa mga babaeng marangal na mananampalataya na inosente."*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Ibnu Mas'úd (RA): "Isinumpa ng Sugo ni Alláh (SAS) ang kumakain ng riba at nagpapakain nito." Iniulat ni Imám Muslim.

**Mga Aral**

1. Ang pagdidiin sa babala laban sa ribá at na ito ay ilan sa mga malalaking nakapagpapahamak na kasalanan.
2. Na ito ay nag-aalis ng biyaya at ang patuloy na kumakain nito ay nakikipagdigma kay Alláh at sa Sugo Niya.
3. Na ang mga naghahanapbuhay sa pamamagitan ng ribá ay mga isinumpa ayon sa pagkakasabi ng Sugo ni Alláh.

## 62. Ang Kabutihan ng Pagbigkas ng Qur'án

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Nanaisin ba ng sinuman sa inyo kapag umuwi siya sa mag-anak niya na makasumpong siya roon ng tatlong malalaki at matatabang buntis na kamelyo?*** Sinabi namin: Opo. Nagsabi siya: ***Samakatuwid, ang tatlong talata [ng Qur'án] na bibigkasin ng sinuman sa inyo sa salàh niya ay mainam pa kaysa sa tatlong malaking buntis na kamelyo.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni 'Abdulláh Ibn Mas'úd (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh: ***Ang sinumang bumigkas ng isang titik mula sa Aklat ni Alláh ay magtatamo ng isang nagawang maganda. Ang nagawang maganda ay [may gantimpalang]***

***katumbas sa sampung tulad nito. Hindi ko sinasabing ang alíf lám mím ay isang titik, manapa'y ang alíf ay isang titik, ang lám ay isang titik at ang mím ay isang titik.***" Iniulat ni Imám at-Tirmidhí.

Ayon sa sinabi ni 'Á'ishah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh: ***Ang bumibigkas ng Qur'án, at siya bihasa rito, ay makasasama ng mga [anghel] na tagatala na marangal na masunurin. Ang bumibigkas naman ng Qur'án na nauutal samantalang nahihirapan siya ay magkakamit ng dalawang [ulit na] gantimpala.***" Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang kabutihan ng pagbigkas o pagbabasa ng Qur'án.
2. Na ang pagbigkas o pagbasa ng bawat titik ay katumbas sa isang magandang nagawa.
3. Na ang bihasa sa pagbigkas nito ay makasasama ng mga tagatalang marangal na anghel sa Pariso.
4. Na ang sinumang nahirapan sa pagbigkas ay magtatamo ng dalawang ulit na gantimpala.

## 63. Ang Súrah al-Baqarah at ang Súrah Ál 'Imrán

Ayon kay Abú Hurayrah (RA) ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***"Huwag ninyong gawin ang mga bahay ninyo na mga libingan; tunay na ang Demonyo ay lumalayo sa bahay na binibigkas doon ang Súrah al-Baqarah."*** Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Umámah al-Báhilí (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Bigkasin ninyo ang Qur'án dahil ito ay darating sa araw ng pagkabuhay***

***bilang isang tagapamagitan sa mga bumibigkas nito. Bigkasin ninyo ang dalawang manining: ang [Súrah] al-Baqarah at ang Súrah Ál 'Imrán dahil ang mga ito ay darating sa araw ng Pagkabuhay na parang ang mga ito ay dalawang ulap – o parang ang mga ito ay dalawang lilim – o dalawang langkay ng mga ibon na nakabuka ang mga pakpak, na mangangatuwiran sa mga bumibigkas sa dalawang ito. Bigkasin ninyo ang Súrah al-Baqarah dahil ang pagtangkilik nito ay biyaya at ang pag-iwan nito ay hinagpis at hindi ito makakaya ng mga manggagaway.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Mas'úd: "Nagsabi ang Propeta (SAS): ***Ang sinumang bumigkas ng dalawang talata mula sa huling bahagi ng Súrah al-Baqarah sa gabi, sapat na ang dalawang ito para sa kanya.***" Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

## Mga Aral

1. Ang kalamangan ng Súrah al-Baqarah at Súrah Ál 'Imrán.
2. Na ang mga ito ay mangangatwiran sa araw ng pagkabuhay para sa mga bumibigkas ng mga ito.
3. Na ang pagbigkas ng Súrah al-Baqarah ay nagtataboy sa mga demonyo palayo sa bahay.
4. Ang kalamangan ng dalawang huling talata ng Súrah al-Baqarah.

## 64. Ang Kabutihan ng Kawanggawa at Paggugol sa Landas ni Alláh

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Walang araw na dinadatnan ng umaga ang isang tao na hindi bumababa ang dalawang anghel at nagsasabi ang isa sa dalawa: 'O Alláh, bigyan Mo po ang gumugugol ng kabayaran;' at nagsasabi ang isa pa: 'O Alláh, bigyan Mo po ang gahaman ng pagkawasak.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Hindi nabawasan ng kawanggawa ang isang yaman; walang idinagdag si Alláh sa isang tao sa pamamagitan ng paumanhin kundi karangalan; at walang sinumang nagpakumbaba kay Alláh na hindi siya itinaas ni Alláh na Makapangyarihan na Kapita-pitagan.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang sinumang magkawanggawa ng katumbas sa isang datiles mula sa kinita mula sa mabuti, yamang walang tinatanggap si Alláh kundi ang mabuti, tatanggapin ito ni Alláh sa pamamagitan ng kanang kamay niya at pagkatapos ay aalagaan Niya ito para sa may-ari nito gaya ng pag-aalaga ng sinuman sa inyo sa isang guya hanggang sa ito ay maging tulad ng bundok.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Ibn Mas'úd (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Walang kaiinggitan kundi ang dalawa: taong binigyan ni Alláh ng yaman at ginugol nito naman***

***hanggang sa maubos ito sa katotohanan at taong binigyan ni Alláh ng karunungan at siya naman ay humahatol sa pamamagitan nito at nagtuturo nito.*** " Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang kabutiahan ng kawanggawa at paggugol sa landas ni Alláh.
2. Na ang kawanggawa ay hindi tatanggapin ni Alláh kung hindi mula sa kinitang buhat sa mabuti.
3. Na ang kawanggawa ay isang dahilan upang pagpalain at palaguin ni Alláh ang yaman.

## 65. Ang Kabutihan ng Kawanggawa

Sinabi ni Alláh (4:114): **"Walang mabuti sa madalas na lihim na pag-uusap nila, maliban pa sa kanya na nagtagubilin sa paggawa ng kawanggawa o mabuti o pagkakasundo sa pagitan ng mga tao. Ang sinumang gumawa niyon dahil sa paghahangad ng lugod ni Alláh ay bibigyan Namin siya ng masaganang gantimpala."**

Sinabi pa Niya (34:39): **"Ang ginugol ninyo mula sa anumang bagay, Siya ay magpapalit nito."**

Ayon sa sinabi ni 'Abdulláh Ibn ash-Shikhkhír (RA): "Nadatnan ko ang Propeta (SAS) habang siya ay bumibigkas ng [Súrah (102:1):] **Inaabala kayo ng pagpaparamihan.** Sinabi niya: ***Nagsasabi ang anak ni Adan: ang ari-arian ko, ang ari-arian ko; at mayroon ka ba, o anak ni Adan, na anumang ari-arian mo maliban pa sa kinain mo at naubos mo o isinuot mo na niluma mo, ikinawanggawa mo na ipinauna mo?*** " Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ayon sa sinabi ng Propeta (SAS): ***“Samantalang ang isang lalaki ay nasa tigang na lupa ay nakarinig siya ng isang tinig sa ulap: ‘Patubigan mo ang hardin ni Polano.’ Pagkatapos ay lumayo ang ulap at ibinuhos nito ang tubig nito sa isang mabatong lupa. Walang anu-ano ay may isang daluyan mula sa mga daluyang iyon na sumahod sa lahat ng tubig na iyon. Kaya sinundan niya ang tubig at walang anu-ano ay may lalaking nakatayo sa hardin nito na nagbabaling ng tubig sa pamamagitan ng asarol nito. Kaya nagsabi siya rito: ‘O lingkod ni Alláh, ano ang pangalan mo?’ Sinabi nito na Polano, na siya ring pangalan na narinig niya sa ulap. Nagsabi ito: ‘O lingkod ni Alláh, bakit mo ako tinatanong tungkol sa pangalan ko?’ Nagsabi siya: ‘Ako ay nakarinig ng isang tinig sa ulap na ito na ang tubig niyon, na nagsasabi: ‘Patubigan mo ang hardin ni Polano,’ na siya ring pangalan mo. Ano ang ginagawa mo [sa biyaya] rito?’ Nagsabi ito: ‘Palibhasa yamang sinabi mo ito, tunay na ako ay tumitingin sa tumutubo mula rito; ikinakawanggawa ko ang ikatlong bahagi nito, kinakain ko at ng mag-anak ko ang ikatlong bahagi at ibinabalik ko rito ang ikatlong bahagi.”*** Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang kabutihan ng pagkakawanggawa.
2. Na ito ay isang dahilan ng paglago ng yaman at pagbaba ng biyaya rito.
3. Na ang dapat na ikinakawanggawa ng isang Muslim ay ang mula sa labis sa kanyang pangangailangan.

## 66. Ang Kabutihan ng Pagkakawanggawa (2)

Sinabi ni Alláh (2:272): **"Ang anumang ginugugol ninyo na mabuti, ay para sa mga sarili ninyo."**

Ayon sa sinabi ni 'Uqbah Ibn 'Ámir (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Ang bawat tao ay nasa lilim ng kawanggawa niya hanggang sa mahatulan na ang mga tao.***" Iniulat ni Imám Ahmad.

Ayon kay 'Adí Ibn Hátim (RA) ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***"Pangilagan ninyo ang Impiyerno kahit sa pamamagitan ng isang biyak na datiles."*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay Abú Hurayrah (RA) ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***"Kapag namatay ang anak ni Adan, napuputol ang gawa niya maliban sa tatlo: kawanggawang tuloy-tuloy o kaalamang napakikinabangan o matuwid na anak na nananalangin para sa kanya."*** Iniulat ni Imám Muslim.

### Mga Aral

1. Na ang pagkakawanggawa isang dahilan upang maligtas sa mga nakapangingilabot na bagay sa araw ng pagkabuhay.
2. Na ito isang dahilan upang maligtas sa Impiyerno kahit kakaunti ang naibigay na kawanggawa.
3. Na ito ay kabilang sa mga gawaing nagpapatuloy ang gantimpala sa nakagawa nito kahit pa patay na ito.

## 67. Ang Mainam sa Kawanggawa

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Ang mainam sa kawanggawa ay ang anumang ayon sa yaman. Magsimula ka sa sinumang [tungkuling] tustusan mo.***" Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "May dumating na isang lalaki sa Sugo ni Alláh (SAS) at nagsabi: O Sugo ni Alláh, aling kawanggawa ang pinakamalaki ang gantimpala? Nagsabi siya: ***Na magkawanggawa ka habang ikaw ay malusog, maramot, natatakot na maghirap at nagmimithi na yumaman. Huwag mong ipagpaliban ito hanggang sa maghingalo at saka magsasabi: 'Para kay Polano ang ganito, at para sa [isa pang] Polano ang ganito,' gayong mapupunta lamang iyon kay Polano [na tagapagmana niya].*** " Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni Salmán Ámir (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang kawanggawa [na ibinigay] sa dukha ay kawanggawa at kung ito naman ay [ibinigay] sa kamag-anak ay magiging dalawa: kawanggawa at pagtataguyod ng pagkakamaagnakan.*** " Iniulat ni Imám Ahmad.

## Mga Aral

1. Na ang kawanggawa na ibinigay sa mga kamag-anak ay mainam kaysa sa ibinigay sa ibang tao.
2. Na ang mainam na kawanggawa ay ang ibinibigay ng isang tao sa panahong siya ay malusog, umaasang mabubuhay pa ng matagal at may pangamba pang baka siya maghirap.

## 68. Ang Kainaman ng Paglilihim ng Kawanggawa

Sinabi ni Alláh (2:271): **"Kung ilalantad ninyo ang mga kawanggawa, kay inam ng mga ito; at kung ikukubli ninyo ang mga ito at ibibigay ang mga ito sa mga maralita, higit na mabuti iyon para sa inyo."**

Ayon kay Abú Hurayrah (RA) ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"May pitong [uri ng tao na] pasisilungin sila ni Alláh sa lilim Niya sa araw na walang lilim kundi ang lilim Niya: makatarungang pinuno; binatang lumaki sa pagsamba kay Alláh; lalaking ang puso nito ay nakatali sa mga masjid; dalawang taong nagmamahalan alang-alang kay Alláh: nagkikita alang-alang sa Kanya at naghihiwalay alang-alang sa Kanya; isang lalaking inanyayahan ng isang babaeng may mataas na kalagayan at kagandahan, ngunit nagsabi ito: 'Tunay na ako ay natatakot kay Alláh'; at isang taong nagkawanggawa ng isang kawanggawa na ikinubli nito iyon upang hindi malaman ng kaliwa nito ang ginugol ng kanan nito; at taong nang nakaalaala kay Alláh habang nag-iisa ay nag-umupaw ang mga mata nito [sa luha]."*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Tunay na ang paglilihim ng pagbibigay ng kawanggawa ay mainam kaysa paghahayag niyon.
2. Ang kainaman ng paglilihim nito at na magpapasilong si Alláh sa araw ng Pagkabuhay sa lilim ng trono Niya sa sinaumang naglilihim sa pagbibigay ng kawanggawa nito.

## 69. Ang Pagpapahintulot sa Hayagang Pagbibigay ng Kawanggawa Kung Makabubuti Iyon

Ayon sa sinabi ni Jarír (RA): "Kami ay nasa tabi ng Sugo ni Alláh noong minsang nagsisimula ang araw nang may dumating sa kanya na mga tao na mga nakayapak, na mga nakasuot ng mga tapis na batik-batik na lana at balabal,

na mga nakasukbit ang mga tabak, na ang karamihan sa kanila ay kabilang sa [lipi ng] Mudarr – kung hindi man lahat sila ay kabilang sa [lipi ng] Mudarr. Nagbago ang kulay ng mukha ng Sugo ni Alláh (SAS) noong makita niya sa kanila ang karukhaan. Pumasok siya [sa bahay] at lumabas. Inutusan niya si Bilál. Nagsagawa ito ng adhán at nagsagawa ng iqámah. Namuno siya sa saláh at pagkatapos ay nagsalita siya. Sinabi niya (4:1):[25] **'O mga tao, mangilag kayong magkasala sa Panginoon ninyo na lumikha sa inyo mula sa nag-iisang tao, at nilikha Niya mula rito ang kabiyak nito, at nagpalaganap Siya mula sa dalawang ito ng maraming kalalakihan at kababaihan. Mangilag kayong magkasala kay Alláh, na sa pamamagitan Niya ay naghihilingan kayo, at sa mga kamag-anakan; tunay na si Alláh sa inyo ay laging Tapagmasid.'** at ang áyah na nasa [Súrah] al-Hashr (59:18): **'O mga tao, mangilag kayong magkasala kay Alláh. Pagmasdan ng tao ang nagawa niya para sa kinabukasan. Mangilag kayong magkasala kay Alláh; tunay na si Alláh ay Nakababatid sa anumang ginagawa ninyo.'** [Pagkatapos nito] ay may taong nagkawanggawa ng isang dínár, mayroong isang dirham, mayrong isang damit, mayroong isang sá' ng trigo, at mayroong isang sá' ng datiles; hanggang sa nagsabi siya: ***Kahit na kalahati ng isang datiles.*** Kaya may dumating na isang lalaking kabilang sa Ansár na may dalang supot na halos di-nakayang hawakan ng palad niyon, bagkus di-nakaya nga. Pagkatapos ay nagsunuran

---

[25] Ang mga pananalitang ito na mula sa Qur'an, 4:1 at 59:18, ay kadalasang binibigkas ng Propeta (SAS) sa pagpapasimula ng talumpati.

ang mga tao hanggang sa nakakita ako ng dalawang tumpok ng pagkain at mga kasuutan, hanggang sa nakita ko ang mukha ng Sugo ni Alláh (SAS) na nagniningning na para bagang ginintuan. Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang sinumang nagpasimula sa Islam ng isang magandang alituntunin ay magtatamo ng gantimpala rito at ng [gaya sa] gantimpala ng mga gumawa nito kapag wala na siya, nang walang nababawas na anuman sa mga gantimpala nila; ang sinumang nagpasimula sa Islam ng isang masagwang alituntunin, iaatang sa kanya ang kasalanan dito at ang kasalanan ng mga gumawa nito kapag wala na siya, nang walang nababawas na anuman sa mga kasalanan nila.***" Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang pagpapahintulot sa pagpapahayag ng pagbibigay ng kawanggawa kung makabubuti rin lamang.
2. Na ito ay hindi pagpapakitang-tao datapuwat pagbibigay halimbawa sa paggawa ng mabuti.

## 70. Pagbabawal sa Panghihingi at Pagpapahintulot sa Pagtanggap nang Hindi Humihingi at Dahil sa Kagandahang-loob

Ayon sa sinabi ni 'Abdulláh Ibn 'Umar (RA): "Nagsabi ang Propeta (SAS): ***Hindi titigil ang tao sa panghihingi sa mga tao hanggang sa dumating siya sa araw ng pagkabuhay na sa mukha niya ay wala nang isang kapiranggot na laman.***" Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni H̲akím Ibn H̲izám: "Nanghingi ako sa Sugo ni Alláh (SAS) at binigyan niya ako. Pagkatapos

ay humingi muli ako sa kanya at binigyan niya muli ako. Pagkatapos ay humingi na naman ako sa kanya at binigyan na naman niya ako. Pagkatapos ay nagsabi siya: ***O Hakím, ang yaman ay sariwang bungang matamis. Ang sinumang kumuha nito nang may pagmamagandang-loob ang sarili, pagpapalain siya dahil dito; at ang sinumang kumuha nito nang may karamutan ang sarili, hindi siya pagpapalain dahil dito gaya ng isang kumakain ngunit hindi nabubusog. Ang kamay na nagbibigay ay mainam kaysa sa kamay na tumatanggap.***" Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni 'Umar (RA): "Ang Sugo ni Alláh (SAS) noon ay nagbibigay sa akin ng kaloob at sinasabi ko naman: Ibigay mo po iyan sa higit na nangangailangan niyan kaysa akin. Kaya naman nagsabi siya: ***Kunin mo iyan, kung may anumang dumating sa iyo mula sa ari-ariang ito, nang hindi ka nag-iimbot ni nanghihingi; kaya kunin mo na ito at kapag wala namang dumating ay huwag nang mismong ikaw pa ang maghabol nito.***" Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

## Mga Aral

1. Ang pagbabawal ng manghingi sa mga tao kung wala rin lamang matinding pangangailangan.
2. Ang pagpapahintulot na tanggapin ang kaloob kapag binigyaan nang hindi nanghihingi.

## 71. Ilang mga Katagang Ipinagbabawal

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh: ***Huwag ninyong laitin ang panahon dahil tunay na si Alláh ang panahon.***" ltinala ni Imám Muslim.

Ayon kay Hudhayfah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Huwag kayong magsabing 'Niloob ni Alláh at ni Polano,' sabihin ninyong 'Niloob ni Alláh at pagkatapos ay ni Polano.'***" Iniulat ni Imám Ahmad.

Ayon kay Tufayl Ibn Sakhbarah (RA), ang Sugo ni Alláh ay nagsabi: ***"Huwag kayong magsabi na 'Niloob ni Alláh at niloob ni Muhammad.'"*** Iniulat ni Imám Ahmad.

## Mga Aral

1. Ang pagbabawal na laitin ang panahon.
2. Ang pagbabawal na magsabi na: "Niloob ni Alláh at niloob ni Polano" bagkus ang dapat sabihin ay "Niloob ni Alláh at pagkatapos ay ni Polano."

## 72. Ang Paggunita sa Kamatayan at ang Pagbabawal na Magmithi Niyon

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Dalasan ninyo ang paggugunita sa [kamatayang] tagalipol ng mga sarap.***" Iniulat ni Imám at-Tirmidhí.

Ayon sa sinabi ni Anas (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Huwag ngang mithiin ng sinuman sa inyo ang kamatayan dahil sa kapinsalaan dumapo sa kanya, ngunit kung hindi maiwasang magmithi niyon ay magsabi siya: 'O Alláh panatilihin Mo po akong buhay hangga't ang mabuhay ay mainam para sa akin at bawian Mo po ako ng buhay kapag ang kamatayan ay mainam para sa akin.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Huwag mithiin ng sinuman sa inyo***

***ang kamatayan at huwag niyang ipanalangin ito bago dumating ito sa kanya. Tunay na kapag namatay ang sino man sa inyo, napuputol ang gawa niya. Tunay na walang naidaragdag sa isang mananampalataya ang edad niya kundi kabutihan.***" Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang pagiging kanais-nais ng madalas na paggunita sa kamatayan.
2. Ang pagbabawal sa pagmimithi ng kamatayan kapag dumapo ang mga kapighatian.

## 73. Ilang mga Alituntunin Kaugnay sa Paghihingalo

Ayon sa sinabi ni Abú Sa'íd al-Khudrí (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ipabigkas ninyo sa mga mamamatay sa inyo ang lá iláha illalláh (Walang Diyos kundi si Alláh.).***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Mu'ádh Ibn Jabal (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang sinumang ang huling salita niya ay lá iláha illalláh, papasok siya sa Paraiso.***" Iniulat ni Imám Abú Dáwúd.

Ayon sa sinabi ni Jábir (RA): "Narinig ko ang Propeta (SAS) bago siya yumao na tatlong ulit na nagsasabi: ***Huwag ngang mamatay ang sinuman sa inyo kung wala siyang mabuting saloobin kay Alláh.***" Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang kabutihan ng pagbigkas ng *shahádatán*.
2. Ang pagpapahintulot sa pagpapabigkas ng *shahádatán* sa isang mamamatay sa pamamagitan ng pagpapaalaala niyon sa sandali ng paghihingalo nito.

3. Ang pag-uutos na magkaroon ng magandang saloobin kay Alláh.

## 74. Ang Batayan sa Pagtanggap sa mga Matuwid na Gawa ay Alinsunod sa Pananampalataya na Pinanghahawakan sa Huling Sandali ng Buhay

Ayon sa sinabi ni ‘Abdulláh Ibn Mas‘úd (RA): “Nagsalita sa amin ang Sugo ni Alláh (SAS) at siya ang nagtototoo at pinatotohanan: ***Tunay na ang bawat isa sa inyo ay tinitipon sa sinapupunan ng ina niya sa loob ng [unang] apatnapung araw. Pagkatpos siya ay nagiging isang namuong dugo[26] sa loob ng [panahong] tulad din niyon. Pagkatapos siya ay nagiging isang pirasong laman sa loob ng [panahong] tulad din niyon. Pagkatapos ay magpapadala si Alláh sa kanya ng isang anghel na may dalang apat na salita at isusulat: ang gawa niya, ang taning niya, ang ikabubuhay niya at kung magiging miserable o maligaya. Pagkatapos ay iiihip sa kanya ang kaluluwa [niya]. Tunay na ang isang tao ay talagang [maaaring] ginagawa niya ang gawain ng isang mapupunta sa Impiyerno hanggang sa wala nang nasa pagitan niya at nito kundi isang siko at maaabutan pa siya ng nakasulat [na tadhana]. Pagkatapos ay gagawin niya ang gawain ng isang mapupunta sa Paraiso kaya naman papasok siya sa Paraiso. Tunay na ang isang tao ay talagang [maaaring] ginagawa na niya ang gawain ng isang mapupunta sa Paraiso hanggang sa wala nang nasa pagitan niya at nito kundi isang siko at maaabutan pa siya***

[26] O animo’y linta.

***ng nakasulat [na tadhana]. Pagkatapos ay gagawin niya ang gawain ng isang mapupunta sa Impiyerno kaya naman papasok siya sa Impiyerno.***" Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni Jábir (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: 'Bubuhaying muli ang bawat tao ayon sa kalagayan noong mamatay ito." Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang tungkuling pangambahan ang mamatay sa masamang kalagayan at layuan ang mga bagay na nagiging dahilan nito.
2. Na ang batayan sa pagtanggap sa mga matuwid na gawa ay alinsunod sa pananampalatayang pinanghahawakan sa huling sandali ng buhay.

## 75. Ilan sa mga Alituntunin sa Saláh al-Janázah 1

Ayon sa sinabi ni Ibn 'Abbás (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Kapag may isang taong namatay at pagkatapos ay dinasalan ang kanyang janázah ng apatnapung tao na hindi nagtatambal ng anuman kay Alláh, pahihintulutan sila ni Alláh na mamagitan para sa kanya.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni 'Á'ishah (RA): "Kapag may isang patay na dinasalan ng isang pangkat ng mga Muslim na umabot sa isandaan na lahat sila ay nakikiusap [kay Alláh] para sa kanya, pahihintulutan sila na mamagitan para sa kanya." Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Samurah Ibn Jundab (RA): "Nagdasal ako sa likod ng Propeta [sa dasal] para sa isang babaeng

namatay dahil sa nifás nito. Tumayo siya sa tabi nito, sa gitnang bahagi [ng bangkay] nito." Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Ghálib, kaawaan siya ni Alláh: "Nagdasal ako kasama ni Anas Ibn Málik (RA) sa janázah ng isang lalaki. Tumayo siya sa tapat ng ulo nito. Pagkatapos ay may dinala silang isang bangkay ng babaeng kabilang sa mga Quraysh. Nagsabi sila: 'O Abú Hamzah, dasalan mo ito.' Kaya tumayo siya sa tapat ng kalagitnaan ng papag at may nagsabi sa kanya: 'Ganyan ko nakita ang Propeta (SAS), tumayo siya sa dasal para sa patay [na babae] gaya ng pagkatayo mo, at sa [dasal para sa patay na] lalaki gaya din ng pagkatayo mo para roon.' Nagsabi siya: 'Oo.'" Iniulat ni Imám at-Tirmidhí.

Ayon sa sinabi ni 'Abdurrahmán Ibn Abí Laylá, kaawaan siya ni Alláh: "Si Zayd (RA) ay umuusal noon ng *Alláhu Akbar* nang makaapat na ulit sa janázah namin. Siya ay umusal din *Alláhu Akbar* nang makalimang ulit sa isang janázah. Tinanong ko siya kaya nagsabi naman siya: Ang Sugo ni Alláh (SAS) ay umuusal ng *Alláhu Akbar* nang ganoon." Iniulat ni Imám Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Na ang imám ay tumatayo sa saláh sa janázah sa tabi ng kalagitnaan ng babae at sa tabi ng ulo ng lalaki.
2. Na ang imám ay umuusal ng apat na *Alláhu Akbar*.
3. Ang pagpapahintulot na umuusal ng *Alláhu Akbar* nang makalimang ulit sa saláh sa janázah.
4. Ang pagiging kanais-nais ng pakikilahok ng maraming tao sa saláh sa janázah.

## 76. Ilan sa mga Alituntuning sa Saláh al-Janázah 2

**Ang pagsasagawa ng saláh sa janázah sa libingan:**

Ayon kay Abú Hurayrah (RA): “Na si Aswad — na maaaring isang lalaki o isang babae — ay naglilinis noon ng masjid. Namatay ito nang hindi nalaman ng Propeta (SAS) ang pagkamatay nito, kaya naalaala niya ito isang araw at nagsabi siya: ***Ano ang ginawa ng taong iyon?*** Nagsabi sila: Namatay na po siya, o Sugo ni Alláh. Nagsabi siya: ***Bakit hindi ninyo ipinabatid sa akin?*** Nagsabi sila: Ang salaysay po [ng pagkamatay] niya ay ganito’t gayon. Minaliit nila ang katayuan nito. Nagsabi ang Propeta: ***Ituro ninyo sa akin ang libingan niya.*** Kaya pinuntahan niya ang libingan nito at dinasalan ito.” Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon kay Abú Hurayrah (RA): “Na ang Sugo ni Alláh ay nagbalita sa pagkamatay ng Najáshi nang araw na namatay ito. Lumabas siya kasama nila patungo sa pinagdarasalan at hinanay niya sila at umusal siya para rito ng apat na *Alláhu Akbar*.” Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

### Mga Aral

1. Ang pagpapahintulot ng pagsasagawa ng saláh sa para sa patay sa libingan.
2. Ang pagpapahintulot ng pagsasagawa ng saláh sa para sa isang bangkay na nasa ibang lugar.

## 77. Ang Sinasabi sa Saláh Para sa Patay

**Ang Pagbigkas ng Súrah al-Fátihah:**

Ayon sa sinabi ni Talhah Ibn ‘Abdulláh Ibni ‘Awf, kaawaan siya ni Alláh: “Nagdasal ako sa likod ni Ibn ‘Abbás (RA) sa janázah. Binigkas niya ang Súrah al-Fátihah. Sinabi

niya: Upang malaman ninyo na ito ay sunnah." Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

**Ang Panalangin sa Saláh sa Janázah:**

Ayon sa sinabi ni 'Awf Ibn Málik (RA): "Nagdasal ang Sugo ni Alláh para sa patay at naisaulo ko ang panalangin niya. Nagsasabi niya:

**Alláhummaghfir lahu warhamhu, wa 'áfihi wa'fu 'anhu, wa akrim nuzulahu wa wassi' mudkhalahu, waghsilhu bilmá'i wath thalji wal bard, wa naqqihu minal khatáyá kamá naqqaytath thawbal abyada minad danas, wa abdilhu dáran khayram min dárihi, wa ahlan khayram min ahlihi, wa zawjan khayram min zawjihi, wa adkhilhul jannah, wa a'idhhu min 'adhábil qabri wa min 'adhábin nár.**

***(O Alláh, patawarin Mo po siya at kaawaan Mo po siya. Pangalagaan Mo po siya at pagpaumanhinan Mo po siya. Parangalan Mo po ang pagtanggap sa kanya paluwangin Mo po ang libingan niya. Hugasan Mo po siya ng tubig, niyebe at yelo at linisin Mo po siya sa mga pagkakamali gaya ng paglinis Mo sa puting kasuutan mula sa dumi. Palitan Mo po ang tahanan niya ng tahanang mainam kaysa sa dating tahanan niya, ang mag-anak niya ng mag-anak na mainam kaysa sa dating mag-anak niya, at ang asawa niya ng asawang mainam kaysa sa dating asawa niya. Papasukin Mo po siya sa Paraiso. Pangalagaan Mo po siya laban sa pagdurusa sa libingan at sa pagdurusa sa Impiyerno.)***

Anupa't minithi kong ako na sana ang patay na iyon." Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang pagbigkas ng Súrah al-Fátihah sa saláh sa janázah.
2. Ang pagpapahintulot na manalangin ayon sa panalangin ng Sugo (SAS) para sa patay matapos ang saláh sa janázah.

## 78. Ilan sa mga Alituntunin Kaugnay sa Bangkay

**Ang Pagpapahintulot na Halikan ang Bangkay:**

Ayon kay ‘Á’ishah (RA): “Na si Abú Bakr (RA) ay humalik sa Propeta (SAS) noong namatay ito.” Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

**Ang Pagbabawal sa Panlalait sa Patay:**

Ayon sa sinabi ni ‘Á’ishah (RA): “Nagsabi ang Propeta (SAS): ***Huwag ninyong laitin ang mga patay dahil sila ay nagtamo ng nagawa nila.***” Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

**Ang Pagmamadali sa Pagpapalibing:**

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***“Madiliin ninyo ang paglilibing sa] patay dahil kung ito ay isang matuwid, may isang mabuting isinusulong ninyo roon; at kung ito naman ay iba pa roon may isang masamang inilalagay ninyo sa mga leeg ninyo.”*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***“Ang kaluluwa ng isang mananampalataya ay nakabitin sa utang niya hanggang sa bayaran niya ito.”*** Iniulat ni Imám at-Tirmidhí

Ayon sa sinabi ni Ibn ‘Abbás (RA): “Nagsabi ang Propeta (SAS): ***Ang lahd ay para sa atin at ang hukay ay para sa iba.***” Iniulat ni Imám at-Tirmidhí

## Mga Aral

1. Ang pagpapahintulot na halikan ang patay.
2. Ang pagbabawal sa panlalait sa mga patay.
3. Ang pagmamadali sa paglilibing.
4. Ang tungkuling madaliin ang pagbayad sa utang ng patay.
5. Ang pagiging kanais-nais na lagyan ng *lahd* ang libingan.

## 79. Ilan sa mga Alituntunin sa Paglilibing sa Patay

Ayon sa sinabi ni ‘Uqbah Ibn ‘Ámir (RA): “May tatlong oras na pinagbabawalan kami na magdasal o maglibing ng aming mga patay: kapag nagsisimulang sumikat ang araw hanggang hindi tuluyang tumaas na ito, kapag dumating ang katanghaliang-tapat hanggang hindi lumilihis ang araw, at kapag napipinto na ang araw sa paglubog hanggang hindi tuluyang lumubog.” Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon kay Ibn ‘Umar (RA): “Na ang Propeta kapag nagpasok ng patay sa libingan ay nagsasabi ***bismilláhi wa billáhi wa ‘alá millati rasúlilláh***.”[27] Iniulat ni Imám at-Tirmidhí.

Ayon sa sinabi ni Anas (RA): “Dumalo kami sa [libing] ng anak nababae ng Sugo ni Alláh (SAS). Habang nakaupo ang Sugo ni Alláh (SAS) sa tabi ng puntod ay nakita ko ang mga mata niya na lumuluha. Nagsabi siya: ***May isa ba sa inyong hindi nakipagtalik kagabi?*** Nagsabi si Abú Talhah: Ako po. Nagsabi siya: ***Bumaba ka sa puntod niya.*** Bumaba siya at inilibing namin iyon.” Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

[27] Sa ngalan ni Alláh, sa pamamagitan ni Alláh at ayon sa relihiyon ng Sugo ni Alláh.

## Mga Aral

1. Ang pagbabawal na ilibing ang patay habang sumikat ang araw bago tuluyang tumaas, kapag pumagitna ito sa bago tuluyang lumilihis, at ilang sandali bago lumubog ang araw.
2. Na sunnah sa nagpapasok sa patay sa libingan nito na magsabi ng *bismilláhi wa billáhi wa ‘alá millati rasúlilláh.*
3. Ang pagpapahintulot na ipasok ang isang babaeng patay sa libingan nito ng isang lalaking hindi nito Mahram.

## 80. Ang Pag-uudyok Na Tiisin ang Kasawian at ang Sinasabi sa Sandaling Sumapit Ito

Sinabi ni Alláh (2:156-157): **“Na kapag dinadatnan sila ng isang kasawian ay nagsasabi sila: Tunay na tayo ay pag-aari ni Alláh at tunay na tayo ay sa Kanya magsisibalik. Ang mga iyon ay magtatamo ng mga pagpupuri mula sa Panginoon nila at awa, at ang mga iyon ay ang mga Napatnubayan.”**

Ayon kay Anas (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***“Ang tunay na pagbabata ay sandali ng unang dagok [ng kasawian].”*** Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni Umm Salamah (RA): “Narinig ko ang Sugo ni Alláh na nagsasabi: ***Walang Muslim na dinadapuan ng isang kasawian at pagkatapos ay nagsabi ng ipinag-utos sa kanya ni Alláh:*** **Inná lilláhi wa inná ilayhi ráji‘ún,** ***alláhumma’jurní fí musíbatí wakhlif lí khayram minhá.***[28]” Iniulat ni Imám Muslim.

[28] Tunay na tayo ay pag-aari ni Alláh at tunay na tayo ay sa Kanya magsisibalik. *O Alláh gantimpalaan Mo po ako dahil sa kasawiang dumapo sa akin at bigyan Mo po ako ng kapalit na mainam kaysa roon.*

Ayon sa sinabi ni Suhayb (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Kataka-taka ang lagay ng mananampalataya. Tunay na ang lagay niya ay pawang mabuti. Hindi iyon taglay kundi ng mga mananampalataya. Kapag dinapuan siya ng nakalulugod, nagpapasalamat siya. Iyon ay mabuti para sa kanya. Kapag dinapuan siya ng nakalulumbay, nagtitiis siya. Iyan ay mabuti rin para sa kanya.***" Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral:

1. Ang kabutihan ng pagtitiis sa sandali ng mga kasawian.
2. Na ang kapuri-puring pagtitiis ay ang anumang sa unang pagkakataon.
3. Na ang ang pagtitiis sa sandali ng mga kapighatian ay ilan sa mga katangian ng mga mananampalataya.
4. Ang kalamangan ng pagsambit ng dhikr sa sandali ng kasawiaan.

## 81. Ang Tagubilin at ang mga Alituntunin Dito

Ayon kay Ibn 'Umar (RA), ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***"Hindi nararapat sa isang taong Muslim na may isang bagay na ninanais niyang magtagubilin hinggil dito na mananatili ng dalawang gabi maliban kung ang tagubilin niya ay nakasulat na hawak niya."*** Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Sa'd Ibn Abí Waqqás (RA): "Nagsabi ako: O Sugo ni Alláh, ako ay may ari-arian ngunit wala akong mapapamanahan kundi anak na babae kong nag-iisa; kaya ikakawanggawa ko ba ang dalawang ikatlo ng ari-arian ko? Nagsabi siya: ***Huwag.*** Nagsabi ako: Ikakawanggawa ko ba

ang kalahati niyon? Nagsabi siya: ***Huwag.*** Nagsabi ako: Ikakawanggawa ko ba ang ikatlo niyon? Nagsabi siya: ***Ang ikatlo. Ang ikatlo ay marami na. Na ikaw ay mag-iiwan sa mga tagapagmana mo na mga mayaman ay mainam kaysa sa iwan mo silang mga hikahos na nagpapalimos sa mga tao.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Umámah al-Báhilí (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Tunay na si Alláh ay nagbigay sa bawat may karapatan ng karapatan nito, kaya wala nang tagubilin para sa tagapagmana.***" Iniulat ni Imám at-Tirmidhí.

Ayon kay 'Á'ishah (RA): "May isang lalaking pumunta sa Propeta (SAS) at nagsabi: O Sugo ni Alláh, tunay na ang ina ko ay biglang namatay at hindi nakapagtagubilin. Ipinagpapalagay ko na kung nakapagsalita lamang siya ay nagkawanggawa sana siya. Magtatamo ba siya ng gantimpala kung magkakawanggawa ako para sa kanya? Nagsabi siya: ***Oo***." Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang sinumang may tagubilin ay inaatasang isakasulatan ang huling habilin at huwag magpabaya sa bagay na ito.
2. Ang pagpapahintulutot sa isang tao na ipagkaloob sa pamamagitan ng tagubilin bago mamatay ang hanggang sa ikatlong bahagi ng kanyang ari-arian.
3. Ang pagbabawal sa paglalaan para sa ibang tagapagmana sa pamamagitan ng huling habilin ng higit pa sa karapatan nitong manahin.
4. Ang pagpapahintulot na magkawanggawa alang-alang sa patay kahit pa man hindi ito nagbilin.

## 82. Ilan sa mga Alituntunin sa Pagpapamana

Ayon sa sinabi ni Ibn ‘Abbás (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ibigay ninyo ang mga bahagi sa mga karapat-dapat sa mga ito at ang anumang natira ay para sa pinakamalapit na kamag-anak na lalaki.***” Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Umámah al-Báhilí (RA): “Narinig ko ang Sugo ni Alláh (SAS) na nagsasabi: ***Tunay na si Alláh ay nagbigay sa bawat may karapatan ng karapatan nito, kaya wala nang tagubilin para sa tagapagmana.***” Iniulat ni Imám at-Tirmidhí.

## Mga Aral

1. Na ang paghahati sa mga pamana ay isang patakarang isinapatakaran ni Alláh mismo.
2. Na hindi ipinahihintulot na gumawa ng huling habilin para sa isang likas na tagapagmana.
3. Na kapag may natira sa pamana matapos ipamahagi sa mga likas na tagapagmana ang kanilang bahagi ay ibibigay ito sa pinakamalapit na lalaking kamag-anak ng namatay.
4. Na walang pagmamanahan sa pagitan ng Muslim at Káfir.

## 83. Ang Pagpapahintulot na Iyakan ang Patay Kung Hindi Dahil sa Labis na Paghihinanakit at Pagkainis

Ayon sa sinabi ni Anas (RA): “Pumasok kami kasama ng Sugo ni Alláh sa kinaroroonan ni Abú Sayf na panday, ang asawa ng mamay[29] ni Ibráhím. Kinuha ng Sugo ni Alláh (SAS) si Ibráhím, hinalikan niya ito at inamoy niya ito. Pagkaraan ay pumasok uli kami sa kinaroroonan ni Abú

[29] Babaeng nagpapasuso ng gatas niya sa batang hindi niya anak.

Sayf matapos niyon samantalang si Ibráhím ay naghahabol ng hininga nito. Nagsimulang lumuha ang mga mata ng Sugo ni Alláh (SAS). Kaya nagsabi si ‘Abdurrahmán na anak ni ‘Awf (RA): Ikaw [ay umiiyak rin,] o Sugo ni Alláh? Kaya nagsabi siya: ***O anak ni ‘Awf, tunay ito ay awa.*** Pagkatapos ay sinundan pa iyon ng isa pang pag-iyak. Nagsabi siya: ***Tunay na ang mata ay lumuluha, ang puso ay nalulungkot, ngunit wala tayong sasabihin kundi ang ikinalulugod ng Panginoon natin. Tunay na kami, sa pagyao mo Ibráhím, ay mga nalulungkot.***” Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni Usámah Ibn Zayd (RA): “Nagsugo ang anak na babae ng Propeta (SAS) [ng isang magsasabi sa Propeta (SAS)] na ang anak nito ay naghihingalo na kaya daluhan niya ito. Kaya nagpadala siya ng isang bibigkas ng pagbati ng kapayapaan at magsasabing: ***Tunay na kay Alláh ang kinuha Niya, Kanya ang ibinigay Niya at ang bawat bagay para sa Kanya ay may itinakdang panahon, kaya magpakamatiisin ka at umasang gagantimpalaan [ni Alláh].*** Nagsugo naman ito [ng magsabing] nakikiusap ito sa kanya na talagang puntahan nga niya ito. Kaya tumindig siya upang pumunta na. Kasama niya sina Sa‘d Ibn ‘Ubádah, Mu‘ádh Ibn Jabal, Ubayy Ibn Ka‘b, Zayd Ibn Thábit at ilan pang mga kalalakihan, kalugdan sila ni Alláh. Iniangat sa harap ng Propeta (SAS) ang bata at pinaupo niya ito sa kandungan niya samantalang nababalisa ang kaluluwa nito. Umawas sa luha ang mga mata niya kaya nagsabi si Sa‘d: O Sugo ni Alláh, ano ito? Sinabi niya: ***Ito ay awang inilalagay ni Alláh sa mga puso ng sinumang naisin Niya sa mga lingkod Niya. Kinaaawaan lamang ni Alláh mula sa mga***

***lingkod Niya ang mga maawain.***” Iniulat nin Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang pagpapahintulot sa pag-iyak sa patay nang walang panaghoy o paghihinanakit at pagkainis sa itinakda ni Alláh.
2. Ang awa ng Sugo (SAS) at lambot ng puso niya.

## 84. Ang Gantimpala sa Katatagan ng Pagtanggap sa Kamatayan ng mga Anak

Ayon sa sinabi ni Anas (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Walang taong Muslim na namatayan ng tatlong anak na hindi pa sumapit sa sapat na gulang, na hindi papapasukin ni Alláh sa kagandahang-loob ng awa Niya sa kanila.***” Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Sinumang namatayan sa isa sa mga Muslim ng tatlong anak, masasaling lamang siya ng Apoy [ng Impiyerno] bilang pagtupad sa sumpa.***” Iniulat ni Imám at-Tirmidhí.

Ayon sa sinabi ni Abú Sa‘íd al-Khudrí (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang isang babaeng namatayan ng tatlo sa mga anak niya, ang mga ito ay magsisilbing tabing para sa kanya sa Apoy ng Impiyerno.*** May babaeng nagsabi: At kung dalawa? Nagsabi siya: ***Kahit dalawa.***” Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

## Mga Aral

1. Ang laki ng gantimpalang tatamuhin kung mawalan ng anak kalakip ng pagpapakatatag na tanggapin iyon.

2. Na ang pagpapakatatag sa pagtanggap sa pagkawala ng anak ay isang dahilan sa pagpasok sa Paraiso.
3. Ang laki ng awa at lawak ng kagandahang-loob ni Alláh.

## 85. Ang Kabutihan ng Pagdarasal Para sa Patay, ang Pagdalo sa Libing Nito at Ang Ilan sa mga Alituntunin Dito

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang sinumang dumalo sa libing ng patay hanggang sa dasalan ito ay magkakamit ng isang qírát [na gantimpala]; ang sinumang dumalo rito hanggang sa mailibing ito ay magkakamit ng dalawang qírát [na gantimpala].*** May nagsabi: At ano po ang dalawang *qírát*? Nagsabi siya: ***Tulad ng dalawang malaking bundok.***" Iniulat ni Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni al-Barrá' Ibn 'Ázib (RA): "May pitong ipinag-utos sa amin ang Sugo ni Alláh: pagdalaw sa may-sakit, pagdalo sa libing, paggsabi ng *yarhamukalláh*[30] sa bumahin, pagsaklolo sa mahina, pagtulong sa nagawan ng kawalang-katarungan, pagpapalaganap ng pagbati at pagtulong na matupad panunumpa ng isang nanunumpa." Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Sa'íd al-Khudrí, ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Kapag nakikita kayo ng pagpapalibing ng patay ay magsitayo kayo; at ang sinumang sumama rito ay huwag siyang umupo hanggang sa mailagay ito [sa lupa]."*** Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

[30] Kaawaan ka ni Alláh, kung ang bumahin ay nagsabi ng *alhamdu lilláh*.

Ayon sa sinabi ni Umm ‘Atíyah (RA): “Ipinagbawal sa amin ang pagsunod sa libing ng patay subalit hindi naman hinigpitan [ang pagbabawal na] iyon.” Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

## Mga Aral

1. Na bahagi ng sunnah ang pagdalo sa libing.
2. Ang laki ng gantimpala ng sinumang gumawa niyon.
3. Na ang sunnah sa sinumang sumama sa libing ng patay ay huwag munang umupo hangga ito nailalagay sa lupa.
4. Ang pagbabawal sa mga babae na dumalo sa libing.

## 86. Ang Magaganap sa Patay sa Libingan Nito

Ayon kay Anas, ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***“Ang tao—kapag inilagay sa libingan nito, tinalikuran na at umalis na ang mga nakilibing sa kanya, anupa’t tunay na kanya pa ngang naririnig ang yabag ng mga sapin sa paa nila — ay pinupuntahan siya ng dalawang anghel at pauupuin nila siya at magsasabi sila sa kanya: ‘Ano ang sinasabi mo noon sa taong ito na si Muhammad?’ At magsasabi siya: ‘Sumasaksi ako na siya ay Lingkod ni Alláh at Kanyang Sugo.’ Kaya magsasabi: ‘Tingnan mo ang luklukan mo sana sa Impiyerno na pinalitan ni Alláh alang-alang sa iyo ng isang luklukan sa Paraiso.”*** Nagsabi pa ang Propeta (SAS): ***“Kaya kapwa niya makikita ang dalawang ito. Tungkol naman sa Káfir o Munáfiq***[31] ***ay magsasabi naman ito: ‘Hindi ko alam; sinasabi ko noon***

[31] Nagpapanggap o nagkukunwaring Muslim. Masahol pa ito sa isang Káfir.

***ang sinasabi ng mga tao.' Kaya may mag sasabi: 'Hindi mo nalaman at hindi mo tinatanggap ang patnubay.' Pagkatapos ay pupukpukin siya ng martilyong bakal ng isang pukpok sa pagitan ng mga tainga niya. Mapasisigaw siya ng sigaw na maririnig ng anumang nasa malapit sa kanya maliban sa tao at jinní."*** Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon kay 'Abdulláh Ibn 'Amr, ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsabi: ***"Tunay na ang sinuman sa inyo kapag namatay, itinatambad sa kanya ang luklukan niya [sa Kabilang-buhay] sa umaga at gabi. Kung siya ay kabilang sa mga mananahan sa Paraiso, [ipakikita ang luklukan niya] kabilang sa mga mananahan sa Paraiso; at kung siya naman ay kabilang sa mga mananahan sa Impiyerno, [ipakikita ang luklukan niya] kabilang sa mga mananahan sa Impiyerno. May magsasabi sa kanya: 'Ito ang luklukan mo hangang sa buhayin kang muli ni Alláh sa araw ng pagkabuhay.'"*** Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang pagpapatunay na tatanungin ng dalawang anghel ang patay sa libingan.
2. Ang pagpapatunay na may pagdurusa at kaginhawahan sa libingan.
3. Na makikita ng patay ang kalalagyan niya sa Pariso o sa Impiyerno bago pa man sumapit ang Araw ng Pagkabuhay.

## 87. Ang Atas na Patagin ang Libingan

Ayon sa sinabi ni Abú al-Hayyáj, kaawaan siya ni Alláh: "Sinabi sa akin ni 'Alí Ibn Abí Tálib (RA): Hayaan mong iparating ko sa iyo ang ipinarating sa akin ng Sugo ni Alláh (SAS): ***Na hindi mo iiwan ang isang larawan kung hindi mo ito napawi, ni ang isang puntod na mataas kung hindi mo ito napatag.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Fudálah Ibn 'Ubayd (RA): "Narinig ko ang Sugo ni Alláh na nag-uutos na patagin ang puntod." Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Jábir (RA): "Ipinagbawal ng Sugo ni Alláh (SAS) ang pagpapalitada ng puntod, ang pag-upo sa ibabaw nito at ang pagpapatayo sa ibabaw nito ng isang estruktura." Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Marthad Ibn al-Ghanawí (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Huwag kayong maupo sa mga puntod at huwag kayong magdasal sa harap ng mga ito.***" Iniulat ni Imám Muslim.

### Mga Aral

1. Ang pagbabawal na magpatayo ng estruktura sa ibabaw ng mga puntod o pataasin o palitadahan ang mga ito.
2. Ang pagbabawal na maupo sa ibabaw ng puntod.
3. Ang pagbabawal na magsgawa ng saláh sa tabi ng puntod.

## 88. Ang Kalamangan ng al-Masjid al-Harám at ng Masjid ng Sugo ni Alláh (SAS) sa Madínah

Nagsabi si Alláh hinggil sa al-Masjid al-Harám (22:25): **"Ang sinumang nagnanais dito ng isang paglihis bilang paglabag sa katarungan, palalasapin Namin siya ng isang masakit na pagdurusa."**

Ayon kay Abú Hurayrah, ang Propeta (SAS) ay nagsabi: "***Ang isang saláh sa Masjid ko na ito ay mainam kaysa sa isang libong saláh sa iba pa rito maliban na lamang sa al-Masjid al-Harám."*** Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon kay Abú Hurayrah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Hindi maglalakbay [para sa pagsamba] ang mga manlalakbay kung hindi patungo sa tatlong masjid: ang Masjid kong ito, ang al-Masjid al-Harám at ang al-Masjid al-Aqsá."*** Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Ang nasa pagitan ng aking bahay at pulpito ko ay isang hardin sa mga hardin ng Paraiso at ang pulpito ko ay nasa ibabaw ng Hawd ko.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang kalamangan ng saláh sa al-Masjid al-Harám at sa Masjid ng Propeta (SAS).
2. Ang pagbabawal na maglakbay sa layuning sumamba maliban na lamang sa tatlong Masjid na ito.
3. Ang kalamangan ng bahaging nasa pagitan ng silid ng Sugo (SAS) at kanyang pulpito.

## 89. Ilan sa mga Alituntunin Kaugnay sa Makkah

Ayon sa sinabi ni Ibn 'Abbás: "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS) noong araw ng pagsakop sa Makkah: ***Ang bayan [na ito] ay pinabanal ni Alláh: hindi puputulin ang mga matinik na palumpong***[32] ***nito, hindi tatabugin ang***

---

[32] Halamang higit na maliit kaysa sa kahoy, na tinatawag na *shrub* sa Ingles.

***mga ligaw ng hayop nito at hindi pupulutin ang nalaglag na bagay rito maliban sa magpapabatid nito [sa madla].*** " Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

**Ang ipinahihintulot na patayin ng isang Mu<u>h</u>rim dito:**

Ayon ayon kay 'Á'ishah (RA), ayon sa Propeta (SAS) na nagsabi: ***"May limang nakapipinsala na pinapatay sa labas ng Harám at sa loob ng Harám: ang ahas, ang uwak na batik-batik, ang daga, ang asong nangangagat at ang <u>h</u>ad'ah.***[33] ***"*** Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang kadakilaan ng Makkah.
2. Ang pagbabawal na putulin ang mga kahoy nito o hulihin ang mga ligaw na hayop dito.
3. Hindi ipinahihintulot na kunin ang luqtah dito maliban kung ninanais na ipabatid ito sa madla.
4. Ipinahihintulot patayin dito ang nakapipinsala na mga hayop na gaya ng uwak, daga, asong nangangagat at <u>h</u>ad'ah.

## 90. Ang Pagbabawal na Pilitin ang Babae na Mag-asawa ng Hindi Nito Naiibigan

Ayon kay Abú Hurayrah (RA): "Ang Sugo ni Alláh ay nagsabi: ***Huwag ipaasawa ang babaeng minsan nang nagkaasawa***[34] ***hanggang hindi sinasangguni ito at ang birhen kung hindi nagpapaalam dito.*** Nagsabi sila: ***O Sugo ni Alláh, at papaano po [malalaman] ang pahintulot nito?***

---

[33] Isang uri ng ibong naninila ng mga maliliit na hayop.

[34] Isang balo o isang diborsiyada.

Nagsabi siya: ***Na mananahimik ito.***” Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay Ibn ‘Abbás (RA): “Ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***Ang babaeng minsan nang nagkaasawa ay higit na may karapatan [sa pagpapasya para] sa sarili niya kaysa sa walíy niya. Ang birhen ay hihingan ng pahintulot [sa pagpapasya para] sa sarili niya at ang [tanda ng] pahintulot niya ay ang pananahimik niya.***” Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon kay Khansá’ Bint Khadám al-Ansáríyah, siya ay ipinakasal ng ama niya noong siya minsan nang nagkaasawa at hindi niya naibigan iyon. Kaya nagpunta siya sa Sugo ni Alláh (SAS) at pinawalang-bisa niya ang pagpapakasal sa kanya. Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

## Mga Aral

1. Ang tungkuling isaalang-alang ang pananaw ng babae kapag ipakakasal siya.
2. Na ang pagtahimik ay sapat na batayan sa pagpapahintulot ng isang birhen.
3. Na ang pagkalugod ng babae ay isang kondisyon upang maging may-bisa ang kasal.

## 91. Ang Atas na Magkaisa at ang Pagsaway sa Pagkakahati-hati

Sinabi ni Alláh (3:103): **“Kumapit kayong lahat sa lubid ni Alláh at huwag kayong magkahati-hati.”**

Ayon sa sinabi ni ‘Arfajah (RA): “Narinig ko ang Sugo ni Alláh (RA) na nagsasabi: ***Tunay may magaganap na***

***mga masamang pangyayari. Kaya ang sinumang magnais na lansagin ang pagkakaisa ng Sambayanang Muslim samantalng ito ay buo, tagain ninyo siya ng tabak maging sinuman siya.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Tunay na si Alláh ay may tatlong ikinalulugod sa inyo at may tatlong ikinaiinis sa inyo. Ikinalulugod Niya sa inyo na sambahin ninyo Siya at hindi kayo magtambal sa Kanya ng anuman, na kumapit kayong lahat sa Lubid ni Alláh, na tumalima kayo sa sinumang itinalaga ni Alláh sa pamamahala sa inyo. Ikinaiinis Niya sa inyo ang pagsasabi-sabi, ang madalas na pagtatanong-tanong at ang pagsasayang ng yaman.***" Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni al-'Irbád Ibn Sáriyah (RA): "Nangaral sa amin ang Sugo ni Alláh (SAS) ng isang makabagbag-damdaming pangaral, na dahil dito ay nakadama ng takot ang mga puso namin, at na dahil dito ay lumuha ang mga mata, kaya nagsabi kami: O Sugo ni Alláh, iyan ay parang pangaral ng pamamaalam kaya tagubilinan Mo po kami. Nagsabi siya: ***Itinatagubilin ko sa inyo ang pangingilag na magkasala kay Alláh, ang pagdinig at ang pagsunod kahit pa man pamunuan kayo ng isang alipin. Tunay na ang sinumang mabubuhay sa inyo [nang matagal] ay makakikita ng maraming salungatan kaya bumatay kayo sa sunnah ko at sa sunnah ng mga khalífah na matuwid na napatnubayan. Sakmalin ninyo ito ng mga bagang. Mag-ingat kayo sa mga gawa-gawang bagay dahil ang bawat bid'ah ay pagkaligaw.***" Iniulat nina Imám Abú Dáwúd at Imám at-Tirmidhí.

## Mga Aral

1. Ang atas na kumapit sa Lubid ni Alláh (sumunod sa Aklat ni Alláh).
2. Ang matindi at tiyakang pagsaway laban sa pagkakahati-hati at pagsasalungatan.
3. Ang atas na sumalig sa Sunnah ng Sugo ni Alláh (SAS) sa sandali ng pagkakaroon ng pagsasalungatan.

## 92. Ang Atas na Pangalagaan ang Katungkulan at Gampanan Ito

Sinabi ni Alláh (33:72): **"Tunay na Kami ay nag-alok ng ipinagkakatiwalang tungkulin sa mga langit, lupa at mga bundok, ngunit tumanggi ang mga ito na pasanin iyon at kinatakutan ng mga ito iyon, ngunit pinasan iyon ng tao; tunay na siya napakamapaglabag sa katarungan, napakamangmang."**

Sinabi pa Niya (4:58): **"Tunay na si Alláh ay nag-uutos sa inyo na gampanan ninyo ang mga ipinagkaka-tiwalang tungkulin sa mga kinauukulan ng mga ito."**

Sinabi pa Niya (28:26): **"tunay na ang mainam na upahan mo ay ang malakas na mapagkakatiwalaan."**

Sinabi pa Niya (70:32): **"sila na sa mga ipinagkaka-tiwalang tungkulin sa kanila at sa kasunduan sa kanila ay mga nangangalaga;"**

Ayon sa sinabi ni Abú Hurayrah (RA): "Habang ang Propeta (SAS) ay nagsasalita sa mga tao sa isang pagtitipon, may dumating na isang Arabeng taga-disyerto at nagsabi ito: Kailan ang Huling Panahon? Ngunit nagpatuloy ang Sugo ni Alláh pagsasalita. Noong natapos na ang pagsasalita niya ay nagsabi siya: ***Nasaan na ang nagtatanong tungkol sa***

***Huling Panahon.*** Nagsabi ito: Heto ako, o Sugo ni Alláh. Nagsabi siya: Kapag iwinalang-bahala na ang tungkuling ipinagkakatiwala ay hintayin mo na ang Huling Panahon. Nagsabi ito: Paapaanong iwawala ito? Nagsabi siya: ***Kapag iniaatang na ang tungkulin sa hindi karapatdapat para rito ay hintayin mo na ang Huling Panahon.*** " Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni Anas: "Bihira kaming kausapin ng Sugo ni Alláh na hindi nagsabi: ***Walang pananampalataya ang hindi mapagkakatiwalaan at walang relihiyon ang walang pagtupad sa kasunduan.*** " Iniulat ni Imám Ahmad.

## Mga Aral

1. Ang laki ng kahalagahan ng ipinagkatiwaalang tungkulin at ang atas na pangalagaan ito.
2. Na ang pangangalaga sa ipinagkatiwalang tungkulin ay kabilang sa mga katangian ng mga mananampalatayang mananagumpay.
3. Ang atas na gampanan ang ipinagkatiwalang tungkulin sa kinauukulan nito.
4. Walang pananampalataya ang hindi mapagkakatiwalaan.

## 93. Ang Kabutihan ng Pag-aanyaya Para kay Alláh

Sinabi ni Alláh (41:33): **"Sino pa ang higit na magaling sa pananalita kaysa sa kanya na nag-aanyaya para kay Alláh, gumagawa ng mabuti, at nagsasabi: Tunay na ako ay kabilang sa mga Muslim."**

Sinabi pa Niya (16:125): **"Mag-anyaya ka sa landas ng iyong Panginoon sa pamamagitan ng karunungan**

**at magaling na pangangaral, at makipagtalo kayo sa kanila sa paraang pinakamagaling."**

Sinabi pa Niya (12:108): **"Sabihin mo: Ito ang landas ko. Nag-aanyaya ako kay Alláh nang may kabatiran, ako at ang sinumang sumunod sa akin."**

Ayon kay Sahl Ibn Sa'd (RA) ang Propeta (SAS) ay nagsabi kay 'Alí Ibn Abí Tálib: noong araw ng [labanan sa] Khaybar: ***"Sumulong ka nang hinay-hinay hanggang sa dumating ka sa lupain nila. Pagkatapos ay anyayahan mo sila sa Islam at ipabatid mo sa kanila ang tungkulin nilang gampanan mula sa karapatan ni Alláh, sapagkat sumpa man kay Alláh, na patnubayan ni Alláh dahil sa iyo ang iisang tao ay higit na mainam para sa iyo kaysa sa [magmay-ari ng] ng mga mamahaling kamelyo."*** Iniulat nina Imám al-Bukhári at Imám Muslim.

Ayon kay Abú Hurayrah (RA) ang Sugo ni Alláh ay nagsabi: ***"Ang sinumang mag-anyaya sa patnubay, siya ay magkakamit ng gantimpalang tulad ng mga gantimpala ng sinumang sumunod sa kanya, na hindi nakababawas iyon ng anuman mula sa mga gantimpala nila. Ang sinumang mag-anyaya sa pagkaligaw, siya ay magpapasan ng kasalanang tulad ng mga kasalanan ng sinumang sumunod sa kanya, na hindi nakababawas iyon ng anuman mula sa mga kasalanan nila."*** Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang kabutihan ng pag-aanyaya tungo kay Alláh.
2. Ang malaking gantimpala para sa sinumang ginamit ni Alláh sa pagpatnubay ng isa sa mga tao.

3. Na ang sinumang mag-anyaa sa mga tao sa isa sa mga mabuting gawain ay magkakamit siya ng katulad ng mga gantimpala ng sinumang sumunod sa kanya sa gawaing iyon.

## 94. Ang Pagsaway sa Labis na Pagpapapuri

Ayon sa sinabi ni Abú Bakrah (RA): "Pinapurihan ng isang lalaki ang isa pang lalaki sa harap ng Propeta (SAS) kaya nagsabi siya nang makailang ulit: ***Kawawa ka naman, pinutol mo ang leeg ng kaibigan mo, pinutol mo ang leeg ng kaibigan mo. Kapag ang sinuman sa inyo ay hindi maiiwasang magpapapuri sa kaibigan niya ay magsabi siya: Ipinagpapalagay ko na si Polano — at si Alláh ang Nakasasapat para sa kanya at hindi ako nagpapatotoo ng kalinisang-budhi sa harap ni Alláh ng isa man — kung nalalaman niya iyon, ay ganoon at ganito.***" Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Abú Músá (RA): "May narinig ang Propeta (SAS) na lalaking nagpupuri sa isa pang lalaki at nagpakalabis ito sa pagpapapuri roon, kaya nagsabi siya: ***Talaga ngang pinatay ninyo ang — o pinutol ang likod ng — lalaki.*** " Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni al-Miqdád (RA): "Inatasan kami ng Sugo ni Alláh (SAS) na sabuyan namin ng alabok ang mga mukha ng mga labis magpapuri." Iniulat ni Imám Muslim.

Mga Aral

1. Ang pagsaway sa pagpapalabis sa pagpapapuri.
2. Tungkulin ng nagpupuri na limitihan ang pagpapapuri niya ayon sa nakikita niya; magsasabi siya: ipinagpapalagay

naming ganoon siya ngunit si Alláh ang nakasasapat para sa kanya.

3. Ang utos na sabuyan ng alabok ang mukha ng mga labis magpapuri.

## 95. Ang Pagbabawal sa Pag-awit[35]

Sinabi ni Alláh (31:6): **"May mga tao na bumibili ng walang kabuluhang usapan upang makapagligaw palayo sa Landas ni Alláh nang walang kaalaman at ginagawa ito na tampulan ng pangungutya. Ang mga iyon ay magkakamit ng nakahihiyang pagdurusa."**

Ayon kay Abú Málik al-Ash'arí na narinig niya ang Propeta na nagsasabi: ***"Talagang ngang magkakaroon mula sa Sambayan ko ng mga taong magpapahihintulot sa pangangalunya, sutla [para sa lalaki], alak, mga gamit sa tugtugin. Talaga ngang may manunuluyang mga tao sa tabi ng bundok, na pupuntahan sila sa gabi [ng pastol nila] dala ang mga tupa nila. Pupunta ito sa kanila dahil sa isang pangangailangan at magsasabi sila: Bumalik ka sa amin bukas. Ngunit lilipulin sila ni Alláh sa gabi at dadaganan Niya ng bundok. Babaguhin Niya ang mga iba upang mag-anyong mga unggoy at mga baboy hanggang sa araw ng pagkabuhay."*** Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

---

[35] Ang pag-awit na tinutukoy rito ay ang may kaalinsabay na mga instrumentong pangmusika na ipinagbabawal. Kabilan din dito ang mga awiting malalaswa kahit walang kaalinsaby na instrumentong pangmusika.

## Mga Aral

1. Ang pagbabawal sa pag-awit at na ito ay kabilang sa ipinagbabawal ni libangan.
2. Na kabilang sa mga nagtuturing na ipinahihintulot ito ay ang ilang kaanib ng Sambayanang Muslim.

## 96. Ang Kalamangan ng Sampung Araw ng Buwan ng Dhulhijjah at Ilang mga Alituntunin Dito

Ayon sa sinabi ni Ibn 'Abbás (RA): "Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Walang mga araw na ginawan ng gawang matuwid na higit na pinakaiibig ni Alláh kaysa sa mga araw na ito.*** Tinutukoy niya ang sampung araw [ng Dhul Hijjah]. Nagsabi sila: O Sugo ni Alláh, pati pa po ba ang Pakikibaka sa Landas ni Alláh? Nagsabi siya: ***Pati na ang Pakikibaka sa Landas ni Alláh, maliban pa sa isang taong nakipaglaban na isinusuong sa panganib ang sarili niya at yaman niya at wala nang naibalik na anuman mula roon.***" Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon kay Umm Salamah (RA), ang Propeta (SAS) ay nagsabi: ***"Kapag sumapit ang [unang] sampung araw [ng Dhul Hijjah] at magnanais ang sinuman sa inyo na mag-alay [ng hayop] ay huwag magbabawas ng anuman mula sa buhok niya at sa [nakakapit sa] balat niya."*** Sa isa pang sanaysay: ***"Pigilin niyang mabawasan ang buhok niya at ang mga kuko niya."*** Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang kalamangan ng sampung araw na ito.
2. Ang pagiging kaibig-ibig ng pagpaparami sa mga araw na ito ng mga matutuwid na gawain.
3. Na ang sinumang magnais na mag-alay ng hayop ay hindi magbabawas ng anuman sa buhok niya o sa mga kuko niya kapag pumasok ang kapag sumapit ang unang sampung araw ng dhulhijjah.

## 97. Ang Saláh sa ‘Íd 1

Ayon kay Ibn ‘Abbás: “Ang Propeta (SAS) ay nagdasal noong araw ng íd ng dalawang rak‘ah; hindi siya nagdasal bago isagawa ito ni matapos isagawa ito.” Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

Ayon kay ‘A’ishah (RA): “Ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagsasagawa sa [saláh sa ‘íd ng] al-Fitr at al-Ad'ha ng pitong takbír sa unang [rak‘ah] at lima sa ikalawang [rak‘ah].” Iniulat ni Imám Abú Dáwúd.

Ayon sa sinabi ni Abú Wáqid al-Laythí (SAS): “Ang Sugo ni Alláh ay bumibigkas sa [saláh sa ‘íd ng] al-Fitr at al-Ad'ha ng *qaf wal qur’ánil majíd* (Súrah Qáf) at *iqtarabatis sá‘atu wanshaqqal qamar* (Súrah al-Qamar).” Iniulat ni Imám Muslim.

### Ang Khutba sa Saláh sa Íd:

Ayon kay Ibn ‘Umar: “Ang Sugo ni Alláh (SAS) ay nagdadasal noon ng [salah sa id ng] al-Fitr at al-Adha at pagkatapos ay nagbibigay siya ng khutbah pagkatapos ng salah.” Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

## Mga Aral

1. Ang saláh sa íd ay ayon sa Batas ng Islam.
2. Na ito ay binubuo ng dalawang rak‘ah: may pitong takbír sa unang rak‘ah at lima sa ikalawa.
3. Ang paggiging kaibig-ibig na bigkasin ang Súrah Qáf sa unang rak‘ah at ang Súra al-Qamar sa ikalawang rak‘ah.
4. Na ang khutbah sa íd ay pagkatapos ng saláh.

## 98. Ang Saláh sa ‘Íd 2

Ayon sa sinabi ni Jábir (RA): “Ang Propeta (SAS) noon, kapag araw ng íd ay nag-iiba ng daan [pag-uwi matapos ang khutbah].” Iniulat ni Imám al-Bukhárí.

Ayon sa sinabi ni Umm ‘Atíyah (RA): “Inatasan kami ng Sugo ni Alláh na padaluhin namin sila [saláh sa ‘íd ng] al-Fitr at al-Ad'ha: ang mga babaeng nasa tamang gulang, mga nirereglang babae at mga birheng palaging nakabelo. Ang mga nirereglang babae ay hihiwalay sa saláh ngunit dadaluhan nila ang mabuting gawa at ang panalangin ng mga Muslim.” Nagsabi siya: “O Sugo ni Alláh, ang isa sa amin ay walang jilbáb?” Nagsabi siya: “Pasuutin siya ng alinman sa kapatid niya mula sa jilbáb nito.” Iniulat nina Imám al-Bukhárí at Imám Muslim.

## 99. Ang mga Alay na Hayop

Sinabi ni Alláh (22:37): **“Hindi nakararating kay Alláh ang mga laman nito ni ang mga dugo nito, ngunit nakararating sa Kanya ang pangngilag sa pagkakasala mula sa inyo.”**

Ayon sa sinabi ni Anas (RA): “Nag-alay ang Sugo ni Alláh (SAS) ng dalawang lalaking tupang kulay puti na may batik na itim na may sungay. Kinatay niya ang mga ito ng mga kamay niya, samantalang nagsasabi ng *Alláhu Akbar* at nakalagay ang kanyang paa sa ng tagiliran ng mga ito.” Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni al-Bará’: “Nag-alay ang amain ko sa ina na si Abú Burdah bago [isinagawa] ang saláh [ng íd] kaya nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Iyan ay kambing [na kinatay para sa] laman.*** Kaya nagsabi ito: O Sugo ni Alláh, tunay na ako ay may anim na buwang batang kambing. Nagsabi siya: ***Ipang-alay mo ito ngunit hindi ito naaangkop sa iba pa sa iyo.*** Pagkatapos ay nagsabi siya: ***Ang sinumang mag-alay bago [isinagawa] ang saláh [ng íd] ay nagkakatay lamang para kanyang sarili, at ang sinumang magkatay pagkatapos na saláh ay talaga ngang nalubos niya ang pag-aalay niya at nagampanan niya ang Sunnah ng mga Muslim.***” Iniulat ni Imám Muslim.

Ayon sa sinabi ni Jábir (RA): “Nagsabi ang Sugo ni Alláh (SAS): ***Huwag ninyong katayin [para sa pag-aalay] kung hindi sapat ang gulang [ng hayop], maliban na lamang kung mahirap para sa inyo dahil kung gayon ay magkakatay kayo ng isang lalaking tupa (na kulang sa isang taong gulang ngunit higit sa anim na buwan).***” Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang pag-aalay ay ayon sa Batas ng Islam.
2. Ang pagiging kaibig-ibig na ang nag-aalay ay mismong magkakatay ng kanyang alay.

3. Na ang alay ay hindi kakatayin kung hindi pagkatapos ng saláh ng íd.

## 100. Ang Kadakilaan ni Alláh at ang Lawak ng Kaharian Niya

Ayon kay Abú Dharr, ayon sa isinalaysay ng Propeta (SAS) hinggil kay Alláh, Siya ay nagsabi: **"O mga lingkod Ko, tunay na Ako ay nagbawal sa sarili Ko ng paglabag sa katarungan at ginawa Ko itong ipinagbabawal sa pagitan ninyo, kaya naman huwag kayong maglabagan sa katarungan. O mga lingkod Ko, lahat kayo ay naliligaw maliban sa pinatnubayan Ko; kaya magpapatnubay kayo sa Akin, papatnubayan Ko kayo. O mga lingkod Ko, lahat kayo ay nagugutom maliban sa pinakain Ko; kaya humingi kayo ng makakain sa Akin, pakakainin Ko kayo. O mga lingkod Ko, lahat kayo ay hubad maliban sa pinadamitan Ko; kaya magpadamit kayo sa Akin, dadamitan Ko kayo. O mga lingkod Ko, tunay na kayo ay nagkakamali sa gabi at maghapon at Ako ay nagpapatawad sa lahat ng pagkakasala; kaya humingi kayo ng tawad sa Akin, magpapatawad Ako sa inyo. O mga lingkod Ko, tunay na kayo ay hindi makapaghahatid ng pinsala sa Akin para mapinsala ninyo Ako at hindi makapaghahatid ng pakinabang sa Akin para pakinabangin ninyo Ako. O mga lingkod Ko, kung sakaling ang una sa inyo at ang huli sa inyo, at ang tao sa inyo at ang jinn sa inyo ay naging alinsunod sa pinakanangingilag magkasala na puso**

**ng iisang lalaki mula sa inyo, walang maidadagdag iyon na anuman sa paghahari Ko. O mga lingkod Ko, kung sakaling ang una sa inyo at ang huli sa inyo, at ang tao sa inyo at ang jinn sa inyo ay naging alinsunod sa napakabuktot na puso ng iisang lalaki mula sa inyo, walang maibabawas iyon na anuman sa paghahari Ko. O mga lingkod Ko, kung sakaling ang una sa inyo at ang huli sa inyo, at ang tao sa inyo at ang jinn sa inyo ay tumayo man sa iisang kapatagan at hihihingi sa Akin at binigyan Ko ang bawat isa ng hiningi niya, walang maibabawas iyon mula sa taglay Ko kundi gaya ng naibabawas ng karayom kapag ipinasok ito sa dagat. O mga lingkod Ko, itong mga ginawa ninyo lamang ay binibilang Ko para sa inyo. Pagkatapos ay tutumbasan Ko kayo sa mga iyon. Kaya ang sinumang nakatagpo ng isang mabuti ay magpuri siya kay Alláh, at ang sinumang nakatagpo ng iba roon ay huwag nga siyang maninisi kundi sa sarili niya.”** Iniulat ni Imám Muslim.

## Mga Aral

1. Ang kadakilaan ni Alláh at ang lawak ng kaharian Niya.
2. Ang laki ng kakayahan at kapangyarihan ni Alláh at ang pagkaganap ng kawalan Niya ng pangangailangan sa mga nilikha Niya.
3. Ang matinding pangangailangan ng nilikha sa patnubay Niya, panustos Niya at kapatawaran Niya.